


BATAYANG GANAP

 Natutuwa akong makadako rito sa umagang ito, at marinig ang tagubilin na ito, habang papadako ako rito sa entablado. Paumanhin po at naatrasado ako. Pero 'yung mga maysakit sa likod dun sa labas, nasa mga kotse, ambulansya, mistula nga, at—at kinailangan kong salubungin 'yung mga hindi makapasok, kita n'yo, bago ako makapasok.

² Ngayon, iniisip ko kung 'yung kapatid na babaing may—may munting bata, kung makakabalik kaya siya mamayang hapon. Gusto kong mangaral mamayang gabi, rin, kung loobin ng Panginoon. Kung hindi siya makakabalik para sa paghahandog mamaya, sige't habang nakatayo ako't may oras ako sa pagkakataong ito, buweno, sabihan po siya, na puwede na niyang dalhin 'yung bata ngayon. Pero kung makakabalik siya, mamaya, mamayang gabi, mas mainam 'yun para sa atin. Pero hayaan natin kung ano man ang magagawa niya, anumang paraan. Siyanga't, kung di siya makakabalik, dadalhin na natin ang munting bata ngayon para sa paghahandog. At ngayon, ang lahat ng ito. . . Habang nagsasalita ako, kung nais na niyang pumunta ngayon, sige't ito na ang oras.

³ Ngayon, mamayang gabi, may nakahanda po na napaka espesyal, nais kong—nais kong mangusap sa paksa ngayong gabi, isang propetikong mensahe ng: *Ginoo, Ito Na Po Ba Ang Oras?* Kaya naman kung loloobin ng Panginoon, gusto kong mangusap sa paksang 'yan mamayang gabi. *Ito Na Po Ba Ang Oras, Ginoo?* O, *Ginoo, Ito Na Po Ba Ang Oras?* pala. At pagkatapos gusto kong kunin ang pagkakataong ito, sa harapan ng iglesya. Na, maraming mga bagay ang nangyari nitong nakaraang ilang araw, na tumuturo sa isang—isang dakilang bagay na hindi ko nauunawaan. Pero tayo po, tayo'y laging. . . Ang mga paraan ng Diyos ay lampas sa pang-unawa ng tao, kaya naman kailangan lamang nating lumakad sa pamamagitan ng pananampalataya. Kung kayang ipaliwanag ninuman ang Diyos, kung ganoon ay hindi na sana kailangan na magkaroon pa ng pananampalataya, dahil alam n'yo—alam n'yo na pala. Pero tayo lamang ay lumalakad sa pamamagitan ng pananampalataya.

⁴ At ngayong umaga, naisip kong subukan na magkaroon ng isang regular na pagi-ebanghelyong gawain, dahil, medyo nagbago ang isip ko pagkatapos kong makarating dito at nakitang napakaraming nakatayo, at naghihintay nang napakatagal. At pagkatapos, mamayang gabi, marahil mas kaunti na rito, at mangyari nga na maaari ko nang ituloy itong gusto kong ipangusap.

⁵ Isang bagay ang gusto kong ipabatid, habang marami sa

kanila ang magkakasama, marami sa inyo ay magkakasama. Isang bagay ito na iniwasan kong ipabatid sa nakalipas na ilang linggo. Ito po'y, tinugon na ang mga panalangin n'yo tungkol sa kaso ng buwis na nagkaroon ako sa gobyerno. Naayos na po ito. At kaya naman kami'y . . . Ito'y—ito'y tapos na ngayon. Gaya nga ng nauunawaan na ng marami sa inyo ukol sa kung ano 'yung mayroon sila laban sa akin ukol sa mga tseke na ginawa para sa kampanya, at sa kabila nun ay ipinipilit nilang sabihin na akin daw ang mga 'yun na naroon. At gustong singilin ako ng tatlong-daang limampu't humigit-kumulang na libong dolyar dahil personal ko raw 'yun na pag-aari, at hindi naman. Sa kampanya 'yun. At alam ng iglesya ang tungkol doon. Alam n'yong lahat ang tungkol dito. At sa wakas ay humantong sila sa lugar na . . .

⁶ Bibigyan ko lang kayo ng maikling buod ng nangyari. Sila'y halos tatlo hanggang limang taon na, mga, halos limang taon na, sa palagay ko, dun sa kaso, at pabalik-balik, at pati pagkatao at lahat na. Pero labis ko ngang ipinagpapasalamat na wala silang makitang anuman laban sa akin, kaya hindi nila ako maakusahan ukol sa bagay na ito. Kaya walang anuman na maiaakusa, haya't, sinasabi lang nila, 'yung akin lang daw—akin lang daw kamangmangan, sa sarili ko, sa palagay ko, na wala raw akong gaanong alam sa batas. Dinadala nila sa akin ang mga tseke at pinipirmahan ko ang mga 'yun, inilalagay ko ang pangalan ko sa mga mga 'yun, inilalagay ang mga 'yun para sa kampanya. Pero ang ipinupunto nga nila, hangga't inilalagay ko raw ang pangalan ko sa mga 'yun, akin daw ang mga 'yun, kita n'yo. Kahit na . . . Sabi, “Napaka magandang-loob na gawin mo, ang tulad nun. Pero sa'yo ang mga 'yun, at saka mo ibinigay ang mga 'yun sa simbahan. Anupa't sa sandaling ilagay mo ang pangalan mo rito, sa iyo nga ito, kahit para saan pang layunin ang mga 'yun. Ipinangalan kasi ang mga 'yun sa iyo.” Kaya . . . kung nailagay ang mga 'yun na . . . ang inilagay nila roon, “personal na regalo,” ayos lang daw 'yun sana. Pero ang isinulat nila, “William Branham.” Kita n'yo? At kapag pinirmahan ko raw 'yun, 'yun na. Yun nang lahat. Kaya sila'y . . . At pagkatapos dahil sa panalangin . . .

⁷ At pagkatapos di pa katagalan, alam n'yo, kanilang . . . Nagkaroon ako nung pangitain na isang malaki't, maitim, na mausok, na mauling, na makaliskis, na parang isang buwaya, na lalaki ang sumusugod, papalapit sa akin, na may mga daliring bakal. May hawak akong isang maliit na kutsilyo, na parang *ganoon*. At ang nakalagay sa lalaking 'yun, “Gobyerno ng Estados Unidos.” At wala akong magawang anuman. Wala akong magawa. At pagkatapos ay dumating ang Panginoon sa eksena, at nagapi ito. At maaalala n'yo na nabanggit ko ang bagay na 'yun sa inyo, matagal na.

⁸ At nag-alok sila ng kompromiso, noong isang araw. At ang abogado ko, si G. Orbison sa New Albany, at Ice & Miller sa

Indianapolis, sa naturang kaso ng buwis, sila'y tumawag sa akin, at sinabi sa akin, "Pumunta ka rito." At nagpunta ako, ako at si Kapatid na Roberson, at ang maybahay ko, at ang mga katiwala ng iglesya rito, at lahat kami. Nagpunta kami. At sinabi nila sa amin na sila raw, ang gobyerno, ay nakahandang makipagkompromiso.

⁹ At ang sabi ko, "Ako, kung may pagkakautang ako na anuman sa kaninuman, haya't babayaran ko sila. Pero ginagawa ko ang lahat ng makakaya ko. Pero," sabi ko, "Wala akong ganoong utang." At kaya naman ang sabi ko, "Ako—ako. . . Ito po, sa totoo lang. Diyos ang nakababatid. At bakit di nila ako kasuhan, kung ganoon, kung may sala talaga ako?" Sabi ko, "Nagkaroon na sila ng limang taon para tangkaing gawin 'yun, pero wala silang makitang kahit ano para magamit." Kaya ang sabi ko, "Hindi, tumatanggi ako. Hindi ko po ito babayaran hanggang sa mapatunayan na pagkakautang ko ito."

¹⁰ At pagkatapos ay pinapunta ako nung abogado sa isang tabi at kinausap ako, at sabi, "Ngayon, maaari nating litisin ang kaso. Gobyerno ang lilitis nito." At sabi, "Kapag ginawa nila, ang tanging bagay na makikita nilang laban sa iyo, ay ikaw nga'y. . ." Yung akin daw, 'yung, proseso na ginawa ko ukol dun. Na hindi ko lang. . .

¹¹ Wala akong kaalam-alam tungkol sa paglilibro ng mga transaksyon, kaya ginagawa ko lamang ito sa paraan na alam kong matapat. At hindi ito—hindi ito kailanman ibinangko sa pangalan ko. Nakabangko na ito noon pa man sa pangalan ng kampanya ng iglesya at iba pa, kita n'yo, kaya naman wala akong kinalaman tungkol dito. At ako. . .

¹² Sabi niya, "Buweno, handa silang makipagkompromiso, para sa labinlimang libong dolyar, na may sampung libong dolyar na multa." At ang bayad nung abogado ay labinlimang libo. Kaya aabot 'yun ng apatnapung libo. At gusto pa nila ng lima pa, sa palagay ko umabot na sa ganoon ngayon. Kaya nagpunta ako. . .

¹³ Sabi ko, "Saang lupalop ako kukuha ng apatnapung libong dolyar?" Sabi ko, "Alam n'yo, 'yung deposito ko sa bangko rito, nasa sandaang dolyar lang ito, o baka mas kaunti pa." Sabi ko, "Saan ako kukuha ng higit apatnapung libong dolyar?" At sinabi ko, "Wala akong kahit na ano bilang kolateral. Talagang wala nga ako nito. Siyanga."

¹⁴ At sinabi niya, "G. Branham," sabi niya, "ganito na lang. Kung lilitisin natin ang kaso," sabi niya, "walang duda na kaya nating ipanalo ang kaso." Sabi niya, "Pero ganito. Kaya nating ipanalo, dahil ganito ang gagawin ko. Ipapahayag nilang sa'yo ang lahat ng 'yun dahil pinirmahan mo ito sa pangalan mo. At sasabihin nilang sa iyo ito, kahit na ibinangko ito sa pangalan ng

kampanya, ng simbahan, Branham campaign, at saka sa isang simbahan.”

¹⁵ At maski isang pagkakataon, ay di sila makakakita maski isang sentimo na ginastos ko sa sarili ko. Yan ang katotohanan. Batid ng Diyos. May kalalaking nakaupo rito ngayon mismo, kasa-kasama ko mula noon. Walang maski isang sentimo ang ginastos ko para sa sarili ko. Ang lahat ng ito’y para sa Kaharian ng Diyos, sa lahat ng dako, bawat tseke, lahat na ng iba pa.

¹⁶ Pero, nakita n’yo dun, pero walang kinalaman daw ’yun. Yun—’yun nga’y ipinapalagay na sa akin daw, unang-una, at pagkatapos sa simbahan, sa kampanya. At may paraan sila para palabasing ganoon, alam n’yo na, lahat mismo ng uri ng pagpapasikot-sikot na magagawa nila. Kaya pagkatapos ang sabi ko, “Buweno, hindi ko—hindi ko gagawin.”

¹⁷ At sabi niya, “Buweno, kung ipapanalo natin ang kaso nang ganoon, dahil, idedeklara ko—idedeklara ko ang mga ’yun na ‘mga personal na regalo.’ Kita n’yo? Idedeklara ko ’yun, sa gobyerno, na ‘mga personal na regalo.’” Tapos sabi, “Mangyari nga, kapag ginawa ko ’yun, ang lahat ng higit sa sampung libong dolyar ay magiging pamana na. At pagkatapos babalik ka na naman dito, at hahawakan ka nila nang panibagong limang taon, susuriin ang lahat ng ’yun.” Kita n’yo? Kapag sumulat ka ng isang tseke, pupunta ’yun sa isang sangay ng bangko na naniniyak na may sapat na pondo ang tseke. May photostat sila, kukuha ng kopya nung tsekeng ’yun. Mangyari nga, nasa akin ang lahat ng mga tseke, rin, na pumasok ’yun. Kaya sabi nila, “Doon ka nila pupunteryahin, babalikan muli.”

¹⁸ At sinabi niya, “Isa pang bagay, G. Branham, kung ikaw, ay tinawag sa gobyerno, nang ganoon, sa ilalim ng imbestigasyon, kahit ano pang gawin mo, sa mata ng publiko, ‘Isa kang mangungulimbat.’ Kita n’yo? Pero ganoon kasi.”

¹⁹ Tingnan n’yo itong munting ministrong Baptist dito sa Mississippi, ’yung munting lalaki. Sinabi ng isang babae na pumasok daw siya’t ininsulto siya. At nagdala ang lalaking ’yun ng ebidensya mula sa buong bansa at mula sa lahat ng dako, na wala nga siya sa paligid nung lungsod, sa loob ng ilang araw bago ’yung araw, noong mismong araw, o ’yung araw pagkatapos, na anupa’t gusto nung hukom na balingan siya’t ipademanda ’yung babae dahil sa iskandalong ’yun. Sabi niya, “Hayaan n’yo na po ang babae.”

²⁰ At noong inilagay ’yun sa *Monitor* bilang surbey, sa buong bansa, alam n’yo ba ang nangyari? Sabi ng pitumpu’t limang porsiyento ng mga mamamayang Amerikano, “Kung saan may usok, may apoy.” At ’yung kaawa-awang munting lalaki, na kasing inosente ko, o ng sinupamang iba, ay magpapakasakit sa ilalim nun sa nalalabi niyang mga araw, gayong wala naman siyang anumang kinalaman doon.

21 Labis akong nalungkot, nang mahaba-haba rin, na isiping ibinuhos ko ang buhay ko sa Kaharian ng Diyos, para sikaping gawin, siguraduhin na nagbabayad kayo ng inyong mga buwis at gawin nang tapat ang mga bagay-bagay, at gawin ang tama, at gawing matuwid ang mga nangungulimbat; at kinakailangang magpakasakit na para bang isa akong mangungulimbat, sa sarili ko mismo. Sa isip-isip ko, “Ano bang nagawa ko?”

22 At pagkatapos ay dumating ito sa akin, at tumingin ako sa Biblia. Bawat tao sa Biblia, walang hindi kasali, na nagkaroon ng espirituwal na katungkulan, kung hindi sila madale ni Satanas sa moralidad o ano pa man, gobyerno ang dadale sa kanila. Balikan n’yo saan man n’yo ibig, hanggang sa buong tugaygay mismo: si Moises, si Daniel, mga binatilyong Hebreo, si Juan Bautista. Namatay si Jesus Cristo sa pamamagitan nung gobernador, parusang kamatayan. Sina Pablo, Pedro, Santiago na Matanda, Santiago na Bata, bawat isa sa kanila’y namatay sa ilalim ng gobyerno.

23 Dahil, ito nga, bawat gobyerno, ay luklukan—luklukan ni Satanas. Sinabi nga ni Jesus. Sinasabi ito ng Biblia. Kita n’yo? Bawat gobyerno’y kontrolado ng diyablo. Darating ang isang gobyerno na pamamahalaan ni Cristo, pero ’yun ay sa Milenyum. Pero dito, ang mga gobyernong ito ngayon, kahit na gaano pa mang kahusay ang tingin natin sa kanila, ganoon pa man, ang likod nila, sila’y—sila’y dominado ni Satanas. “Ang mga kahariang ito,” sabi niya, “ay akin. Ginagawa ko sa kanila anuman ang ibigin ko. Ibibigay ko sila sa Iyo, kung sasambahin Mo ako.”

24 Ang sabi ni Jesus, “Lumayas ka, Satanas. ‘Sambahin mo ang Panginoon, at Siya lamang ang iyong paglingkuran.’”

25 At pagkatapos ay pinanghinaan ako ng loob. Pinakikinggan ako ng asawa ko. Nagpatuloy ako, sabi ko, “Hindi, maaari. Ako, kung may utang ako rito, babayaran ko ito. Pero hindi ko ito utang, at kaya hindi ko ito babayaran. Ganoon lang.” Sabi ko, “Papaano ko rin ito mababayaran, hayan nga?”

26 Kaya, umuwi na ako. Sabi ko, “Meda, hilamusang mo ang mga bata. Ihandang mo na ang mga damit nila. Aalis ako.” Sabi ko, “Ni hindi nila. . . Ang lahat nga’y, talagang gulong-gulo.”

27 Sabi ko, “Ano bang nagawa ko? Sabihin n’yo sa akin.” Sabi ko, “Gayunman, ako, apatnapung libong dolyar? Whew! Hindi n’yo alam kung gaano kalaking halaga nun sa akin.”

At pumasok siya, tulad ng gagawin ng isang mabuting munting asawa, sabi . . .

Sabi ko, “Aalis ako.”

28 Sabi niya, “Sa tingin mo ba may mabuting maidudulot ’yan? Naipanalangin mo na ba?”

29 Naisip ko, “Buweno, mas mabuti pa ngang marahil na manalangin ako muli.” Bumalik ako sa loob. Para bang itinuro Niya ako, sa isang Kasulatan.

30 Sa tuwina, nais nating tingnan ang Kasulatan, kung anong ginawa ng Diyos tungkol dito, kita n’yo.

31 At may isang araw nga, tinanong kay Jesus, alam n’yo, tinatangka na—tinatangka na maakusahan Siya ng gobyerno. Sabi nila, “Tama ba para sa atin na mga malayang Judio na magbigay ng tributo o buwis kay Caesar?”

Sabi Niya, “Mayroon ka bang isang denario?” Sabi, “Kanino bang tatak ang nakalagay rito?”

Sabi, “Kay Caesar.”

32 Sabi, “Kung ganoon ay ibigay n’yo kay Caesar ang mga bagay na kay Caesar. At sa Diyos, ang mga bagay na sa Diyos.”

33 Naisip ko ’yun. Binuklat ko ang Biblia at binasa ’yun. Sa isip-isip ko, “Tunay, Panginoon, tama ’yun. Pero *ito* nga’y hindi kay Caesar. Sa Iyo po ito. Hindi ito kay Caesar. Kung sa akin ito, pinagbayad na sana ako ng maraming buwis o kung ano, buweno, iba ’yun, dahil kay Caesar ’yun. Pero, *ito*, sa Iyo po ito. Kita n’yo? At di ito—di ito pag-aari ni Caesar, unang-una sa lahat.”

34 Alam n’yo, sa tuwina’y may sagot Siya sa Salita. Nagbasa lang ako nang kaunti pa, at sinabi Niya, “Mangyari nga, Simon, hindi ba’t mayroon kang kawil sa iyong bulsa?” Kita n’yo? “Palagi kang may dalang maliit na kawil at isang pisi. At kakadeposito Ko lang kaninang umaga, sa isang bangko-ng-isda doon sa may—sa may ilog, alam mo.” Ang sabi Niya. . . “Nagdeposito Ako, at siguradong ibibigay ng tagapamahala ng bangko kung anong mayroon siya. Basta pumunta ka lang doon at ihagis mo ang kawil sa ilog. At pag-ahon mo sa pampang, buksan mo ang bibig niya, makikita mo, at siya’y—siya’y magbibigay sa iyo ng barya. Huwag natin silang galitin. Huwag tayong magdala ng katitisan sa kanila. Kita mo? Pumunta ka’t bayaran mo ito, Simon. Para ’yan sa Akin at sa iyo.”

35 Sa isip-isip ko, “Totoo po, Diyos. Mayroon Kang mga bangko-ng-isda at lahat na ng iba pa, sa buong bansa. Hindi ko alam kung papaano ito magagawa.”

36 Pero nagpunta kami. Mayroon akong mga kapatirang lalaki dito mismo sa simbahan na tumayo sa sulat ko, at nagbigay ako ng sulat, at kinuha ang apatnapung libong dolyar, at binayaran ito.

37 Umuwi ako. Gusto kong malaman kung paano ko naisulat ang tsekeng ’yun, kung babalikan pa nila ako uli. Sabi ko, “Ito’y para sabihin na malaya na ako sa lahat ng mga buwis. Buweno, dapat lang na iendorso nila ang isang ’yun, tiyak

na magkakaproblema sila pagkatapos nun.” Paulit-ulit akong tumawag, sa bangko, para tingnan kung ieendorso nila ’yun.

At, sa wakas, sinabi sa akin ni Bob, sabi, “Billy, inendorso na nila.”

³⁸ Pumasok ako’t niyakap ko ang asawa ko, sabi ko, “Honey, malaya na ako.” Napakagandang pakiramdam, na maging malaya!

³⁹ At kaya naman maaari ko na itong bayaran ngayon, ginawa nila ito na talagang madali para sa akin. Maaari ko itong bayaran nang apat na libong dolyar sa isang taon. Ngayon, hindi na ako maaaring magsayang ng oras, mga kasama. Kinakailangan kong humayo at magtrabaho. Kaya ako—ako... Gugugol ako ng sampung taon para mabayaran ito. At kung—kung hindi pa dumating si Jesus. At kapag ganoon na, sa pagdating Niya, ang lahat ng mga utang ay nabayaran na ’yan ano’t anuman. Kita n’yo? Kaya, pagkatapos, kaya umaasa ako—umaasa ako na kayong lahat... Ang mga panalangin n’yo... At, mamayang gabi, ipagpapatuloy ko ito sa isang bagay na kaunting karagdagan lang dun. Pero ang mga panalangin n’yo ang nakatulong sa akin. Salamat, nang marami. Pagpalain kayo ng Diyos. Kahit saan man kami naroon, hindi ko kailanman ’yun malilimutan.

⁴⁰ Mamayang gabi, kung loobin ng Panginoon, nais kong ipangusap ang ilan sa mga katotohanang alam ko. At siguraduhin n’yong makakadalo kayo. Ngayon, tandaan: *Mga Ginoo, Anong Oras Na?*

⁴¹ Ngayon, tayo’y...sa palagay ko, puno ’yung iskedyul nila para sa buong...sanlinggong ito. At Lunes ng gabi’y...Ang mga gawain, mamayang gabi, ngayong araw at mamayang gabi, at Lunes. Yung Lunes ng gabi’y ’yung pagbabantay na gawain. At—at pagkatapos may panahon kayo sa Martes, Araw ng Bagong Taon; kung nasa labas kayo ng bayan, makakauwi kayo.

⁴² At magkakaroon tayo ng ilang mainam na ministro rito ngayon para sa pagtitipon na ’yan. Tayo, isang—isang malaking grupo ng mahuhusay na mga tagapagsalita, at ang lahat ay bibigyan ng oras para makapagsalita, hanggang hatinggabi. At kung minsan may komunyong, kung naka-iskedyul ’yan. Hindi ko alam kung nagtakda sila sa pagkakataong ito, o hindi. Sa panahon na ang mga tao’y nagkakasiyahan, at nagsisigawan, at nagpapatulok, at naglalasingan, at kung anu-anong pinaggagagawa, tayo naman ay nagkokomunyong. Amen. Simulan ang Bagong Taon nang tama, sa komunyong. Ngayon, lahat kayo’y iniimbitahan. At umaasa akong, kayo, ang Diyos ng kalangitan ay bibigyan kayo ng pagkakataon na makapanatili kung magagawa n’yo.

⁴³ Ngayon, bago tayo dumako sa Salita, gusto kong sabihin na rin ito, siyanga, na tunay na pinasasalamatang ko ang iglesyang

ito, ang mga miyembro nito, para sa magagandang terno ng damit na binili n'yo para sa akin. Salamat po, nang marami. Napakalaking bagay nun sa akin. Ang lahat ng mga kard n'yo at mga bigay sa—sa—sa Kapaskuhan, at mga regalo na ipinadala n'yo sa pamilya ko, at, oh, ako, hindi ko mabilang ang mga 'yun. Haya't ang mumunting dako na di makaantig sa bahagi ng puso ko, wala ngang makabubunsod nun nang gaya nun, yamang nalalaman ko na nanggaling 'yun sa inyo. At mangyari rin na ang ilan sa kanila'y ipinadala ang kanilang regalong Pamasko bilang salapi.

⁴⁴ At nagpadala ang ilan sa kanila ng ganoon. Pinadalhan ako ng isang kapatid ng isang pitaka, at pinalagyan niya 'yun ng pangalan ko. Maliit na pin po 'yun na kung titingnan mo, haya't mayroong Panalangin ng Panginoon doon. At, oh, mga ganoong bagay, sadya nga, na talagang pinapahalagahan namin. Ang maybahay ko't ako, at ang mga bata'y gusto nilang sabihin sa inyo, "Salamat, nang marami." Napakaliit nito. Pero sasabihin ko ito, ito ang pinakadakilang salita na sa tingin ko'y masasabi ninuman, "Pagpalain kayo ng Diyos." Wala nang mas hihigit pa.

⁴⁵ Ngayon, sa mga kapatid na ito dito sa simbahan, na binilhan ako nung mahabang baril, maisusuot ko—ko 'yung terno, pero 'yung mahabang baril po'y hindi ko—hindi ko maaaring dalhin sa simbahan. Pero 'yun po. . . Mistula nga na baka may masabi sila sa akin, hindi ba? Kaya ako—ako—ako po'y tunay na abot-abot ang pasasalamat sa inyo, mga kapatid. At babasahin ko sana ang mga pangalan nila sa isang munting. . . Pero lumapit ang isa sa mga kapatid kahapon, ang sabi, "Oh, huwag—huwag—huwag mo na akong pasalamat, Kapatid na Branham. Aalisin lamang nun ang lahat ng kagalakan ukol dito." Kita n'yo? Kaya naisip kong baka ganoon din ang tingin ng iba pa sa kanila. Pero nasa akin po ang pangalan n'yo. Pinamakiniya nila ito. Palagi ko itong maaalala. At lubos-lubos nga kayong pagpalain ng Panginoon.

⁴⁶ At alam n'yo 'yung pahinga ko, at 'yun nga'y pumasok sa pribadong silid na 'yun at maupo roon, at babalikan ang mga alaala. Kapag masyado akong nag-aalala, hindi ko kayang magpatuloy, tapos iniisip ko ang tungkol sa ilang mga lakad ko sa pangangaso na isinagawa ko sa kung saang lugar, o sa pamimingwit ng isda sa kung saan. Pinahahalagahan ko 'yun. Pagpalain kayo ng Diyos.

⁴⁷ Ngayon, maaari ba nating iyuko ang ating mga ulo pansumandali, habang dadako na tayo sa Salita. Tiyak kong may mga kahilingan dito ngayong umaga, napakarami para isa-isahin ngayon mismo. Kaya naman iniisip ko, habang nakayuko ang mga ulo natin, ang espesyal na kahilingan n'yo, kung pananatilihin n'yo lang ito sa inyong puso, at itaas lamang ang inyong mga kamay, at sasabihin, "Diyos, batid Mo po kung anong nasa isip ko ngayon."

48 Panginoong Jesus, nakikita Mo po ang bawat kamay. At talastas Mo kung ano ang nasa likod nun. Doon sa ilalim ng kamay na 'yun ay mayroon ngang kahilingan. At lumalapit po kami ngayon, nang may paggalang, sa Luklukan ng buhay na Diyos, ang malaking puting perlas na 'yun na sumasakop sa espasyo ng panahon, kung saan Naroroon ang Diyos na Jehovah, at nakalapag sa dambana ang Dugo ni Cristo. At nagsasalita kami sa Dugong 'yun, sa pamamagitan Niya na nagsabi, "Hilingin ninyo sa Ama ang anumang sa Aking Pangalan, ipagkakaloob ito." Maaari Mo po bang dinggin, Diyos, ngayong umaga, at tugunin ang kanilang mga hiling? Inilalapag ko po ang aking panalangin kasama nung sa kanila, ngayon, na Iyo pong ipagkakaloob ito.

49 Narito ang mga panyo na nakalapag dito, Panginoon, para sa mga may sakit at nagdadalamhati. At itinuro sa amin sa Biblia, na, "Kinuha nila mula kay San Pablo ang mga panyo at tapis, at inilagay ang mga 'yun sa mga maysakit, at lumabas ang masasamang espiritu mula sa kanila, at lumisan sa kanila ang mga sakit." At, Ama, gaya ng matagal na naming nalalaman, at tunay na alam naming hindi kami si San Pablo. Anupa't, sa kabila nun, nararamdaman naming hindi si San Pablo 'yun. Si Cristo 'yun na nasa kanya. At Ikaw ay "siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman," ayon sa Kasulatan. Ngayon, ang mga taong ito, Panginoon, ay naniniwalang kung hihilingin namin sa Diyos, at dadalhin ang mga panyong ito at ipapatong ang mga ito sa kanilang mga maysakit, mangyari nga na sila'y gagaling. Dalangin ko pong magkagayon, Panginoon, kapag ipinatong na nila ang mga panyong ito sa mga maysakit.

50 At katulad nga ng sabi, minsan, sa pagtupad ng Israel sa tungkulin, na papunta noon sa lupang pangako, at hinarangan sila ng Dagat na Pula, sa mismong landas ng tungkulin. Subalit dumungaw ang Diyos sa Haliging Apoy na 'yun, na may mabalasik na mga mata, at natakot ang dagat na 'yun. At iniurong nito ang kanyang mga alon, ang mga tubig nito. At tumawid ang Israel sa tuyong lupa, papunta sa lupang pangako.

51 Ngayon, Panginoon, sa araw na ito, tumingin Ka po sa pamamagitan ng Dugo ni Jesus. At tingnan Mo po itong gawa ng pananampalataya na isinasagawa naming dito ngayong umaga. At matakot nawa si Satanas at lumayo. At ang bawat isa nawa sa mga manlalakbay na ito na narito, at ang bawat isang mapapatungan ng mga panyong ito, sila nawa... mahawi po ang daan, at tumabi sa daan ang karamdaman, at magpatuloy nawa sila sa paglalakbay papunta sa lupang pangako, na pinapatnubayan ng Espiritu Santo, ang Haliging Apoy. Iyo pong Ipagkaloob ito, Panginoon.

52 Ngayon, pagpalain Mo po ang mga gawain, ang mga salita, ang konteksto, ang pagbabasa. At kunin nawa ng Espiritu Santo ang Salita, ngayong umaga, at matimyasa na pagputul-

putulin Ito sa bawat isa sa amin, Panginoon, habang kami'y papalapit na sa isang dakila't kamangha-manghang bagay na hindi namin alam kung ano. Naaantig ang mga puso namin nang kakaiba, Panginoon. At dumadalangin kami ngayon, habang mapitagan kaming lumalapit sa Iyo at sa Iyong Salita, na Iyo pong ipapaliwanag sa amin ang kahulugan nito. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Ngayon, sa gabing ito, huwag ninyong kalimutan ang . . . *Ang Oras, Anong Oras Na?*

⁵³ At ngayon, sa umagang ito, ibig kong bumuklat, sig'e't kayo rin na may mga Biblia. O markahan ito, kung ibig n'yo, sa mga Kasulatan, itong dako kung saan nais nating mangusap, sa loob ng ilang sandali, na matatagpuhan sa Aklat ng mga Gawa. Marahil magbasa tayo sa dalawa o tatlong dako. Mga Gawa 26:15, muna. Mga Gawa, sa ika-25 kabanata at ika-15 talata, bilang pagsisimula.

⁵⁴ Pagkatapos ay nais nating bumasa sa Mga Gawa 23:11. At maaari n'yong idagdag kasama nito, kung gusto n'yo, baka wala na akong oras para basahin ito, Mga Taga-Filipos 1:20. Pareho rin ang tutumbukin nito, parehong mga pahayag.

⁵⁵ Ngayon, sa Aklat ng Mga Gawa, 26:15, kung saan mababasa ito nang paganito:

At sinabi ko, Sino ka baga, Panginoon? At sinabi ng Panginoon, Ako'y si Jesus na iyong pinaguusig.

. . . magbangon ka, at ikaw ay tumindig sa iyong mga paa: sapagka't dahil dito'y napakita ako sa iyo, upang ihalal kitang ministro at saksi din naman ng mga bagay na nakita mo sa akin, at ng mga bagay na pagpapakitaan ko sa iyo;

Na ililigtas kita sa bayan, at sa Gentil, . . . na sa kanila'y sinusugo kita,

Upang idilat mo ang kanilang mga mata, upang sila'y mangagbalik sa ilaw mula sa kadiliman, at mula sa kapangyarihan ni Satanas hanggang sa Dios, upang sila'y magsitanggap ng kapatawaran ng mga kasalanan, at ng mga mana sa kasamahan ng mga pinapaging banal sa pamamagitan ng pananampalataya sa akin.

Dahil nga dito, Oh . . . Agripa, hindi ako nagsuwail sa pangitain ng kalangitan:

Kundi nangaral akong unauna sa mga taga Damasco, at sa Jerusalem din naman, at sa buong lupain ng Judea, at sila . . . gayon din sa mga Gentil, na sila'y mangagsisi at mangagbalik-loob sa Dios, na mangagsigawa ng mga gawang karapatdapat sa pagsisisi.

⁵⁶ Sa Mga Gawa 23, at sa ika-11 talata naman:

At nang sumunod na gabi ay lumapit sa kaniya ang Panginoon, at sinabi, Laksan mo ang iyong loob, Pablo: sapagka't. . . ang pagkapatotoo mo tungkol sa akin sa Jerusalem, ay kailangang patotohanan mo rin gayon sa Roma.

57 Idagdag nawa ng Diyos ang Kanyang mga banal na pagpapala sa pagbasa nitong napaka mabiyayang, banal na Salita na nasa harapan natin.

58 Ngayon, pinapakinggan ko ang isang lalaki na sinasabi, o nangungusap, di pa katagalan, at ginamit niya ang salitang *Batayang Ganap*. At sa isip-isip ko, “Napakaganda namang salita n’yan.” Narinig ko itong ginamit nang napakaraming beses, “Batayang Ganap.” Yun po’y. . .

59 Hinanap ko ito sa diksyunaryo, sa Webster, ayon kay Webster, ito’y “Perpekto sa sarili nito; walang hangganan sa kapangyarihan nito; pangunahing panapos.” At ang *panapos* ay ang “Amen. Yun na ang lahat-lahat.” Isang *batayang ganap*, ito nga’y— ito nga’y “Walang hangganan sa kapangyarihan,” ang salitang *batayang ganap*. Ito’y—ito’y, “Perpekto sa sarili nito. Yun na ang lahat-lahat. Natatapos na roon.”

Sa isip-isip ko, “Isa ’yang maluwalhating bagay. Isa ’yang kamangha-manghang salita.”

60 At ngayon, ang salita ay isang kaisipan na ipinahayag. Una, dapat na isa itong kaisipan, at pagkatapos ay magiging isang salita. Dahil, hindi mo masasabi ang mga salita mo nang hindi mo muna naisip.

61 Kapag nagsasalita tayo ng mga wika, hindi natin ito pag-iisip. Kinukuha ng Diyos ang mga pag-iisip. Isip ito ng Diyos na ginagamit ang mga bibig natin. Hindi natin iniisip o namamalayan kung anong sinasabi n’yo kapag nagsasalita kayo ng mga wika, kung ito nga’y kinasihang pagsasalita. Kapag bibigyan mo ng interpretasyon, hindi mo alam kung anong sinasabi mo. Basta mo lang sinasalita ito. Ganoon mismo. Kita n’yo? Ang Diyos ’yun. At sa pagpropesiya, hindi mo ginagamit ang sarili mong kaisipan. Ang Diyos ito, dahil sinasalita mo ang mga bagay na hindi mo karaniwang iniisip na sabihin. Kita n’yo?

62 Anupa’t ang salitang *batayang ganap* ay “isang panapos.” At, kaya naman, sa tingin ko’y marapat lang na ang lahat ay may panapos. At ang bawat dakilang tagumpay na nakamit kailanman, ay may batayang ganap sa likod nito. Kahit ano pa ito, mayroon dapat itong batayang ganap sa likod nito. At bawat tao, para magkamit ng isang bagay, ay kinakailangan munang magkaroon ng batayang ganap. At ’yun ang panghuling tinutugaygayan, dadaan *dito*, *doon*, babaling pabalik sa *isa pa*, hanggang sa makarating ka sa batayang ganap, o sa amen, o sa panapos. Kung ano ang iyong. . . Kinakailangan n’yo ng

bagay na dapat pagtalian, sa madaling salita. Na 'yun ang pinaka posteng talian, sa bawat naaabot na tagumpay. May isang dako mismo. Maaaring magpasikot-sikot ito sa maraming iba't ibang bagay hanggang sa makarating ito sa posteng talian na 'yun, anupa't mayroon at mayroong amen sa dulo ng lahat ng ito. Marapat lang na may ganoong bagay. Hindi ka maaaring magpatuloy sa buhay nang wala kang ganoon.

⁶³ Kayo, noong nag-asawa kayo, marapat lang na tumalunton kayo sa inyong isipan, sa isang bagay, hanggang sa matunton mo ang posteng talian. At dapat na ito'y pag-ibig para sa inyong asawang babae, o sa inyong asawang lalaki. Buweno, marahil hindi siya singganda ng asawa ni John; o siya, buweno, hindi siya 'yung—'yung *ganito*, *ganoon*. Pero may bagay sa kanya, na, ikaw, tinatamaan ka. Inyo—inyo—inyo ngang sasabihin, “Maaaring hindi siya kasing ganda ng iba,” o, “Maaaring hindi siya kasing guwapo ng iba.” Pero marapat na may isang batayan doon, na ang taong 'yun ay iba't walang katulad, at doon ka nanghahawakan. Kung walang ganoon dun, mabuti pang huwag ka nang mag-asawa. Ang posteng talian na 'yun! Ang pinakabatayang ganap na 'yun!

⁶⁴ Maiisip natin ang marami na nagkaroon ng batayang ganap, sa Biblia. Oh, marahil gugugol tayo sa pagtalakay, sa talunton ng Bibliang 'yan, at nandito pa rin tayo na di pa tapos nang dalawang linggo mula ngayon; at hindi pa natatalakay nang husto ang ibabaw, kung iisipin natin isa-isa ang mga batayang ganap sa Biblia. Halimbawa, babanggit na lang ako ng isa o dalawa, ibubuod ko lang ang mga ito.

⁶⁵ Tingnan n'yo si Job, ngayon, mayroon siyang batayang ganap. Ang lahat ng masama'y nangyari sa lalaking 'yun, isang taong matuwid. Ngayon, di tayo mangangahas sabihin na di siya matuwid, dahil Diyos na mismo ang nagsabi na matuwid siya. Walang gaya ni Job sa lupa. Siya ay sakdal, sa paningin ng Diyos. At alam niya 'yun, dahil mayroon siyang pinaka panapos. Mayroon siyang batayang ganap, noong ang lahat ng bagay ay tila ba salungat.

⁶⁶ Sumiklab ang karamdaman. Sinabi siguro ng mga kaibigan niya, “Ngayon, hayan ka tuloy, Job. Pinapatunayan lang n'yan na nakagagawa ka ng pagkakasala. Mali ka.” At pagkatapos dumating ang mga obispo. Ang taguri pa naman sa kanila'y mga tagapag-aliw ni Job. At sa halip na pagaanin ang loob niya, wala silang nakitang anuman kundi kasalanan sa buhay niya, dahil nga pinakitunguhan siya ng Diyos sa paraan ng pakikitungo Niya.

⁶⁷ At pinatay ang mga anak niya. Ang kanyang—kanyang ari-arian ay natupok. Ang kanyang—kanyang lahat-lahat ay nalagay sa masamang kalagayan. At maging ang sarili niyang buhay ay nanganib, nakaupo sa bunton ng abo, bumukol mula sa ituktok

ng kanyang ulo hanggang sa pinaka talampakan ng kanyang mga paa, ang mga pigsa. At maging ang kanyang maganda't, kalugod-lugod na asawa, ang nanay ng mga anak na 'yun, ay nakapagsalita tuloy ng, "Dapat sumpain mo na ang Diyos at mamatay ka na." Pero sa harapan ng lahat ng 'yun, may pinanghahawakang batayang ganap si Job.

⁶⁸ Oh, sa panahon ng karamdaman, kung maitatali lang natin ang ating sarili sa batayang ganap na 'yun!

⁶⁹ Alam ni Job na sumusunod siya nang tapat sa utos ni Jehovah. At may pananampalataya siya sa bagay na ginawa niya, dahil 'yun ang hinihingi ni Jehovah. Marapat na gawin natin 'yun. Humingi si Jehovah ng isang sinunog na handog para sa kanyang kasalanan. At si Job, hindi lang para sa sarili niya, kundi para sa mga anak niya, ay nag-alay siya ng sinunog na handog, at 'yun mismo ang buong hinihingi ng Diyos.

"Oh," marahil sasabihin n'yo, "Sana ganoon na lang ang hinihingi ng Diyos sa panahong ito."

⁷⁰ Mas munti pa nga. Pananampalataya lamang sa Salita Niya! At kayo, kapag ginawa n'yo na inyong Batayang Ganap ang Kanyang Salita, magagawa n'yo na, na anumang Banal na pangako sa Biblia, ay maaari n'yong itali ang kaluluwa n'yo rito. Kahit gaano pa kayong hampas-hampasin ng mga alon, nakatali pa rin kayo; sa inyong batayang ganap.

⁷¹ At nanghawakan siya rito. At noong sinabi ng mga taga-alih niya, "Nagkasala ka," alam niyang hindi siya nagkasala. Matuwid siya, dahil ginawa niya ang iniutos ni Jehovah. At noong ang bawat niyang . . .

⁷² May lalaking dumating, nag-ulat, "Patay na ang mga anak mo." Dumating ang isa pa, nag-ulat, "Nasunog ang lahat ng mga kamelyo mo. At bumaba ang apoy mula sa langit."

⁷³ Tingnan n'yo kung anong argumento mayroon ang mga dapat sana'y taga-alih niya. "Nakita mo na? Bumaba ang apoy mula sa langit. Ngayon, Job, patunay 'yun." Aba'y wala nga 'yung pinatutunayan. "Ngayon, hindi sana Niya sinaktan ang mga anak mo, Job; kung isa kang taong matuwid."

⁷⁴ "Pero," sinabi ni Job, "Alam kong ginawa ko kung ano ang tama." Nanghawakan pa rin siya. Mayroon siyang bagay na maaari niyang kapitan. Ganoon nga. Tinanggap niya ito. Ginawa niya kasi nang eksakto kung ano ang sinabi ng Diyos sa kanya na gawin, at siguradong-sigurado siya. Buweno.

⁷⁵ Pagkatapos noong dumating na siya sa punto, noong kumapit na 'yung batayang ganap, mangyari nga na nagsimula na siyang makaramdam ng paghigpit ng tensyon, na dating maluwag, lumulundo pa nga, pero nagsimula na itong humigpit. Tapos dumating ang Espiritu sa kanya. At tumayo siya, bilang isang propeta, at sinabi niya, "Talastas ko na ang Manunubos

ko ay nabubuhay.” Amen. Kita n’yo? Humigpit ang kapit niya sa kanyang batayang ganap. Nagkaroon siya ng pakikipag-ugnayan. Batid niyang ginawa niya kung ano ang tama, at balang araw ay kinakailangan niyang panindigan ito. “Talastas ko na ang Manunubos ko ay nabubuhay, at sa mga huling araw, Siya’y tatayo sa lupa. Bagaman sirain ng mga uod sa balat ang katawang ito, gayunman makikita ko ang Diyos sa aking laman.” Batid niya mismo. Pagkatapos ang kanyang batayang ganap ay umangkla na.

⁷⁶ Si Abraham, isang batayang ganap, na mula Babilonia, mula sa tore, at doon sa Shinar, at sa ibayong ’yun kung saan nakahimpil siya pansamantala kasama ng kanyang tatay, at marahil ay isa siyang magsasaka. Pero isang araw, doon sa kagubatan sa kung saan, marahil namimitas siya ng mga berry, o—o kakatay ng hayop para karnehin niya; at sa isang dako roon, ay kinausap siya ng Diyos, noong pitumpu’t limang taong gulang siya. At siya’y. . . Siya at ang kanyang maybahay, si Sarah, na animnapu’t limang taong gulang naman, ay walang anak—walang anak. Wala silang anak. Pagkatapos ay sinabi ng Diyos sa kanya, “Magkakaanak ka kay Sarah. Datapwat, para magawa ito, kailangan mong ibukod ang sarili mo.”

⁷⁷ Sa tuwina’y may kundisyon ang mga pangako ng Diyos. Kinakailangan na ikaw, walang pasubali. . . Kahit gaano ka pa kapundamental sa pangako, napapailalim ito sa mga kundisyon, sa tuwina. Magagawa nga nating huminto rito at magpatianod sa Kasulatang ’yan, nang pabalik-balik, sa loob ng maraming oras, kita n’yo, na ’yung kundisyon ay bagay na nagbibigay kahulugan. Maaari kang magpaka-pundamental hangga’t gusto mo, pero napapailalim ito sa mga kundisyon nung pangako, paunang pagtatalaga, at iba pa. Pansinin n’yo.

⁷⁸ Ngayon, “Si Abraham, sinampalatayanan niya ang Diyos, at ibinilang ito na katuwiran sa kanya.” Ngayon, isang—isang nakakatakot na bagay nga ang makadako sa isang—isang sibilisadong daigdig, ang isang lalaki na pitumpu’t limang taong gulang, kasama ang isang babae na animnapu’t limang taong gulang, at namuhay sila na magkasama magmula pa noong mga bata pa lang silang mag-asawa, dahil siya’y kapatid niya sa ama, at ngayon ay magkakaroon siya ng anak sa pamamagitan niya. Pero mayroon siyang tangan na isang batayang ganap. Walang makakatinag sa kanya.

⁷⁹ At lumipas, ’yung unang buwan, hindi nangyari, matatag pa rin siyang nanghawakan sa kanyang batayang ganap, dahil alam niyang nakausap niya ang Diyos. Dumating ’yung ikalawang buwan, ikalawang taon, sampung taon at lumipas ang dalawampu’t limang taon, noong sandaan na siya, at siyamnapu naman si Sarah, matatag pa rin siyang nanghawakan sa batayang ganap niya.

⁸⁰ At sinabi ng Biblia, noong isinulat ang kanyang obitwaryo, sinabi Niya, “Hindi nag-alinlangan si Abraham sa pangako ng Diyos, sa pamamagitan ng di-paniniwala, kundi mas lumakas pa, na pinupuri ang Diyos.”

⁸¹ Bakit? Naisip n’yo ba kung bakit? Siya’y ganap na di nagpasubali, talagang positibo. At ang tanging bagay na kinakailangan niyang gawin ay ihiwalay ang sarili niya sa kanyang kamag-anakan. At hindi siya kailanman pinagpala ng Diyos hanggang sa gawin niya ’yun. Isinama niya ang kanyang tatay. Namatay ang kanyang tatay. Isinama niya si Lot. At mangyari nga, pagkatapos na humiwalay ni Lot kay Abraham, ay saka dumating ang Diyos sa kanya, sinabi, “Ngayon ay lumakad ka sa lupain.” Kita n’yo?

⁸² Pagsunod, pangako, na nakapailalim sa mga kundisyon, ganyan sa tuwina ang pagkakalakip ng Diyos at ng Kanyang Salita. Ngayon tingnan n’yo. . .

⁸³ Kunin natin si Moises. Si Moises, yaong—yaong tumakas na lingkod na propeta, na pinalaki siya ng Diyos at pinag-aral siya sa palasyo ng Faraon. At—at lumabas si Moises dala ang kanyang teolohikong pagsasanay, at naging. . . ang unang tao na pinatay niya. Pagkatapos, dumating ang unang munting suliranin, mangyari ngang ikinatakot ito nang husto ni Moises.

⁸⁴ Bakit? Wala siyang batayang ganap. Ang tanging mayroon siya ay ang patotoo ng kanyang—kanyang nanay ukol sa kapanganakan niya. Isa siyang kakaibang bata. Taglay niya ng salita ng kanyang nanay ukol dito. Mayroon siya nung mga balumbon na ipinalagay ng Diyos sa isang papel kung saan man marahil, na isinulat nila, dala-dala nila, na ang sabi dun ay dadalawin ng Diyos ang Kanyang mga anak. Batid niya na ’yun na ang oras.

Katulad natin ngayon, alam nating may nagbabadyang mangyari.

⁸⁵ Ngayon, alam ni Moises na ’yun na ang oras, at alam niyang pinili siya para dun, pero wala siyang batayang ganap. Kita n’yo?

⁸⁶ At isang araw, sa likuran ng disyerto, noong nawaglit na sa kanya ang pangitain, nagpakita ang Diyos sa kanya, sa isang nagniningas na kahoy. At sinabi Niya, “Moises, nakita ko ang paghihirap ng Aking bayan. Narinig Ko ang kanilang mga daing at pag-iyak, dahil sa pagpapahirap sa kanila ng mga tagapagmando. At naalala Ko ang Aking pangako. Bumaba Ako upang iligtas sila. Ngayon ay pumunta ka sa Egipto.” Oh, grabe!

⁸⁷ Sabi ni Moises, nagreklamo siya, ang sabi niya, “Hindi ako gaanong magaling magsalita. Ang pagbigkas ko—pagbigkas ko’y hindi gaanong maayos. Hindi nila ako paniniwalaan.”

Sabi Niya, “Ano ’yang nasa kamay mo?”

Sabi niya, “Isa pong tungkod.”

⁸⁸ Sabi Niya, “Ihagis mo.” Naging isang ahas ’yun. Sabi, “Damputin mo sa buntot.” Naging tungkod uli. Binibigyan Niya siya ng katiyakan, isang pagpapatunay.

⁸⁹ Kapag nagbigay ang Diyos ng isang batayang ganap, nagbibigay Siya ng pagpapatibay ukol sa batayang ganap na ’yun, sa tuwina.

⁹⁰ Pagkatapos si Moises, noong naroon na siya, inihagis niya ang kanyang tungkod sa harap ng mga salamangkero at ni Faraon, at lumapit ang mga salamangkero’t inihagis ang kanilang mga tungkod, din naman, hindi tumakbo si Moises at nagsabi, “Oh, buweno, mali pala ako. Ah, isa lamang pala itong mababaw na salamangka, at marahil nagkamali ako.”

⁹¹ Pero may kabatiran siya. Positibo siya na nakatagpo niya ang Diyos, at matatag siyang nanatili. Sabihin nating ginawa niya nang eksakto kung ano ang sinabi ng Diyos sa kanya na gawin. Ganoon din noong ginawa ni Job nang eksakto kung ano ang sinabi ng Diyos sa kanya na gawin. Sinunod ni Moises ang mga utos Niya. Kung ganoon, ay manatili kayo sa pagkakatayo at masdan n’yo ang kaluwalhatian ng Diyos. Nakatali si Moises sa kanyang batayang ganap, sa atas sa kanya, at nanatili siyang matatag. At noong gawin nga niya, nilamon ng ahas niya ang iba pang mga ahas. Kita n’yo? Nakatali siya sa batayang ganap na ’yun.

⁹² Sinabi ng Diyos, “Kapag inilabas mo na ang mga anak, sasambahin n’yo Akong muli sa bundok na ito.”

⁹³ Ngayon, ang kaaway, sa lahat ng paraang magagawa niya, ay sisikapin nitong ilayo kayo mula sa batayang ganap na ’yun.

⁹⁴ Pagkalabas nila ng Egipto, nasukol sila mismo sa gipit na dako ng—ng Dagat na Pula, na ang magkabilaan ay bundok. Napahinto sila sa lambak, at nasa harapan ang Dagat na Pula. Walang daan para makatakas sa mga burol, walang daan para makatakas sa gawing *ito*, at paparating ang hukbo ng Faraon sa gawing *ito*. Talagang napakahirap na dakong katayuan!

⁹⁵ Nakikita n’yo kung papaanong dinadala kayo ng diyablo sa isang dako kung saan hindi n’yo alam ang inyong gagawin? Pero tandaan n’yo, kung nakatali kayo sa batayang ganap na ’yun, ’yun na ang bahala roon.

⁹⁶ Alam ni Moises na ipinangako ng Diyos sa kanya, na, “Sasamba kayo sa bundok na ito kapag inilabas mo na sila. At bumaba Ako, sa pamamagitan ng kamay mo, para iligtas sila’t padakuin sila roon sa isang lupain.” Nanatili siya mismo nang matatag dito. At nagpadala ang Diyos ng silanganing hangin at umihip sa katubigan, mula sa kailaliman ng dagat, at nakapaglakad sila sa ibabaw ng tuyong lupa. Talagang isang batayang ganap!

⁹⁷ Magagawa nga nating taluntunin ang buong mga Kasulatan: hayan si Daniel, ang kanyang batayang ganap; sina Sadrach, Mesach, at Abednego, ang kanilang batayang ganap; si David, ang kanyang batayang ganap; lahat, batayang ganap.

⁹⁸ Si Pablo man ay mayroong isa, rin, 'yung pinatutungkulan ng binabasa natin. Mayroon siyang pagkatawag na nakasentro-kay-Cristo, at 'yun ang batayang ganap niya. Yun ang dahilan kung bakit di siya natakot sa sasabihin ni Agripa. Nakatayo siya roon, at isang Judio si Agripa, gaya ng alam natin. At kaya habang nakatayo siya sa harapan ng mga haring ito't kung anu-ano pa, sinabi na ng Diyos sa kanya na tatayo siya roon. Kaya, mayroon siyang batayang ganap, kaya sinaysay niya nang eksakto ang Makalangit na pangitain. Sabi, "Hindi ako isang . . . Hindi ko ito dinungisan. Ako'y . . . Hindi nagkamali ng pagkaunawa ukol dito. Hindi mali ang ikinilos ko." Anupa't nanghawakan siya, at hindi naging suwail. Tinupad niya ito, hanggang sa pinaka minuto, dahil ito'y isang batayang ganap.

At ang alinmang buhay na si Cristo ang sentro, 'yun ang inyong batayang ganap.

⁹⁹ Ngayon, magmula noong makatagpo niya Siya, nang harap-harapan, sa daan papuntang Damasco, napakahalaga nun para kay Pablo.

¹⁰⁰ Ngayon, tandaan n'yo, isa siyang iskolar, bago pa 'yun. Mahusay siya pagdating sa mga Kasulatan. Pero wala siyang posteng mapagtatalian kundi yaong Sanedrin na tumataguyod sa kanya, at isang—at isang diploma mula sa isang—isang—isang dalubhasang guro. Mahusay siya sa kanyang larangan. Pero pagiray-giray siya, ang tanging mayroon siya, ang batayan niya'y kasing tatag lang ng kanyang organisasyon. Hanggang doon lang ang ilalakas niya. At matapat siyang gumagawa roon, at dinadakis niya ang mga Cristiano, at ginagapos sila, at naghahasik sa kanila ng kaguluhan, at binabato pa nga ang mga Esteban.

¹⁰¹ Sa tingin ko, sa mga huling bahagi ng kanyang buhay, ang dahilan kung bakit nagpunta siya sa Jerusalem, noong sinabi ng propeta sa kanya, "Huwag kang pumunta roon, Pablo, dahil mga tanikala't bilangguan ang naghahintay sa'yo roon."

¹⁰² At sinabi ni Pablo, "Alam ko naman! Pero hindi lang ako pupunta sa Jerusalem bilang saksi, kundi, pupunta ako roon, na nakahanda akong mamatay para kay Jesus Cristo." Mangyari nga na alam niya kung ano na ang mga nagawa niya, at ang mithi niya'y ang tatakan ang kanyang patotoo ng kanyang sariling dugo, mamatay na isang martir, dahil pinatay nga niya ang isa sa mga martir ng Diyos.

¹⁰³ At mangyari nga nasa daan siya noon papuntang Damasco, dala-dala ang lahat niyang edukasyon. Naupo sa ilalim ng mahusay na gurong, si Gamaliel, at naturuan siya nang lubos

sa buong relihiyon ng mga Judio. At sa kabila nun, sa lahat ng 'yun, mahina siya, at wala siyang kakayahan na gawin ang ilang mga bagay. At bigla na lang, may isang Liwanag, at isang ugong, marahil, at isang kulog. At tinamaan siya, at nasubasob siya sa lupa.

¹⁰⁴ At tumingala siya. May isang Liwanag na nagliliwanag, na bumulag sa mga mata niya. At nakapagtataka nga. Walang iba na nakakita sa Liwanag, si Saulo lang. Ganoon na lamang ang pagkakapangako roon, napakatotoo nito sa kanya, hanggang sa binulag Nito ang kanyang mga mata. Hindi siya makakita. Ganap na bulag, dahil sa Haliging Apoy na 'yun na nagniningas mismo sa mukha niya. At narinig niya ang isang Tinig na nagsasabi, "Saulo, Saulo, bakit mo Ako inuusig?"

Sabi niya, "Panginoon, Sino Ka po?"

¹⁰⁵ At sinabi Niya, "Ako si Jesus. At mahirap sa iyo ang sumikad sa matutulis. Tumindig ka ngayon, at pumasok sa Damasco, at may isa roon na susuguin para sa iyo." Pagkatapos noong tumindig na siya mula roon . . .

¹⁰⁶ At may isa, isang propeta, doon sa bayan, na nakakita ng isang pangitain habang siya'y nananalangin, at nagpunta siya. Nagpunta si Ananias, at pumunta siya kay Saulo. Pinatungan siya ng mga kamay, at gumaling siya sa pamamagitan ng Makalangit na pagpapagaling. Bumangon siya pagkatapos, nabautismuhan, nahugasan ang kanyang mga kasalanan, na tumatawag sa Pangalan ng Panginoon. At pagkatapos ay nagkaroon na siya ng isang batayang ganap. Hindi na siya gaya ng dati pagkatapos nun. Dumiretso siya, sa iba't ibang simbahan, sa iba't ibang lugar, na sinisikap itayo 'yung bagay na tinangka niya noong wasakin.

¹⁰⁷ Ganoon na lamang na kailangang-kailangan ng bansa, ng daigdig ng mga Cristiano, ngayong umaga, ang ganoong uri ng batayang ganap. Yung mga . . . ? . . . mga kredo't mga tradisyon, na nagtangka, sa pamamagitan ng doktrina ng mga tao, na alisan ng karapatan ang Salita ng Diyos bilang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Kailangang-kailangan nila ng isang batayang ganap, isang karanasan ng pakikitagpo, sa isang daan patungong Damasco, sa buhay na Diyos Na kayang magpagaling sa mga maysakit, at magbangon ng mga patay, at magpalayas ng mga demonyo. Isang tunay na batayang ganap!

¹⁰⁸ Alam ni Pablo na may bagay na nangyari. Walang makawawaglit nun mula sa kanya. Wala nang iba pang mahalaga. Nakatali na siya, at 'yun na ito. Kahit ano pa ang dumating, alam niyang nakatali na siya, sa isang buhay na si Cristo ang sentro. Oh!

¹⁰⁹ Ang buhay na ipinamuhay niya ay ibang buhay na. Ngayon, alalahanin n'yo, mahabang panahon na isa siyang taong relihiyoso.

¹¹⁰ At sa ilan sa inyo ngayong umaga (at alam kong napagtatanto n'yo na itiniteyp ito, na ipaparinig sa bawat bansa sa ilalim ng kalangitan, halos, sa buong mundo); at ang ilan sa inyo na narito, mga dumalo; at ang ilan sa inyo riyan kung saan ipaparinig ang mga teyp sa ibang mga bansa (sa pamamagitan ng isang interpreter na ipakakalat ito sa mga tribo ng Aprika, doon sa mga Hottentot, at—at sa buong dako); at sa inyo na mga pinuno ng relihiyon na nakapag-aral ng Biblia:

¹¹¹ Nakuha n'yo ito mula sa isang pangkasaysayang pananaw, at maaaring kaya n'yong ipaliwanag ang lahat ng mga bagay-bagay na ito, pero kung wala kayong batayang ganap, walang—walang karanasan, at kung ang karanasan na 'yan na—na inaangkin n'yo na mayroon kayo ay nagbubunsod sa inyo na itanggi't ang bawat Salita *Nito* ay hindi na kasing totoo sa Iglesia ngayon kung papaano Ito noon, at nakasandig kayo sa inyong digri ng Batsilyer sa Sining o kung ano man na mayroon kayo, kung nakasandig kayo sa mga kaisipan ng inyong organisasyon na sinasabi, “Lipas na ang mga araw ng himala, at wala na tayong Makalangit na pagpapagaling, at ang bautismo ng Espiritu Santo na gaya ng natanggap nila noong Araw ng Pentecostes ay hindi na para sa mga tao sa panahong ito,” kung ganoon lang ang mayroon kayo, minamahal kong kapatid na lalaki, kapatid na babae, kailangan n'yo mismo ng daan-patungong-Damasco na karanasan!

¹¹² Kinakailangan n'yong makatagpo ang buhay na Diyos, kung saan kayo, ay di basta isang gawa-gawang kaisipan lang sa inyong isip, hindi kung anong panginginig, o kung anong uri ng sensasyon, kundi isang itinuro't karanasan na totoo't, tunay. Ang siya ring Jesus na lumakad sa Galilea noon ay nabubuhay ngayon, at nabubuhay magpakailanman. At Siya'y siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. Isang batayang ganap, na hindi n'yo na kailangang kunin ang sinasabi-sabi ng kung sino-sino. May kabatiran kayo mismo, hindi kung anong sensasyon.

¹¹³ At kung ang sensasyon na naranasan n'yo, at may tao, haya't marahil isa nga 'yang tunay na sensasyon sa Biblia, tapos may magtatangkang ipaliwanag ito palayo sa inyo, na sinasabi na ang mga bagay na 'yan ay pang-ibang panahon daw. Mag-ingat kayo. Seryoso po. Mag-ingat kayo. Anupa't may paraan para malaman. Subukin n'yo ito sa Salita. Ganoon ang dibuhong plano.

¹¹⁴ Kung naitayo ang bahay na taliwas sa dibuhong plano, gigibain 'yun ng kontratista't itatayo nang panibago. Pero kinakailangan na sa pamamaraan mismo ng dibuhong plano.

¹¹⁵ Kahit ano pa ang karanasan mo, hayan nga, kapag may bagay sa iyo na sinasabi sa iyo na hindi totoo 'yang Bibliang 'yan, 'yang kapangyarihan ng Diyos, 'yang mga apostol, mga propeta, at mga guro, at mga pastor, at 'yang mga kaloob

daw ng Espiritu'y sadyang hindi na kapareho kung paano noon nung dumaloy ito sa pamamagitan nila na mga apostol noong Pentecostes, may mali sa batayang ganap n'yo, siguradong nakatali ito sa isang makadenominasyong kredo sa halip na sa Biblia ng Diyos, noong sinabi Niya, "Ang kalangitan at lupa ay kapwa lilipas, subalit ang Aking Salita ay hindi kailanman mabibigo." Bantayan n'yo kung ano ang batayang ganap n'yo.

¹¹⁶ Maaaring kampanteng-kampante kayo na maganda ang pakikisama n'yo sa pastor. At maaaring kampanteng-kampante kayo na may pakikisama kayo sa presbitero ng distrito. At maaaring kampanteng-kampante kayo na may pakikisama kayo sa obispo o sa kung sinong iba pa na kilalang tao sa inyong simbahan. Pero kung di kayo...Hindi si Jesus Cristo ang batayang ganap n'yo.

¹¹⁷ "Sapagkat sa ibabaw ng Batong ito ay ilalagay Ko ang Aking batayang ganap, at ang mga pintuan ng impyerno ay hindi mananaig laban dito." Siyanga't kapahayagang espirituwal ukol sa kung Sino Siya, at pagkakakilala! Buweno. Oh!

¹¹⁸ Ngayon, kapag naging katulad na kayo ni Pablo, na mayroon nang parehong batayang ganap na nagkaroon siya, haya't ang isang buhay na si Cristo ang sentro ay ibang buhay kumpara sa dating mayroon kayo. At siguro'y isang napaka relihiyosong buhay ang ipinamuhay n'yo dati.

¹¹⁹ Oh, nauulinigan ko na sinasabi-sabi ng mga tao, "Ngayon, napaka relihiyoso nila." Wala nga 'yang kinalaman na anuman ukol dito.

¹²⁰ Nakakita na ako ng maraming relihiyon, napaka deboto, kadalasan nga'y mas sinsero pa kaysa sa pag-aangkin ng mga Cristiano ngayon. Hayan nga, na nagagawang dalhin ng isang nanay ang kanyang maliit, na namimintog, na itim na sanggol, na mga *ganoon* kalaki, at ihahagis ito sa bibig ng isang buwaya, alang-alang sa pag-ibig sa kanyang diyus-diyosan. Iniisip ko nga kung gaanong kasinsero ang Cristianismo. Mangyari nga, na nagagawa ng isang lalaki na pahirapan ang sarili sa isang napakatinding paraan, na magsasabit ng sanlibong kalawit sa laman niya, nang *paganoon*, nakabitin na may mga bola ng tubig, na nagpapabigat sa kanya nang *paganito*, at lalakad sa isang linya ng apoy, mula rito hanggang sa dulo ng tabernakulong 'yun, nang pabalik-balik, at puting-puti ito sa init, pinapaypayan nang *paganoon*, bilang sakripisyo sa kanyang diyus-diyosan, na isang rebulto roon na may mga matang rubi, at kung ano pa. Iniisip ko kung hanggang saan ang kaya ng Cristianismo. Uh-huh. Uh-huh. Kaya huwag n'yong isipin na sa pamamagitan ng "sinseridad." Hindi ang sinseridad. Ayos lang naman ang sinseridad kung nakalagay ito sa tama.

¹²¹ Gaya ng isang doktor na nagbibigay ng gamot. Maaaring bigyan niya kayo ng arseniko, nang may sinseridad, at maaaring

bigyan niya kayo ng asidong may sulfur, nang may sinseridad. Maaaring mali ang pagkakasulat sa reseta n'yo, at maaaring inumin n'yo ito nang may sinseridad, pero hindi nun maililigtas ang buhay n'yo. Kita n'yo? Hindi, po. Kailangan kasing alam n'yo ang ginagawa n'yo. At anumang salungat sa Salita ng Diyos, wala akong pakialam kung ano pa man ito, at kung gaano nang katagal ito umiiral, mali at mali pa rin ito.

¹²² Binigyan sila ni Pedro ng Walang Hanggang reseta noong Araw ng Pentecostes. Sinabi niya, “Mangagsisi kayo, bawat isa sa inyo, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo. Sapagkat ang resetang ito ay para sa inyo, at sa inyong mga anak, at sa kanila na nasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Diyos.” Siyanga. Ito nga’y Walang Hanggang reseta.

¹²³ Ngayon, maaaring makarating ’yun sa isang pekeng parmasya’t mapatay kayo. Oo. Siyanga. Alam n’yo, may ganoong karaming lason lang sa isang reseta, para lasunin ang mikrobyo, at alam ng—ng doktor kung gaanong karami lang, ang kakayanin ng inyong katawan. Kapag nasobrahan niya kayo sa lason, papatayin kayo nito. Kung wala naman kayong sapat nun, hayan nga’t anong mabuti ang maidudulot nun? Wala mabuting maidudulot sa inyo na inumin ang gamot kung ganoon. Alam niya kung ano lamang ang kakayanin ng inyong katawan.

¹²⁴ Ngayon, ganoon ang reseta ng Diyos. Kahit gaano pang sabihin ng iba na dapat itong gawin sa *ganitong* paraan, o sa *ganoong* paraan, huwag n’yo itong paniniwalaan. Kapag tumatalima ka sa Salita nang eksakto sa letra, hayun nga. Panghawakan mo Ito. Ngayon, mayroon tayong . . . ’yung mga nagsasabi, “Dapat kayong mawisikan.” May mga ganoon-ganoon sila. Hayan ’yung, “Dapat mong gamitin ang mga titulo na Ama, Anak at Espiritu Santo.” Wala pong ganoon sa Biblia. Walang dako na nabautismuhan kailanman ang sinuman, sa Biblia, sa anumang ibang pangalan maliban sa Pangalan ni Jesus Cristo. Isa ’yung dogma na idinagdag sa Romano Katolikong simbahan, na nagpasalin-salin sa pamamagitan ng mga tradisyon. Madadaan natin ’yan mamayang gabi.

¹²⁵ Pero pansinin n’yo, sa gitna ng lahat ng ’yun, nanatili ang reseta. Kaya marami tayong mga anak na maysakit, dahil hindi sila nakikinig sa sinabi ng Doktor. Ang batayang ganap, kapag nakatali na kayo Roon, ’yun na ’yun. Yun ang Salita ng Diyos. Hinding-hindi Ito maaaring mabigo.

¹²⁶ Isang buhay na si Cristo ang sentro! Anupa’t napaka relihiyoso, pero hindi naman si Cristo ang sentro. Napakarami sa atin ang mayroong ganoon ngayon.

127 At kapag natamo mo na itong buhay na si Cristo ang sentro, magbubunsod ito sa inyo na gawin ang mga bagay na di mo karaniwang ginagawa. Nagbubunsod sa iyo ito na kumilos nang iba kaysa sa karaniwang ikinikilos mo. Hindi ko ibig sabihin na kumilos nang hibang. Ang ibig kong sabihin ay kumilos sa Espiritu, isang bagay na totoo, isang bagay na tunay. At kapag may nakita kang kumikilos nang hibang, alam mong nagkukunwari lang sila. Sinusubukan lang nilang gayahin 'yung puwesto nung tunay na bagay.

128 Kapag nakakita kayo ng isang pekeng dolyar, tandaan n'yong may isang tunay na dolyar na pinagkopyahan nito. Kita n'yo? Kapag nakakita kayo ng peke, walang pasubaling isa itong gaya-gayang anino ng isang bagay na totoo. May isang bagay na—na tunay, na pinagkopyahan.

129 Pansinin n'yo, ibubunsod kayo nito na gumawa ng mga bagay na karaniwa'y di n'yo gagawin. Oh, may isang bagay. Na nakakatiyak kayo. Tiyak na tiyak kayo rito, kapag nakuha n'yo ang batayang ganap na ito. Positibo kayo rito. Hindi n'yo kukunin ang karanasan ng kung sinong iba.

130 Yun ang dahilan kung bakit ang Cristianismo'y naging parang maliliit na bata sa Biblia, o, at di po pala, ipagpaumanhin n'yo, ang ibig kong sabihin ay maliliit na bata sa paaralan. Sinusubukang kopyahin nung isa 'yung isa pa. At kung mali 'yung isa, mali na silang lahat. Kita n'yo? Mamamali mismo ang buong grupo nila. Oh, naku! Huwag kayong kumopya. Katagpuin n'yo Siya, mismo.

131 May isa akong mabuting kaibigan, na nakatayo sa likod dito, isang matagal nang . . . haya't anak siya ng isa kong kaibigan, isang panghabambuhay na kaibigan, ang batang Jim Poole. Hayan nga't, ang tatay niya't ako ay magkasamang lumaki sa paaralan. At, oh, napakabait na lalaki! Patuloy kaming nananalangin ng batang Jim na ang matandang Jim ay maging isang Cristiano, isang tunay na mananampalataya. At nag-uusap kami ng batang Jim kahapon tungkol sa pagsumpong namin sa Diyos sa kakahuyan at nakita Siya sa kalikasan. Doon n'yo nga Siya makikita. Dahil, Siya ang Maylikha, at Siya'y nasa Kanyang nilikha.

132 At naaalala ko, si Jim at ako'y dating pumupunta—pumupunta, laging nangangaso. At kapag sumasapit ang gabi, buweno, pumupunta kami noong araw, dala-dala ang mga bisikleta namin, at nagbibisikleta kami mismo sa kalyeng ito rito, halos himatayin kami sa takot kapag dumadaan sa sementeryo pagkagat ng dilim, at dadaan nga't bibili ng sorbetes sa apa.

133 At mahilig magbilyar si Jim. Ngayon, mga binatilyo pa lang kami noon, sampu, labindalawa, labing-apat na taong gulang. At mangyari rin na mahilig si Jim na maupo sa gilid-gilid

at magbasa-basa ng mga aklat ng mga kuwento tungkol sa pangangaso at paninilo.

¹³⁴ At mauupo naman ako at mangangarap nang gising. Kita n'yo? Halos . . . At mangyari nga na nakikita ako ng ibang kapwa binatilyo. Tapos makakakita ako ng maliit na kubo sa isang lugar. Sinasabi ko noong araw, “Naku, magandang kubo ’yan sa kabundukan.” At palagi kong pinapangarap noon na balang araw ay magkaroon sana ako ng kubo sa kabundukan, na may ilang mga aso roon, at—at ilang mga baril. At palagi kong iniisip noon, “Kung makapagmay-ari lang sana ako ng isang .30-30, balang araw.” Sa isip-isip ko, “Papaano naman ako makakapagmay-ari ng isang munting .30-30 na riple?”

¹³⁵ At noong isang araw, nakatayo ako, pinagmamasdan ko ang dingding ko, at nakikita ko roon ang ilan sa pinaka magagarang riple na mapagmamay-ari, tapos sa isip-isip ko, “Kamangha-manghang biyaya.”

¹³⁶ Sa isip-isip ko, “Sasanayin ko ang sarili ko na bumaril, at babaril nang mahusay. At marahil darating ’yung panahon na makadako, makabiyahe sa kabundukan, na may magaling na mangangaso roon na isasama ako. Para nga mismo . . . Yung dahilan, ay gusto niyang may magbantay sa buhay niya, marahil, mula sa isang sumusugod na oso. Hindi siya ganoong kakampante. Marahil isang mayamang tao, ang magsasama sa akin, basta samahan ko lang daw siya, na parang bodyguard. O marahil balang araw ay makapangaso ako sa Aprika, bilang isang body guard. Kung makakapagsanay lang ako! Yun lang ang tanging magagawa ko’t ang magsanay para maging isang mahusay, na maaasahang mamamaril.”

¹³⁷ Oh, sa isip-isip ko, “Diyos, ang isipin po na pinahintulutan Mo akong makapangaso, sa buong mundo.” Napakagandang bagay nun!

Noong araw nauupo si Jim at nagbabasa ng aklat. Sabi ko, “Jim . . .”

Sabi niya, “Gusto ko—gusto ko na binabasa ang tungkol dito.”

¹³⁸ Sabi ko, “Jim, bagay ’yan na iba ang may gawa. Ang gusto ko ay ’yung ako ang gagawa, ako mismo. Gusto ko ng karanasan.” Noong lumapit ako kay Cristo, hindi ko maaaring kunin ang karanasan ng iba pa. Gusto ko, na ako mismo.

¹³⁹ Naaalala ko noong binasa ko ang *Lone Star Ranger* ni Zane Grey. Nakabali ako ng dalawa o tatlong walis ni nanay, sa pangangabayo sa palibot ng bahay, paikot-ikot, habang nakasakay ako rito sa kunwang kabayong-walis. Nabasa ko—nabasa ko ’yung kuwento ng—ng *The Lone Star Ranger*, kung papaanong nagdala siya ang katarungan sa Big Bend.

¹⁴⁰ Pagkatapos ay nabasa ko rin ang kathang-isip na kuwento ni Edgar Rice Burroughs na *Tarzan, The Apes*. Si nanay nga ay may lumang mabalahibong basahan noon, parang balabal na basahan, o kung ano, na ibinigay ni Gng. Wathen sa kanya mula sa sunog. At nakalapag 'yun sa kanyang silid, at inilabas ko— inilabas ko 'yung basahan na 'yun. Alam ni nanay na hindi 'yun hinipan ng hangin para mapadpad sa labas. At ako mismo ang naglabas nun, at pinaggugupit ko 'yun, at iginawa ko ang sarili ko ng damit-Tarzan, at naupo ako sa itaas ng punongkahoy. Ginugol ko—ginugol ko ang kalahati ng oras ko sa isang puno, suot-suot itong damit-Tarzan. Dahil nakita ko ang ginawa niya, tapos naengganyo ako na gawin din 'yun.

¹⁴¹ Pero isang araw, sa biyaya ng Diyos, nahawakan ko ang tunay na Aklat, ang Biblia. Kaya ang akin nang naging awitin at salaysay ay, “Ang maging tulad ni Jesus, sa lupa ay minimithi kong maging tulad Niya.” Ayaw kong maging isang obispo o—o kung anong kilalang tao sa simbahan, na kung sinong papa o kung sinong pari. Gusto kong maging tulad ni Jesus. Isang batayang ganap, pinagiging iba ka nito. May kung anong bagay rito, ang basahin ang Kanyang Salita, at may bagay diyari sa puso n'yo, na mimithiin n'yong maging katulad Niya. Makasisigurado kayo.

¹⁴² Ito'y para bang, 'yung Batayang Ganap tungo, kay Cristo, ang Batayang Ganap para sa Cristiano, ay parang 'yung, Ito—Ito'y parang angkla sa barko. Oo. Kinakailangan n'yo—kinakailangan n'yong magkaroon ng isang batayang ganap. At kung si Cristo ang iyong Batayang Ganap, para nga itong angkla. Na, kapag kayo. . .Sobrang alon ng dagat, at malapit nang lumubog ang barko, at, kayo, ang tanging pag-asa na mayroon kayo, ay, maghulog ng angkla. At pagkatapos kapag tinatangay nang magkabi-kabila ang barko, kita n'yo, ito, 'yung angkla ang magpapatatag dun sa barko. Alam n'yo, mayroon tayong awitin, nakalimutan ko lang ang pangalan nung sumulat, pero, *My Anchor Holds*.

¹⁴³ Katulad nung munting batang lalaki, gaya ng maraming beses na nating naisip, na nagpapalipad ng saranggola. Wala kang makitang anumang, pero hawak niya 'yung pisi. At napadaan ang isang lalaki't ang sabi, “Anong ginagawa mo, iho?”

Sabi, “Nagpapalipad po ako ng saranggola.”

Sabi niya, “Ano 'yang hawak mo sa kamay mo?”

Sabi, “Yung pisi po.”

¹⁴⁴ Sabi, “Nasaan ang saranggola?” Sabi, “Hindi ko ito makita. Buweno, papaano mong alam na nagpapalipad ka ng saranggola?”

¹⁴⁵ Sabi niya, “Nararamdaman ko po ito. May paghatak po.” Kita n'yo? Sa dulo ng taling 'yun, mayroong batayang ganap.

Sa munti niyang pamamaraan, ang saranggolang 'yun ang kanyang batayang ganap, kaya nasasabi niyang nagpapalipad siya ng isang saranggola. Kahit na di niya 'yun makita-kita, pero mayroon nga siyang pinagkakapitan, may isang bagay, na nakakapit dito.

¹⁴⁶ Ganoon ang isang tao, kapag naipanganak na siyang muli ng Espiritu Santo, nakakapit siya sa isang bagay na may angkla sa dako roon, at hindi siya matitinag ng mga bagyo. Alam niyang nasa mabuting kalagayan siya. Nakaangkla siya. Buweno.

¹⁴⁷ Ngayon, gaya nga na nakasakay tayo sa munti nating barko, naglalayag sa maringal na agos ng buhay, katulad ng sinabi ng dakilang makata, na:

Ang buhay ay di lamang isang panaginip na walang mapapala!

At ang kaluluwa'y patay na heto nahihimbing,
At ang mga bagay sa buong paligid di tunay sa inaakalang dating.

Tunay ang buhay! At ang buhay ay may tinutugaygay!

At di hukay ang huling panukala ng buhay;
Yamang ikaw ay alabok, babalik sa alabok,
Isang bagay na di sa kaluluwa pinatutungkol.

¹⁴⁸ Oh, sa tingin ko nga'y napakaganda nun! Ngayon, isinulat 'yun ni Longfellow, *Psalm of Life*. Kita n'yo?

Habang sumasalimbay sa maringal na karagatan ng buhay,
Para sa kapatid na nalulumbay at bagbag ang balangay,
Kapag kanyang makita, mabubuhayan muli ng pag-asa.

¹⁴⁹ Kita n'yo? Ngayon ay nakalulan na tayo, naglalayag sa maringal na karagatan ng buhay, at kay Cristo, sa barko na nasa ibabaw ng mga unos ng panahon. Kapag sumasama nang husto ang bagyo, at nananangay, nagagalak akong mayroon akong angkla na nakakapit sa loob ng tabing doon, sa isang dako. Maging kamatayan mismo'y hindi kayo kayang tangayin mula rito. Nakatali kayo sa inyong batayang ganap. Si Cristo ang ating Angkla. Ano Siya? Siya ang Salita. "Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At nagkatawang-tao ang Salita, at tumahan sa gitna natin."

¹⁵⁰ Kung ganoon, kapag nalalaman na natin na ang mga kilos natin ay eksakto sa Salita, alam natin na ang mga katuruan natin ay ganap na nakabatay sa Salita, na walang idinaragdag o walang inaalalis, sadyang ang Salita lamang. At nakikita natin ang parehong resulta, gaya sa mga iba na nakaangkla sa parehong Salita, na ipinamumuhay ang ating buhay, kung magkagayon ang angkla mo ay nakakapit nang matatag. Ang buhay ni

Cristo ay ipinamumungang muli na halos nagkatawang-tao, sa pamamagitan n'yo, kung papaano noon kay Cristo, dahil, "Ang Diyos ito na nakay Cristo, na ipinagkakasundo ang sanlibutan sa Kanya rin." At nakikita n'yo ang Diyos sa inyong sarili, na hinahawakang matatag ang parehong kilya sa Salita, nang eksakto sa kung paano ang ginawa ni Jesus noon. Nakikita n'yo ang Kanyang buhay. "Ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman ninyo, na sumasampalataya." Hindi kung sino na nagpapanggap na sumasampalataya, na nag-aakalang sumasampalataya, kundi, "Ang sumasampalataya." "Ang sumasampalataya sa Akin, ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman niya." Bakit? Nakaangkla siya sa parehong Bato. Ano 'yung Bato? Ang Salita, sa tuwina. Nakaangkla ka roon. Ito ang inyong hilagang Bituwin kapag naliligaw kayo sa dagat.

¹⁵¹ Alam n'yo, napakarami nating mga bituwin, pero mayroon lamang isang tunay na bituwin, na hindi nagpapalipat-lipat. Yun ang hilagang bituwin, dahil nakapuwesto ito sa sentro ng mundo. Kahit na nasa gawing likuran ka, gawing itaas, o saang gawi ka man naroon, pareho pa rin ang hilagang bituwin. Ito ang hilagang bituwin n'yo. Ngayon, kita n'yo, maraming bituwin ang nagpapalipat-lipat ng lugar. Pero kung ikaw ay nasa isang . . . nasa laot, aba, alam ng kahit sinong mandaragat, at sinumang mangangaso na naglilibot sa kakahuyan, haya't alam na ang hilagang bituwin ay ang inyong—ay ang inyong kinalalagyan. Ganoon mismo. Kung ganoon, para itong inyong—inyong—inyong kompas. Hindi tuturo ang kompas n'yo sa Mars, o sa Jupiter, o sa kung saan. Tuturo at tuturo ito sa hilagang bituwin. Bakit? Yun ang batayang ganap n'yo.

¹⁵² Oh, grabe! Pansinin n'yo, batayan n'yong ganap! Oh, may sasabihin akong isang bagay! Hayan nga't nararamdaman ko ito na paparating. Pansinin n'yo. Lubos na napupuspos ako sa mga oras na ito, dahil ito'y katiyakan. Pansinin n'yo.

¹⁵³ Ang kompas n'yo ay maaari lamang tumuro sa hilagang bituwin. Yun lang ang tanging lugar na maaari nitong ituro. Kung tunay itong kompas, palagi itong tuturo at tuturo sa hilagang bituwin. Tama ba?

¹⁵⁴ Kung ganoon, kung nasa inyo ang Espiritu Santo, tuturo at tuturo lamang Ito sa Salita. Hindi Nito kailanman ituturo ang isang denominasyon. Hindi Nito kailanman ituturo ang isang kredo. Hindi Nito kailanman ituturo ang isang lugar na palihis. Tuturo at tuturo Ito diretso sa Salita. Haya't pakiramdam ko nga'y parang gusto kong sumigaw. Pansinin, ito'y—ito'y isang Bagay na nasa kaibuturan ng isang tao, na pumipintig, kapag nakikita n'yo ang Bituwin n'yo na naroon, si Jesus Cristo, ang Salita. At makikita n'yo ang Espiritu na nasa kaibuturan n'yo na di ka pababayaang magawi sa kanan o sa kaliwa. At Iyon lamang ang nag-iisa na makagagawa nun. Dumarating Siya para kunin

ang mga bagay ng Diyos, para ipamalas ang mga 'yun, ihayag ang mga 'yun.

¹⁵⁵ At sinabi ni Jesus, “Kanyang gagawin nang sadyang eksakto ang mga bagay na sinasabi Ko. Kanyang ipahahayag sa inyo ang mga bagay na darating,” pauna mismong ipapakita sa inyo bago dumating ang oras, bago pa man ito makarating dito. Kita n’yo? “Kanyang kukunin ang mga bagay na Akin at ipapakita ang mga 'yun sa inyo, at ipapakita Niya sa inyo ang mga bagay na darating.” Juan 15.

¹⁵⁶ Nakikita natin na ipinapakita Niya ang mga bagay. At kinukuha Niya ang mga bagay na sa Diyos at ipinapakita ang mga ito sa inyo. At ihahayag Niya sa inyo ang mga bagay na sinabi ni Jesus. Sa madaling salita, gagawin Niyang malinaw ang bagay. Isantabi n’yo lang ‘yan diyan sa isang tabi, para mamayang gabi, dahil ‘yun ang gagamitin natin, mamaya. Sinisigurado, ginagawang positibo, kita n’yo, tapos mapag-aalaman n’yo. Kung kayo. . . Ang hilagang Bituwinn n’yo, na siyang Salita, sa kaninuman na Cristiano.

¹⁵⁷ Anumang salungat sa Salita! Tingnan n’yo. Hayaan n’yong may sabihin ako sa inyo na isang bagay. Pakinggan n’yo ito nang maigi. *Ito* ang kumpletong, Makalangit na kapahayagan ng Diyos, ang kalooban Niya, at ang Pagdating ni Cristo. Ang lahat ng bagay ay narito mismo sa Aklat na *ito*, ay kumpleto na. At kung may anumang bagay na hahatak sa inyo palayo mula Roon, itapon n’yo ang kompas na ‘yun, dahil kredong lamang ‘yan. Isa lamang itong organi- . . . Papel lang ‘yan na bulsa-bulsa n’yo, na nakasabit sa kuwarte n’yo, nakakuwadro. Kredong ‘yan. Tapos, hanapin n’yo ‘yung kompas na ituturo kayo sa Salita. Amen.

¹⁵⁸ Pansinin n’yo, noong dumating ang karanasang ito kay Pablo, nagpunta siya sa Egipto at Arabia, sa isang dako roon, at nag-aral nang tatlong taon. Luwalhati! Whew! Kinailangan niyang maging positibo. At noong makita na niya, noong patnubayan siya ng Espiritu Santo, nang salita sa salita, nagawa niyang maisulat ang Aklat ng Mga Hebreo na ‘yun at ipakita roon sa mga Judio. Tunay. Bakit? Nakasentro siya. Ipinosisyon siya nung kompas na ‘yun sa Espiritu Santo mismo sa hilagang Bituwinn.

¹⁵⁹ Ngayon, kung mayroon kayong bagay na humahatak sa inyo palayo Rito, mabuti pang iwan mo na ‘yan. Ang Anak, tuturo’t tuturo Ito sa Kanyang Salita, at tanging sa Kanyang Salita lamang, dahil dumating ang Espiritu Santo para maghayag, o pagtibayin, ang mga pangako ng Diyos. Walang kredong makagagawa nun. Walang organisasyon ang makagagawa nito. Walang mga kapangyarihan o anumang bagay ang makagagawa nito. Tanging ang Espiritu Santo lamang, sa pamamagitan ng Salita. At Siya ang Binhi.

¹⁶⁰ Ngayon, kumuha kayo ng isang butil ng trigo, isang magandang butil ng trigo, pero wala itong magagawang anuman. Patay ito hanggang sa dumating ang binhi rito. Pagkatapos ay mamumunga ito ng maraming butil ng trigo.

¹⁶¹ At si Cristo ang Buhay na 'yun, ang batayang ganap. Kung wala sa trigo 'yung batayang ganap na 'yun, hindi ito kailanman sisibol. Kung wala sa trigong 'yun ang batayang ganap na 'yun, haya't marahil napakaganda ng itsura sa panlabas, pero hindi ito mabubuhay, dahil walang kahit ano sa loob nito para mabuhay. Pero kapag may batayang ganap na 'yun, makakatingin nga ito sa mukha ng lahat ng mga kritiko't, sasabihin, "Babangon akong muli." Bakit? Dahil mayroon itong batayang ganap. Nasa loob. Siguradong babangon at babangon itong muli. At kapag ito . . . "Kung kayo'y mananatili sa Akin at ang mga Salita Ko'y mananatili sa inyo, kung ganoon ay hingin ninyo ang anumang inyong ibigin." Yun ang batayang ganap.

¹⁶² Pero kung may mga kredong kayo at lahat na ng iba pang mga bagay na nakabuhol Dito, hindi n'yo mapaghahalo ang langis at tubig. Pagsalin-salinin n'yo man at paghiwahiwalayin n'yo sa anumang paraan na ibig n'yo, hinding-hindi ito kailanman maghahalo, dahil ito'y dalawang magkaibang kemikal. At hindi n'yo maaaring gawin sa kredong ito sa Biblia, na salungat nga sa Biblia, na maghalo. Hindi n'yo maaaring ibunsod ang denominasyon at ang isinilang-na-malayang relihiyon, o, isinilang-na-malayang kaligtasan, na maghalo. Dahil, di mapapasubalian, na ang Diyos ay nakikitungo lamang . . .

¹⁶³ Sasabihin at sasabihin ko ito, ano't anuman. Hindi binabali ng Diyos ang programa Niya. Hindi Niya maaaring sirain, dahil Siya'y walang hanggan. At napagtanto ko, alam n'yo, ako, dumadaan Ito sa harap ng maraming tao. Kita n'yo? Pero hindi maaaring sirain ng Diyos ang Kanyang programa. Hindi Siya maaaring gumawa ng isang bagay sa *isang* araw, at papalitan ito, gagawa ng isang bagay, na sinasabing mali ito noong araw na *'yun* noon.

¹⁶⁴ Hindi nakikitungo ang Diyos sa grupo-grupo ng tao. Nakikitungo ang Diyos sa isang indibiduwal, dahil ang mga tao'y may iba't ibang kaisipan. Ginawa ang tao na iba't iba, sa kalikasan. Kinakailangang kunin ng Diyos ang indibiduwal na 'yun, at lamukusin siya, at batakin siya, palabas sa ganang sarili niya, hanggang sa maipadako Niya ang taong ito sa Kanyang kalikasan. Kita n'yo? At saka makikitungo ang Diyos sa taong ito. Tingnan n'yo sa lahat ng mga panahong nagdaan, si Noe at si Moises, ang mga propeta, hindi kailanman dalawa sa kanila ang nagsabay. Isa, sa tuwi-tuwina, hanggang sa dulo ng kapanahunan.

Kaya naman, kung sasabihin n'yo, "Sa karamihan ng payo ay may kaligtasan."

165 Tingnan n'yo, gaya ng ipinangaral ko rito di pa katagalan, sa tabernakulo, nandun si Ahab, at nandun si Josaphat, at papunta sila sa Ramoth-Galaad, para itulak paatras ang mga kalaban. Kung tutuusin sa simulain, tama naman sila, sa kanila naman talaga ang lupain. At ang—ang kaaway, ang mga taga-Syria roon, ay binubusog ang tiyan ng sarili nilang mga anak ng mga trigo na dapat sana'y para sa mga Israelita. Pag-aari 'yun na kaloob ng Diyos, kaya, kung tutuusin, napakainam nun kung iisipin. "Sumama ka sa akin, at umahon tayo roon, at itulak natin ang mga kaaway palabas ng lupain." Buweno, mukhang napakaganda nun. Kung tutuusin sa simulain, tama 'yun, pero may mga dapat isaalang-alang.

166 Si Josaphat, bilang isang mabuting lalaki, siya'y nagsabi, "Pero hindi ba't dapat tayong sumangguni sa Panginoon?"

167 Mangyari nga, na si Ahab, na tumalikod sa pananampalataya, ang sabi niya, "Buweno, sige." Alanganing mananampalataya, alam n'yo na. Sabi, "Oh, sige't, dapat pala'y naisip ko na 'yun. Mayroon akong apatnaraang propetang Hebreo. Apatnaraan sila, pinapakain ko sila, inaalagaan ko. Sila ang pinaka mahuhusay sa bansa. Ipatatawag natin sila."

168 At lahat sila'y lakip-lakip mismo, nagkakaisa, ang sabi nila, "Umahon ka. Kasama mo ang Panginoon." Kung tutuusin sa simulain, tama sila, pero hindi nila nakuha 'yung batayang ganap.

Pagkatapos nun ay nagsabi si Josaphat, "Wala na bang isa pa?"

169 Sabi, "Oo. May isa pa, pero kinapopootan ko 'yung isa na 'yun." Sabi niya, "Palagi na lang masama ang sinasabi niya tungkol sa akin, kita mo, ganoon ang bukambibig."

170 Papaano siya makapagpropesiya nang mabuti, gayong ang buong Salita, si Elias na nauna bago sa kanya, ay nagwika na mismo kay Ahab, "Didilaan ng mga aso ang iyong dugo"? Ngayon, papaanong makapagsasaysay ang pinagtibay na propetang 'yun ng anuman na hindi kalooban ng Diyos? At hayan nga, na, "Kakainin ng mga aso si Jezebel, at ang dumi'y magkakalat sa kabukiran, upang hindi sila makapagsabi, 'Dito nakahimlay si Jezebel.'" Yamang ganoong sumpa sa isang tao, papaanong makapagwiwika ng pagpapala ang sinuman?

171 Ganoon din sa panahon ngayon. Papaano pagpapalain ng isang tao ang mga bagay na ito na naglalayo sa mga tao mula sa Diyos sa tuwina? May isang bagay lamang na dapat gawin, kung kinakailangan mong manindigang mag-isa: sumpain mo ang bagay, sa Pangalan ng Panginoon, at manatili ka Rito, kapag ikaw ay ganap na sigurado.

Sasabihin n'yo, "Buweno, Kapatid na Branham, itinutulak mo ang mga tao na magalit sa'yo."

172 Mamahalin naman ako ng Diyos. Yun ang aking batayang ganap. Hindi sumandig sa isang bisig na laman. Kinakailangan n'yong sumandig sa Salita, kung ano ang sinabi ng Diyos na gawin.

173 Papaano nalaman ni Micaya na tama siya? Naghintay siya. Nagkaroon siya ng isang pangitain. Nagkaroon sila ng pangitain, din naman, pero hindi nga lang maihambing ang pangitain na 'yun sa Salita. At ngayon, ganoon na ganoon din. Inihambing ni Micaya ang kanyang pangitain sa Salita, at pagkatapos ay nakita niyang siya at ang Salita ay magkalakip. Sa panahong ito, kung salungat ang pangitain mo sa Salita, isantabi mo ito, dahil maling batayang ganap ito. Ang batayang ganap ni Micaya ay eksaktong lumalakip sa Salita, kaya naman nakatitindig siya't nakapagsasabi, siya, na ang bagay na sinalita niya, ay haya't—haya't sinasampalatayanan ito.

174 Noong, sinampal nila siya sa bibig, at pinagsabihan, “Saan nagdaan ang Espiritu ng Diyos?”

175 Ang sabi, “Malalaman mo kapag naroon ka na sa pinakaloob na piitan.” Tama.

176 Sabi nito, “Pagbalik ko nang payapa. . . Ipiit n'yo ang lalaking ito sa loob na bilangguan, at pagbalik ko nang payapa,” sabi ni Ahab, “ako ang bahala sa lalaking ito.”

177 Oh, ngayon, Micaya, papaano na? Pupugutan ka ng ulo pagbalik niya. Tumayo roon si Micaya na kasing tapang ng pagtayo ni Esteban. Amen. Kasing handa gaya ng aking Panginoon na lumakad patungo sa krus. Kasing luwag sa kalooban nung pagpasok ni Daniel sa yungib ng mga leon, o pagpunta nina Sadrach, Mesach, at Abednego sa pugon. Walang pagdadalawang-isip! Tumindig siya roon at nagsabi, “Kung makakabalik ka pa . . .” Bakit? Sigurado kasi siya. “Kung makababalik ka, ang Diyos ay di nagsalita sa akin. Pugutan mo ako ng ulo kung ganoon.” May tangan-tangan siyang batayang ganap. Alam niyang ang kanyang kompas, na pumatnubay sa kanya patungo sa pangitaing ito, ay eksakto mismo sa hilagang Bituwin. Siyanga, po. Nakakapit ang kanyang angkla, oo, sa Salita at Dito lamang.

Kung sigurado ka, kung mayroon kang batayang ganap sa buhay mo . . .

178 May panahon kung saan, alam n'yo, nagkaroon ng batayang ganap ukol sa mga tuntunin ng kagandahang asal. Hindi ko lang maisip 'yung pangalan nung babaing 'yun, pero may kumpiyansa ang buong bansa sa sinasabi ng babaing 'yun. Nakalimutan ko lang ang pangalan niya. Gumagawa ako ng tala rito. Hindi ko lang maisip ang pangalan nung babae, kung ano 'yun. Pero dito, ilang taon na ang nakalipas, mayroon ngang . . . ang babaing ito, may sinasabi siya, kung sabihin niya na hawakan ang kutsilyo sa kaliwang kamay, 'yun na—'yun na 'yun, 'yun ang batayang

ganap. Siya ang—ang huling pasya sa lahat ng ito. At kung hahawakan mo ang tinidor sa kaliwang kamay, hayan nga na ganap na mali ka. Ano nga uling pangalan niya? [Sinasabi ng kongregasyon, “Emily Post.”—Pat.] Oh, ’yun nga. Mismo. Oo. Siya na nga. Ngayon, kayo nga’y—kayo nga’y nakabatay. . . Siya ’yung—siya ’yung batayang ganap ukol sa mga tuntunin ng kagandahang asal. “Na ganoon dapat ang pamamaraan.” Gaya ng, oh, marami ang makikita natin na ganoon noon. Pero, nalaman natin, ngayon wala na ito. Sige’t bahala kang kumain sa paraan na gusto mo. Siyanga, po. Buweno. Pero ’yun nga ’yung batayang ganap ukol sa mga tuntunin ng kagandahang asal. “Kailangan na gawin ’yun sa ganoong pamamaraan.”

¹⁷⁹ Nagkaroon ng panahon kung saan si Adolf Hitler ang batayang ganap noon ng Alemanya, ano man ang sabihin niya. Kapag sasabihin niya, “Tumalon ka,” tumatalon sila. Sasabihin niya, “Pumatay,” pumapatay sila. Milyun-milyong Judio, tango lang ng ulo. Nakita n’yo kung anong nangyari sa ganoong klase ng batayang ganap? Mistula nga itong kapangyarihan, pero salungat ito sa Salita.

“Paano mo nalaman na salungat ito sa Salita?”

¹⁸⁰ Sinabi ng Diyos. Noong nagtangka si Balaam na tanawin ang Israel, para sumpain ito, ang sabi niya, “Aking nakikita siya na parang isang mabangis na toro. Gaanong katuwid mismo ang iyong mga tolda! Ang sinumang magsumpa sa iyo ay susumpain. Ang sinumang magpala sa iyo ay pagpapalain.”

¹⁸¹ Dapat sana’y nakita ’yun ni Hitler. Dapat sana’y nakita nila ’yun na mga Cristianong Aleman, kita n’yo, ang batayang ganap na ’yun. Ganap na salungat sa Salitang ’yun. Alam n’yo, gaya nga ng sabi-sabi, “Ang tao. . . Diyos ang gumawa ng tao, pero tao ang gumawa ng mga alipin.” Sinusubukan ng isa na pamunuan ang isa pa. Haya’t may isa tayong Tagapamuno, ’yun ay ang Diyos.

¹⁸² Pero si Hitler ang batayang ganap ng Alemanya. Tingnan n’yo mismo. Ngayon, nakita n’yo na kung anong nangyari? Ito’y ang maling batayang ganap. Bakit? Salungat kasi ito sa Salita. At ngayon nakikita n’yo mismo kung saan humantong ang lahat ng ito: sa kahihyan.

¹⁸³ At kung ang batayang ganap n’yo ay nasa kung anong organisasyon, o sa kung anong sensasyon, o sa kung anong ibang bagay maliban sa Persona ni Jesus Cristo, hahantong at hahantong kayo sa parehong bahagi ng kahihyan, na anupa’t mas masahol pa, kita n’yo, kung ang batayang ganap n’yo ay hindi si Cristo. Yun lang ang tanging sentrong haligi ng buhay ng tao, at si Cristo ang Salita, hindi ang simbahan n’yo, kundi ang Salita. Kita n’yo? “Sa ibabaw ng batayang ganap na ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesya,” kay Cristo, ang Salita.

¹⁸⁴ May panahon noong si Mussolini ang batayang ganap ng Roma. Hindi ko alam, baka nabasa ko ito sa isang artikulo, o

maaaring nabasa ko ito sa isang aklat, o may nakapagbanggit sa akin, anupa't noong may kinakapanayam daw si Mussolini. Siya'y . . .

¹⁸⁵ Gusto niyang—gusto niyang dalhin sa Roma ang mga atleta, magkaroon ng atletika. At may isang malaking estatwa na dating nakatayo roon, sa imahe niya, ukol sa atletika. Mainam naman. May ganoon nang ideya ang Gresya maraming taon na ang nakalipas. Noon pa man ay sinusubukan na ng Roma na magkaroon nito. Wala namang problema sa atleta, pero—pero ang atletika. Anupa't—anupa't tandaan n'yo, hindi 'yun makahahalili kay Cristo. Gaano pa man kayong kalakas, walang kinalaman 'yun dito. Siya ang buong kapangyarihan. At nakikita n'yo kung saan niya sinikap itayo ang Roma. At sinikap niyang itayo ang Roma sa ibabaw ng bagay na batayang ganap, na siya ang batayang ganap.

¹⁸⁶ At kuwento—kuwento nga nila, isang araw, na ang kanyang—ang kanyang—ang kanyang tsuper noong araw na 'yun ay napaaga nang isang minuto, at binaril niya ang tsuper. Ang sabi ba naman, “Hindi ko sinabing, ‘Pumunta ka rito ng isang minuto bago ika-siyam.’ Ang sabi ko, ‘Pumunta ka rito ng ika-siyam.’” Pow! At binaril ang tsuper. Kita n'yo? Kita n'yo? “Ayaw ko na narito ka nang isang minuto bago ang takdang oras. Gusto ko narito ka ng ika-siyam.” Kita n'yo? Tingnan n'yo kung anong klaseng batayang ganap ang tinatangka niyang gawin ang sarili niya. Pero nakita n'yo mismo kung anong nangyari?

¹⁸⁷ Maaalala n'yo, marami sa inyo rito, na mga datihan na, si Roy Slaughter, marahil, at mas malaon pa roon, marahil naaalala n'yo sa dako roon noong sabihin ko sa inyo ang tungkol sa propesiya. Isang araw noon, doon sa gusali ng Odd Fellows, bago pa tayo namalagi rito, nabanggit kong, “Hahantong si Mussolini sa isang kahiya-hiyang wakas.” Sinabi ko, “Ang unang pagsalakay niya, lulusob siya sa Ethiopia, at babagsak sa paanan niya ang Ethiopia. Pero hahantong siya sa kanyang wakas, at walang tutulong sa kanya. Sa kahihyan ay ililbing siya.” Ganoon nga ang nangyari sa kanya.

¹⁸⁸ Sabi ko, “May tatlong ismo ang uusbong. Nazismo, pasismo, at komunismo.” Sinabi ko, “Inog ang mga ismo na 'yun at magsasanib sa isa, at magiging komunismo. Matyagan n'yo. Susunugin ng komunismo ang Roma.” Kita n'yo?

¹⁸⁹ Matyagan n'yo. Uh-huh. Isa itong kasangkapan sa kamay ng Diyos. Iniisip nilang laban sila sa Diyos. Pero kumikilos sila mismo patungo rito, sa tuwina, na hindi ito namamalayan. Ginagamit Niya lang sila bilang kasangkapan, uh-huh, isang kasangkapan sa Kanyang kamay, katulad ng ginawa Niya kay Nabucodonosor at sa marami pang iba. Ngayon pansinin. Kita n'yo, ngayon.

¹⁹⁰ May panahon na ang Faraon ang batayang ganap ng Egipto, pero tingnan n'yo kung saan na ito humantong ngayon. Kita n'yo? Nabigong lahat ito.

¹⁹¹ Oh, maling klase ito, kaya nabibigo sila sa tuwina. Sila'y mga gawang-tao na mga batayang ganap. Hindi mo maaaring kunin ang isang gawang-tao na batayang ganap. Wala akong pakialam kung ito ba'y isang—isang presidente, kung ito ba'y diktador, kung ito ba'y hari, kung ito ba'y iglesya, kung ito ba'y organisasyon, kung ito ba'y kredo. Alinman sa mga bagay na 'yan ay maglalaho, katulad ng lahat ng mga batayang ganap na ganoong klase sa mga nagdaang kapanahunan.

¹⁹² Maaari tayong magbalik-tanaw. Magbalik-tanaw. Tingnan n'yo ang mga tao na nagtiwala sa mga emperador. Tingnan n'yo ang mga taong nagtiwala sa mga diktador. Tingnan n'yo ang mga tao na itinatag ang kanilang mga pag-asa sa ganoong klase ng mga batayang ganap, at tingnan kung nasaan na sila mismo ngayon.

¹⁹³ Ngayon bumaling naman tayo at tingnan ang mga tao na inilagag ang kanilang mga pag-asa sa Biblia, sa Salita ng Diyos, at pinanghawakan Ito bilang batayang ganap. Tingnan n'yo kung nasaan na sila ngayon.

¹⁹⁴ Naglahad sa inyo si Pablo ng maikling buod nila, sa Mga Hebreo, sa ika-11 na kabanata, kung anong ginawa ng mga taong ito. “Kung paanong lumupig sila ng mga kaharian, nagsigawa ng katuwiran, at iba pa. At sila'y nagsilakad ng paroo't parito na suot ay balat lang ng mga tupa at kambing. Na sa mga iyon ay hindi karapat-dapat ang sanlibutan.” [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Naghihintay sa Kaluwalhatian para sa dakilang pagkabuhay na mag-uli na 'yun. Kita n'yo? Buweno. Sapagkat sila, ang ilan sa kanila, ay hindi—hindi nakamit ang mga himalang ito, at ibinigay nila ang kanilang mga katawan, papaano't paanuman, na umaasa sa pagkabuhay na mag-uli na 'yun. Ang tapusin ang kanilang mga buhay, hindi nila ito alintana. Ginusto nilang magpatuloy at ihandog ang kanilang mga sarili, para makamit nila ang pagkabuhay na mag-uli na 'yun, at 'yun ang ginawa nila.

Ngayon, mga batayang ganap, ang pinag-uusapan natin, ay batayang ganap.

¹⁹⁵ Alam n'yo, ang Korte Suprema natin ay isang batayang ganap. Yun ang batayang ganap. Yun ang—'yun ang sukdulang wakas ng lahat ng mga argumento sa bansang ito. Siyanga. Ang kanilang pasya ay isang batayang ganap, sa Korte Suprema natin. Tama. Oh, alam kong kung minsan ay ayaw natin ito, pero ito'y—ito'y isang batayang ganap, ano't anuman. Siyanga, po. Papaano kung wala tayo nun? Kung ganoon ay ano na? Pero 'yun nga'y isang batayang ganap. Tunay nga. Bakit? Mangyari nga, na ang ating bansa, ay nakatali roon. Kapag napagpasyahan

na sa wakas ng Korte Supremang 'yun ang kanilang sukdulang pagpapasya, 'yun na 'yun. Wala nang iusad pa. Saan pa kayo pupunta, pagkatapos nun? Susundin n'yo mismo ang kanilang pasya, ganoon nga. Kailangan n'yong sumunod. Sila ang huling salita. Sila ang amen.

¹⁹⁶ Maaari kayong magpalitis sa isang lokal na hukuman ng siyudad. Maaari kayong magpalitis sa mahistrado, tapos iakyat sa federal, sa lahat na ng uri ng mga korte, at sa federal na hukuman. Pero kapag dumating na tayo sa Korte Suprema, 'yun na 'yun. Tama. Kung minsan ayaw natin ito, na masasabi natin, "Buweno, ayaw ko ng pasya nila," pero subukan n'yong isawalang-bahala ito nang minsan. Yun ang batayang ganap ng bansa. At papaano kaya kung wala tayo nito? Siyanga.

¹⁹⁷ Kailangan may isang batayang ganap tayo. Kinakailangan na ang bawat isa'y mayroon. Mayroon kayo. Pero ang sinisikap kong sabihin sa inyo, ipambungad na tagpo roon, haya't ang ipakita sa inyo kung ano ang mga batayang ganap.

¹⁹⁸ Ngayon, ang Korte Suprema ng bansa ay ang batayang ganap ng bansa. Yun ang huling bagay sa anumang uri ng alitan. Yun ang tagatapos. Kung ano ang sasabihin nila, 'yun na 'yun.

¹⁹⁹ May isang batayang ganap sa isang laro ng beysbol. Yun ang umpire. Oh, tama. Kung minsan ayaw natin ang kanilang pasya, mangyari nga, pero 'yun—'yun—'yun na talaga, ano't anuman. Ang umpire, ang desisyon niya ay pinal, siyanga, kahit ano pa ang sabihin ng iba. Kapag sinabi niyang ito'y strike. Yun na 'yun. Hayan nga. Kahit ano pa ang sabihin ng iba, wala 'yung magiging anumang kinalaman dito. At sige't bulayin natin mismo. Kung kayo. . . Ako po'y hindi nagpupunta sa mga palaro ng beysbol, haya't nailista ko lamang 'yun. Ang isang umpire, siya ang batayang ganap sa laro ng beysbol.

²⁰⁰ Sasabihin ng isa sa kanila, "Bola ang hatol." Sasabihin ng isa, "Sinungaling ka." Sasabihin *ganito*, "*Ganoon* ito. Dapat *ganito* 'yun."

²⁰¹ Sasabihin ng umpire, "Strike!" Makikita mo ang iba magsisipuntahan sa kanilang kinauupuan at mauupo. Sasama nga ang loob ng ilan. Hayan pa nga't nakikinita ko na tutol sila sa kanya roon, sa kanilang puso't, mga bagay-bagay, pero 'yun nga'y "strike" kahit anong mangyari. Bakit? Siya kasi ang huling hatol.

²⁰² Sasabihin nung first baseman, "Alam mong lumampas." Sasabihin nung isa pa, "Alam mong ano 'yan. . ."

²⁰³ Sasabihin niya, "Strike." Uh-huh. Yun na 'yun. Tumahimik ka nga't, bumalik sa iyong puwesto.

²⁰⁴ Papaano kung walang umpire sa larong beysbol? Naku! Makikinita n'yo ba kung anong kakahinatnan ng ganoong klaseng laro? Sasabihin ng isa sa kanila, "Strike 'yun." Sasabihin

nung isa na *ganito* raw. Sasabihin nung isa naman na *ganoon* daw. Sasabihin nung isa pa, “Sinungaling kayo.” Magkakaroon talaga ng bangayan at pagtatalo.

²⁰⁵ Para magkaroon ng maayos na laro, kailangan mayroon kayong isang batayang ganap. At lalabas siya roon, at kahit pa ayaw n’yo sa kanya, o kung ano, siya—siya ang batayang ganap, kahit anong mangyari. Siya ang batayang ganap. Ang salita niya ang huling hatol, kahit ano pa ang sabihin mo tungkol dito. Ganoon ’yun. Ngayon, kung wala sila, hahantong nga ang buong laro sa kaguluhan. Tama ba?

²⁰⁶ Ano kaya ang kahahantungan ng bansa kung walang federal na hukuman? Kung walang Korte Suprema sa bansang ito, ano na lang ang kahahantungan nito? Saan sila makadudulog? Magkakagulo ang bansa. Kung walang. . .

²⁰⁷ Kung walang umpire sa larong beysbol, gulo ang kahahantungan, hindi mo magagawa ’yung unang bato nang walang magbabangayan. May tatayo roon, at baka sumugod pa nga mismo sa plate, tapos sasabihin nung isang lalaki, “Oh, hindi. Hindi, hindi. Hindi ganoon.” Pagkatapos, magkakalablabo na. Unang bola pa lang na ibabato, magtatalo-talo na sila. Sasabihin nung isa sa kanila, “Strike ’yun.” Sasabihin nung isa pa, “Hindi ’yun strike.” Kita n’yo?

²⁰⁸ Kinakailangan mayroon kang isang tao na nakatali sa kanya ’yung laro, at ’yun ’yung umpire. Kapag sinabi niyang, “Strike,” strike talaga. Kung sabihin niyang, “Bola,” bola ang hatol. Ano man ang sabihin niya, ’yun ang susundin. Ganoon lang. At kung hindi, wala kayong laro.

²⁰⁹ Hayaan n’yong ipakita ko sa inyo ang isa pang batayang ganap, ’yung ilaw na pula. Ang isang ilaw na pula, kapag sinabi nitong “hinto,” ang ibig sabihin ay huminto. Kung magdidire-diretso ka, pagbabayaran mo ito. Pero kung walang anumang ilaw trapiko ang siyudad na ito sa labas, mga ilaw na nagpapahinto, ano kayang kahihinatnan ng siyudad na ito? Kita n’yo? Kinakailangan may batayang ganap ito. Wala akong pakialam kung ano man ang sabihin ng pulis, o sabihin ng sinupamang iba, na nakatayo roon. Pumapangalawa lang sila. Kung may manguwestiyon dahil nagdire-diretso ka sa ilaw na berde, wala akong pakialam kung ano man ang sabihin ng pulis, mali sila. Kapag sinabi ng ilaw na “abante,” ang ibig ngang sabihin ay umabante. Yun ang batayang-ganap. Mapaninindigan mo ’yun, dahil ang sinasabi ng ilaw ay “abante.” Maaaring may nakatayong pulis sa isang dako roon, maaaring ’yung alkalde ng siyudad, sa isang lugar, walang kaso nga ’yun. Kung may katibayan kang ang iniilaw ay “abante,” aabante’t aabante ka mismo. At kapag binunggo ka ng kung sino, sila ang may kasalanan. Maipapakita mo ang katibayan. Siyanga.

At magagawa nating patunayan ang sinasabi natin. Tama.

²¹⁰ Ngayon, paano kung walang ilaw na pula? May tao sa isang tawiran, at ito . . . tingnan n'yo kung anong mangyayari. Sasabihin ng isa, "Hoy! Umalis ka sa daan. Nagmamadali ako. Kailangan kong magtrabaho. Atrasado na ako ngayon. Didiretso ako." Sasabihin nung isa pa, "Iniisip mo lang na ikaw. Dahil, ako dapat ang tatawid, dahil nauna ako rito." At nakikinita ko na ang isang babae na lalabas dun at mag-aayos ng buhok. Siyanga't papaano kung wala tayong ilaw na pula? Hindi ba't magkakabuhol-buhol ang trapiko!

²¹¹ Ganoon ang nangyayari sa mga kaiglesyahan. Kita n'yo? Siyanga. Yan ang dahilan kung bakit mayroon tayong napakatinding makadenominasyon na pagkakabuhol-buhol. Oo. Ganoon na nga mismo. Walang nakararating kahit saan. Nakatayo sila, nagtatalo-talo.

²¹² *Heto* ang Ilaw ng Diyos. Kapag sinabi Nito na "abante," umabante ka. Kapag sinabi Nito "hinto, hanggang diyan na lang," kung ganoon ay huminto ka. Siyanga. Diyan tayo bumabatay, Diyan mismo, sa Salitang 'yun, hindi sa kung anong sinasabi-sabi ng isang grupo ng mga tao, o ng iba pang grupo ng mga tao. Sinabi ni Jesus, "Lalakip ang mga tandang ito sa mga magsisisampalataya." Humayo tayo. "Humayo kayo sa buong sanlibutan, ipangaral ninyo ang Ebanghelyo sa bawat nilalang."

²¹³ Alam n'yo, maganda man ang edukasyon, pero hindi 'yan ang hiningi ni Jesus. Siyanga. Mabuti man ang mga simbahan, mga gusali, hindi Niya hiningi ang mga 'yan. Mabuti man ang mga ospital; tayo, mga kaiglesyahan, haya't nagpapatayo tayo ng mga ospital. Mainam 'yan. Pinasasalamatan natin 'yan. Pero hindi Niya 'yan kailanman hiningi.

²¹⁴ Sinabi Niya sa Iglesya, "Ipangaral ninyo ang Ebanghelyo." Ang Ebanghelyo'y hindi lamang dumating sa Salita, kundi sa kapangyarihan at pagpapamalas ng Salita. Sinabi ni Pablo. Kung ganoon ay humayo kayo, ipamalas ninyo ang Ebanghelyo, oh, grabe, kung sa ganoong paraan mismo ito.

²¹⁵ Oh, tayo, sa panahong ito, nabubuhay tayo sa panahon na nasa atin ang pinaka mahuhusay na mga doktor na nagkaroon tayo kailanman. Nasa atin 'yung pinaka mabibisang gamot na naipanggagamot natin. Alam n'yo 'yan. At saludo tayo sa mga taong 'yan. Ipinapanalangin natin sila. Ipinapanalangin ko, at sana'y ipinapanalangin n'yo rin. Ang mga taong 'yun, na sa pamamagitan ng kanilang pang-unawa ng pakiramdam . . . May dalawang pandama sila na ginagamit, 'yung paningin at 'yung pakiramdam, at kanilang . . . at pakinig. Ginagamit nila 'yung tunog ng puso, o 'yung—'yung pagkapa sa isang tumor, o kung ano, o sa pagtingin ng isang bagay na nakikita nila, pagkalat ng sakit, o—o bagay na nasa mukha, na bumabalot sa mukha o sa katawan, sa kung saan. Sila'y—sila'y kumikilos sa pamamagitan

ng mga bagay na 'yun. Kita n'yo? Dahil 'yun ay... At ingat na ingat sila sa pagsusukat ng gamot, at may sapat na dami lang para mapuksa ang sakit, na hindi ka mapapatay, at—at kung ano pa. Hindi nila... Ingat na ingat sila, sa trabaho nilang 'yan. At pinasasalamatan natin 'yan. Napakainam nun. Pero, gayong nasa atin ang pinaka mahuhusay na mga doktor, pinaka mabibisang gamot, pinaka maaasahang ospital, anupa't mas maraming sakit ang mayroon tayo kaysa dati.

²¹⁶ Mas marami ang kawalan natin ng pananampalataya kaysa dati. Siyanga, po. Mismo. Inorganisa ng mga ministro ang kanilang sari-sarili, at may malalaking mga denominasyon, at tanggap nang tanggap ng kung anu-ano, at iba pa, at kung anu-ano mismo, gumagawa ng miyembro ng simbahan. At pinadadala sila sa kung anong seminaryo, tulad ng manok sa inkubador, at pinipisa sila gamit ang isang mekanismo na inilalabas sila nang gaya nun, at kung minsan pa nga'y mas kulang ang nalalaman tungkol sa Diyos kaysa sa isang Hottentot na may alam tungkol sa isang mandirigmang Egipcio. Inilalabas sila sa ganoong paraan, at hayan tuloy. Kita n'yo?

²¹⁷ Oh, ang kailangan natin sa ating mga simbahan ay isang tao na may batayang ganap. Ang kailangan natin sa isang iglesyang Methodist, sa iglesyang Baptist, sa iglesyang Pentecostal, sa iglesyang Presbyterian, ay isang batayang ganap, isang tao ng Diyos na maninindigang nakatali sa Salita at kay Cristo, at dadalhin ang kongregasyong 'yun sa ilalim ng ganoong kalagayan kung saan ang bawat miyembro'y lumalakad sa kondisyon ng Salitang ito, nakikita ang Salitang 'yun na nahahayag, na lumalakip sa kanila, "Lalakip ang mga tandang ito sa magsisisampalataya, sa buong sanlibutan."

Ang sabi nila, "Lipas na 'yun."

²¹⁸ Sinabi ni Jesus, "Humayo kayo sa buong sanlibutan, ipangaral ang Ebanghelyo sa bawat nilalang." Hindi pa natin nararating ang buong mundo, at malayong-malayo pa sa pagiging bawat nilalang. Gaanong kalayo? "Buong mundo." Kanino? "Bawat nilalang." Anong mangyayari? "Lalakip ang mga tandang ito sa magsisisampalataya. Magpapalayas sila ng mga demonyo sa Aking Pangalan. Magsasalita sila ng mga bagong wika. Kung makahawak sila ng ahas, o makainom ng bagay na nakamamatay, ay hindi 'yun magiging panganib sa kanila. Kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, sila'y magsisigaling." Yun ang batayang ganap na nakakapit doon, ang Salita, ang hilagang Bituwin, ang kompas na 'yun na nananatili Rito. Yun ang kailangan natin.

²¹⁹ Pero lumabas tayo at nagtayo ng mga institusyon, inorganisa ang mga tao, kumuha ng mga miyembro, at nakikipagtalo sa mga Baptist dahil hindi sila naniniwala sa paraan ng paniniwala natin, at sa mga Methodist dahil hindi sila naniniwala, sa

ganitong paraan. At—at nagpipisa tayo ng mas malaking seminaryo, nagpapatayo ng mas malaking simbahan, at mas magagarang upuan, at mas malaking organ, at kung anu-ano pa, at mas maayos na bihis na mga dumadalo, at naroon ang alkalde't lahat sa simbahan. At anong natamo natin? Isang bunton ng kamatayan, nakatali sa isang makadenominasyong batayang ganap. Kamatayan! Oh, huwag sanang mangyari!

²²⁰ Mamatay man ako sa aking landas, ang batayang ganap ko ay si Jesus Cristo, doon nakalagak ang aking paniniwala, magsialisan man ang lahat. May nagsabi, sinabi ni Dr. Davis sa akin, “Billy, kung mangangal ka ng ganyang bagay, aba’y kalaunan sa mga poste ng simbahan ka na lang mangangaral.”

²²¹ Sabi ko, “Kung ganoon ay ipapangaral ko pa rin ang Salita ng Diyos maging sa mga poste, kung ganoon, dahil makakapagpalitaw ang Diyos ng mga anak ni Abraham mula sa mga posteng ito.” Tama. Ang Salita ng Diyos ay totoo.

Sabi, “Sa tingin mo ba’y paniniwalaan ka nila?”

²²² Sabi ko, “Hindi ito. . . Hindi na ako ang bahala roon. Ang trabaho ko’y manatiling tapat sa Salitang ’yun.” Siyanga.

²²³ Sabi, “Sa tingin mo ba’y kaya mong harapin ang isang edukadong mundo na tulad nito, kamit-kamit ang teolohiya ukol sa—ukol sa Makalangit na pagpapagaling?”

²²⁴ Sabi ko, “Hindi ko naman ito sariling Makalangit na pagpapagaling. Kanyang pangako ito. Siya ang nabigay ng utos.” Oh!

²²⁵ At naaalala ko noong bumaba Siya roon sa malaking Liwanag na ’yun, habang nakatayo ako roon sa may ilog, 1933, ng Hunyo, noong sabihin Niya, “Kung papaanong—kung papaanong isinugo si Juan Bautista at naging tagapanguna sa unang pagdating ni Cristo, ay isinusugo naman Kita dala ang isang Mensahe sa mundo, para maging tagapanguna sa ikalawang Pagdating ni Cristo.” At umikot Siya sa buong mundo, na pinagniningas ang mga apoy ng rebaybal sa loob ng labinlimang taon sa halos lahat ng bundok. Makalangit na pagpapagaling sa mga bansa, at may kapangyarihan, at pagpapanumbalik.

²²⁶ At ngayon ay naniniwala akong handa na Siya para paratingin ang huling sukdulan sa ibayo, para mailabas ang isang Pananampalatayang aagaw sa Iglesia papunta sa Kaluwalhatian. At naroon Ito sa mga Mensahe. Nasa huling panahon na talaga tayo. Napag-usapan na natin ang tungkol dito, at lahat na, anupa’t ang bagay na ito ay nasa atin na ngayon. Oo. Siyanga, po. Narito ang isa. Siyanga.

²²⁷ Ang—ang—ang ilaw na pula, gaya nga ng sinabi ko, ito ang tumatapos. Ganoon lang. Sinasabi sa inyo nung ilaw na pula kung sino ang aabante. Kahit na ano pa ang sabi-sabihin ng

sinuman, ang mahalaga ay 'yung bagay na sinasabi ng ilaw na pula. Talagang magkakabuhol-buhol ang trapiko kung hindi n'yo—kung hindi n'yo isinasaalang-alang ang ilaw na pula. Kinakailangan kasi na mayroong isang batayan. Siyanga, po.

228 Katulad sa Iglesya, kinakailangan na mayroong batayang ganap. Sa mga tao sa Iglesya, kinakailangan na magkaroon kayo ng inyong batayang ganap.

229 Pero, ngayon, ang bawat iglesya'y may kanya-kanyang batayang ganap. Kita n'yo? At huwag n'yong susubukang kunin lang 'yung, “Pinaniniwalaan naming mga Baptist ang *ganito*. Pinaniniwalaan naming mga Methodist ang *ganito*. Pinaniniwalaan naming mga Presbyterian ang *ganito*. Pinaniniwalaan naming mga Pentecostal ang *ganito*.” Ayos lang 'yan, pero bakit di n'yo kunin ang iba pa Nito? Ano bang mali sa iba pa Nito?

230 “Naniniwala kaming mga Baptist sa paglulubog.” Mabuti 'yan. Papaano naman ang bautismo ng Espiritu Santo, ngayon? Papaano naman ang pagsasalita ng mga wika? Papaano naman ang mga kaloob ng pagpapagaling? Papaano naman ang propesiya? “Oh, hindi. Hindi namin pinaniniwalaan. Yan, 'yan kasi'y para sa ibang nagdaang kapanahunan.” Oh, naku!

231 Mga Pentecostal, sinasabi n'yo, “Buweno, naniniwala kami sa pagsasalita ng mga wika, bilang katibayan.” Mabuti, ang pagsasalita ng mga wika'y mainam, pero hindi pa rin 'yun ang katibayan. Maraming tao ang nagsasalita ng mga wika, totoo naman, at hanggang doon lang sila. Nagagawa ng diyablo na gayahin ang kahit anong kaloob na mayroon, anumang kaloob na nasa Biblia.

232 Sinabi ni Pablo, “Kahit ako'y magsalita ng mga wika ng mga tao at mga Anghel, kahit ibigay ko ang aking katawan para sunugin bilang isang hain, kahit ipagbili ko man ang lahat ng aking ari-arian para ipakain sa mga dukha, at kahit magkaroon ako ng pananampalataya para mapalipat ang mga bundok, kahit nag-aral pa ako sa seminaryo at natutunan ang lahat ng mga kaalaman na matututunan, wala pa rin akong kabuluhan.”

233 Ito'y ang Persona ni Cristo. Si Cristo, tanggapin n'yo Siya, at hindi n'yo Siya matatanggap nang hindi n'yo tinatanggap ang Kanyang Salita. Kinakailangang mauna ang Salita, saka darating ang Buhay sa Salitang 'yun at ihahayag ang Salitang 'yun.

234 Hindi ba't sinabi ni Jesus, “Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, kung ganoon ay huwag ninyo Akong paniwalaan”? Yun ang Salita ng Diyos na nahahayag. Ang Diyos na nakay Cristo, ay pinakipagkasundo, inihahayag ang Kanyang Sarili sa sanlibutan, kung ano Siya. Yun ang—'yun ang batayang ganap. Yun ang Walang Hanggang batayang ganap doon.

235 Ngayon, sasabihin n'yo, "Yun ba ang Walang Hangan, Kapatid na Branham?" Yun nga. "Kung ganoon paano naman sa panahong ito?"

236 Sinabi ni Jesus, "Ang sumasampalataya sa Akin, ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman niya." Ito nga'y ang siya ring batayang ganap. Buweno.

237 Ang bawat isa'y may kanya-kanyang sariling batayang ganap. Oh, naku! Parang katulad noong panahon ng mga hukom, "Ginawa ng bawat isa kung ano 'yung matuwid sa sarili nilang paningin." Sa panahon noon ng mga hukom, ang bawat isa'y may sariling—sariling batayang ganap. Ginagawa niya kung ano ang gusto niyang gawin. At ganoon ngayon. "Ginagawa ng bawat isa ang matuwid sa sarili niyang paningin." Ngayon, alam n'yo ba ang dahilan kung bakit ginawa nila 'yun noon sa Mga Hukom? Maaaring ikabigla n'yo ito nang kaunti. Pero ang dahilan kung bakit ganoon ang ginagawa nila noon sa Mga Hukom, ay dahil wala silang propeta noong mga panahong 'yun, para datnan ng Salita ng Panginoon. Kaya maaaring gawin ng bawat isa kung ano ang gusto niya, sa sarili niyang paningin.

238 At ganoon mismo ang nangyari sa panahong ito. Wala tayong propeta sa panahon na ito ng mga denominasyon, pero pinangakuan tayo ng Diyos ng isa. Kita n'yo? Kita n'yo? At nangako Siya mismo. Na sa mga huling araw, ay magbabangon Siya at ipapadalang muli sa eksena si Elias, "At kanyang ibabaling pabalik ang mga puso ng mga anak sa Pananampalataya ng mga magulang," pabalik sa orihinal na pentecostes. Alam n'yong sinabi Niya 'yun.

239 Ngayon, alam kong tutukuyin n'yo, gaya nung ginawa Niya roon kay Juan, doon sa—sa ika-11 kabanata ng Mateo, at sa ika-6 na talata, sa pagkakaalala ko, noong sabihin nila, "Sino sa tingin Mo ang taong ito, itong si Juan?"

240 Sabi niya, "Kung kaya ninyo itong tanggapin, ito yaong binabanggit, 'Narito, ipinapadala Ko ang Aking sugo na nauuna sa Iyo.'" Yun nga'y Malakias 3, hindi Malakias 4.

241 Pero, alalahanin n'yo, kung 'yun kasi ang Malakias 4, kung ganoon ay nabigo ang Salita, dahil sinabi Niya, "Ngunit sa panahong ito, ang buong mundo ay masusunog, at ang mga matuwid ay lalakad sa ibabaw ng abo ng masasama." Hindi. Huwag n'yo itong paghaluin, kapatid. Hayaan n'yo Ito na sabihin lang nang eksakto sa kung ano mismo ang sinasabi Nito. Tama. Ipinangako Niya ito para sa huling araw, at ito'y darating sa mismong kalagitnaan.

242 Alalahanin, sa panahon noon ng mga hukom, ginawa ng bawat isa ang gusto niya. Walang sinuman, walang sinuman ang may kakayahang ibunsod sa buhay ang Salitang 'yun. Walang propeta. Sa tuwina'y dumarating ang Salita ng Panginoon sa propeta. Tama. At palagi siyang kinamumuhian. Tanging

'yung munting grupo lang na nagmamahal sa kanya, kita n'yo. Anupa't, ang ibig kong sabihin, palagi ngang may ganoon.

²⁴³ Hindi binabago ng Diyos ang patakaran Niya, hindi Niya maaaring baguhin, at maging Diyos. Kung magsasalita ang Diyos ng anuman o gagawa ng anuman, kinakailangan Niyang gawin 'yun sa kasunod. Kapag dumating ang krisis, haya't kung di Siya kikilos sa pangalawang pagkakataon sa paraan ng pagkilos Niya noong unang pagkakataon, ay mali ang ikinilos Niya noong unang pagkakataon. At sinong makapag-aakusa sa Diyos sa pagkilos ng mali? Sino ka, na makapagpapatang ng sala sa Diyos? Ganoon ang sinabi ni Jesus, "Sino sa inyo ang makapagpapatang sa Akin ng kasalanan?"

²⁴⁴ Ano ang kasalanan? Di-pananampalataya. "Ang hindi sumasampalataya ay hinatulan na."

²⁴⁵ "Sino sa inyo ang makapagpapakita sa Akin na hindi Ko natupad ang lahat ng dapat gawin ng Mesiyas?" Kita n'yo? Walang nakapagsalita. Natupad Niya lahat. Ang Mesiyas ay isang Propeta, at napatunayan Niyang ganoon nga Siya. Wala silang propeta sa loob ng daan-daang taon, magmula kay Malakias, at heto Siya't lumitaw sa eksena. Isa Siyang palaisipan sa mga tao, at isang katitisan sa kanilang iglesia.

²⁴⁶ Dahil, sinabi Niya, "Narito, Aking inilalagay sa Zion ang isang batong panulok, Isang kalugud-lugod, subok, oh, isang batong katitisan." Oo. "Ngunit ang sinumang sumampalataya sa Kanya ay hindi mapapahiya." Tama. Hayun Siya. At sadyang tinupad nun nang eksakto ang Kasulatan. Anupa't ang mga nanampalataya sa Kanya'y may isang batayang ganap.

²⁴⁷ Ang munting Marta, noong makita niya si Lazaro na lumabas ng libingan, napagkilala nga niya kung Sino 'yun. Kahit bago pa man Nito ginawa 'yun, nakay Marta na ang batayang ganap ukol sa pagkaalam. "Naniniwala akong Ikaw ang Anak ng Diyos, na darating sa sanlibutan. Kahit ngayon, bagaman patay na ang kapatid ko, sabihin Mo lang ang salita. Gagawin 'yun ng Diyos." Amen. Siya'y ganap na positibo. Siyanga. Noong sabihin niya 'yun, at taos 'yun sa kanyang puso:

Ang sabi Niya, "Saan n'yo siya inilibing?"

Sabi, "Halika't tingnan Mo."

²⁴⁸ Doon nga'y tumayo roon si Jesus, na may pangitain. Dahil, sinabi Niya, "Wala Akong gagawin hanggang sa ipakita muna sa Akin ng Ama," San Juan 5:19.

²⁴⁹ Iपालायो Siya muna mula roon, umalis muna sa bahay ni Lazaro. Nagpasugo sila para papuntahin Siya, manalangin. Alam Niyang mamamatay si Lazaro. At noong dumaan ang ilang araw, sinabi Niya, "Ang ating kaibigan, na si Lazaro, ay natutulog."

Ang sabi nila, "Kung ganoon pala'y maigi ang lagay niya."

250 Sabi Niya, “Patay na siya. At alang-alang sa inyo, ikinagagalak Ko na wala Ako roon.” Hinihiling nila sa Kanya na ipanalangin siya.

251 Pagkatapos ay bumaling Siya, sinabi, “Ngunit Ako’y pupunta roon para gisingin siya.” Oh, grabe! (Hindi nga, “Pupunta Ako at titingnan Ko kung anong magagawa Ko.”) “Ako’y pupunta para gisingin siya.” Bakit? “Ipinakita na sa Akin ng Ama kung ano mismo ang gagawin.”

252 Nagpunta na sa libingan. Naroon na itong Tao na nakatayo. Nakatayo roon ang Diyos sa laman, na maaaring makapagsabi sa bato, “Matunaw ka,” at natunaw sana ito. Anupa’t sinabi Niya sa kanila na mga kababaihan, silang mga kaawa-awang munting babae, munting kabataang kababaihan, ang sabi, “Alisin n’yo ang bato.”

253 May kailangan kayong gawin, din naman. Kita n’yo? At iginulong nila ang bato. At masuka-suka sila; napakabaho na.

254 Doon, tumayo Siya roon. Oh, grabe! Nakikinita ko Siya na itinutuwid ang munti’t mahinang katawan na ’yun. Mangyari nga, na sinabi ng Biblia, “Walang kagandahan na maiibigan tayo sa Kanya.” Hindi Siya kagandahang pagmasdan. Kita n’yo?

255 Katulad ni David, napili siyang hari noong isa pa lamang siyang munting binatilyo na may mapupulang pisngi. Kita n’yo?

256 “Lahat sila rito’y naglalakihang-katawan na mga lalaki,” sabi, “hindi ba’t magmumukha siyang mainam tingnan kung kokoronahan siya sa ulo? Sige’t kunin mo itong mas panganay na anak na lalaki,” sabi ni Jesse.

257 Sabi ni Samuel, “Tinanggihan siya ng Diyos.” Dinala na mismo ang lahat ng kanyang mga anak na lalaki. Sabi, “Wala ka na bang iba?”

258 “Oo, mayroon namang isa pa, pero hindi siya magmumukhang hari. Naku, isa siyang munti’t, hukot ang balikat, na may mapupulang pisnging binatilyo.”

“Magpasugo ka, ipasundo siya.”

259 At pagdating nung binatilyo, lumakad ito sa harapan ng propetang ’yun, bumaba ang Espiritu sa kanya. Ginamit na niya ’yung dalang langis niya, ibinuhos ito sa ulo nung binatilyo, nagsabi, “Ito ang inyong hari.” Yun na ’yun. Siyanga, po.

260 Tumayo roon si Jesus, na hukot ang balikat, marahil, na inuuban na gayong hindi pa naman Siya lampas ng tatlumpung taong gulang. Ang sabi ng Biblia, “Marahil mukha na Siyang kularenta.” Ang sabi pa nga ng mga Judio, “Ikaw ay isang Lalaking hindi pa lampas—lampas ng limampung taong gulang, at sinasabi Mong ‘nakita Mo na si Abraham?’”

Nagsabi kasi Siya, “Bago si Abraham, ay AKO NGA.” Naku! Oh, grabe! San Juan 6.

261 Pagkatapos, nasumpungan natin, heto't tumayo Siya, sa tabi ng libingan. Alam Niyang mangyayari't mangyayari ang pangitaing 'yun. Alam Niyang magaganap at magaganap nga. "Alisin n'yo ang bato." Siya'y . . .

262 Masangang na si Lazaro, na nakabalot ng damit panlibing, patay na nang apat na araw. Naagnas na ang ilong niya, sa mga nagdaang oras na 'yun.

263 Doon, tumayo roon si Jesus, itinuwid ang munti Niyang katawan. "Ako ang pagkabuhay na mag-uli, ang Buhay." Hum! "Ang sumampalataya sa Akin, bagaman patay, gayunman siya'y mabubuhay." Sabihin n'yo sa akin kung may tao na makapagsasabi ng ganoong katulad na pahayag. "Ang sinumang nabubuhay at sumampalataya sa Akin ay hindi na kailanman mamamatay. Sinasampalatayanan mo ba ito?"

264 Sabi ng babae, "Opo, Panginoon." Bagaman binigo Niya si Marta, tila ba. Noong nagpatawag kasi si Marta noon, hindi Siya nagpunta. Nagpatawag siyang muli; hindi Siya pumunta. Pero dito nga'y sinasabi niya, "Alam kong Ikaw ang Cristo na darating sa sanlibutan."

265 Nagwika Siya, "Lazaro, lumabas ka." At ang isang lalaki na patay na nang apat na araw. Bakit? Ano? Nakay Cristo kasi ang batayang ganap. Nakita Niya ang pangitain. Hindi ito maaaring mabigo. Siyanga. Hindi ito maaaring mabigo. Siya'y siguradong-sigurado.

266 At siguradong-sigurado si Marta. Kung maipatatanto lamang ni Marta sa Kanya kung ano ang pananampalataya niya ukol sa Kanya, makukuha ni Marta kung ano ang hinihiling niya. Tama. Hayun nga. Ang batayang ganap, nakatali ito sa Salita, at 'yun na ito.

267 Bawat isa'y gumagawa, sa sarili niyang paningin, kung ano ang tila mabuti sa tingin niya, dahil walang propeta. Tingnan n'yo noong panahon ng mga hukom.

268 Tingnan n'yo sa panahon noong si Eli-. . . Sa palagay ko, si Elias o si Eliseo, alinman sa kanila. Oo. Yung, yaong patay na sanggol. Yung—yung babaing Sunamita, naghanda siya. . .

269 Si Elias ang tao ng Diyos noong panahon na 'yun, hindi lamang kung sinong mahusay, na matalinong guro. Aba, siya'y matandang lalaki na palakad-lakad. Kung kayo. . . Darating siya, kung darating siya sa pintuan n'yo ngayon, baka itaboy n'yo siya. Kinasusuklaman siya ng isang buong bansa. Kinasusuklaman siya ni Jezebel at ng lahat ng iba pa sa kanila.

270 Dahil, naroon si Jezebel sa White House at pinapasunod ang lahat ng kababaihan sa pamamaraan na ginagawa niya, at lahat sila'y tumutulad sa kanya. At si Ahab man ay napabaling, napaikot ang ulo niya, dahil sa kapangyarihan ni Jezebel. Hayan nga na di tayo gaanong nalalayo sa panahong ito.

Halos parehong-pareho, at hayan—hayan nga. At puro kasikatan mismo sila. At, oh, sila’y magarbo ang estado.

271 Pero ’yung munting, matandang Sunamita! Hindi babaing Sunamita, kundi munting. . . Oo. Naniniwala ako na isa siyang Sunamita. Noong pumunta siya’t nakita na ang kapangyarihang ’yun ay nakay Elias, sinabi niya, “Napaghahalata kong isa siyang banal na tao.” At noong nakahimlay ang batang ’yun doon na patay na, sinabi niya, “Siyahan mo ang mola at huwag kang hihinto.” Nagpunta siya roon. May kabatiran siya. At gusto ko ’yun, ’yung paraan niya ng paglapit. Dumako siya sa kanyang batayang ganap, sa kanyang posteng talian.

272 Sinabi ni Elias, “Hayun dumarating ’yung Sunamita. Siya’y nagdadalamhati. Pero hindi ko alam kung anong problema.” Kita n’yo? Hindi ipinapakita ng Diyos ang lahat ng bagay sa Kanyang mga lingkod; ’yun lamang gusto Niyang ipabatid sa kanila. Kaya ang sabi niya, “Nagdadalamhati ang puso niya, ngunit hindi ko alam.” Sabi niya, “Tumakbo ka, alamin mo, Gehazi, at tingnan mo kung anong problema.”

273 Sabi niya, “Maigi ba ang lahat sa iyo? Maigi ba ang iyong asawa? Maigi ba ang iyong anak?”

274 Tingnan n’yo ’yung babae. Oh, naku! Ito na. Ang sinagot niya, “Ang lahat ay mabuti.” Bakit? Nakarating na kasi siya sa kanyang batayang ganap. “Ang lahat ay mabuti.”

275 At lumuhod siya. Nagpatirapa, muna, sa kanyang paanan. At itinayo siya ni Gehazi, “Hindi tama ’yan,” sa harap ng kanyang—kanyang amo. Itinayo siya. At sinimulan nung babae na saysayin sa kanya.

276 Ngayon, hindi pa dumarating sa propeta nung mga sandaling ’yun ang batayang ganap. Alam niyang mayroon siyang kapangyarihan, sa pamamagitan ng pangitain, para ipagkaloob noon sa babae ang bata. Pero ngayon haya’t anong ginawa niya? Kinuha niya ang kanyang tungkod at nagpunta sa silid, ipininid ang lahat ng mga pintuan, pinalabas ang lahat. Nagpalakad-lakad sa silid. Mayroon siyang batayang ganap, kung makauugnay lamang niya ito. Pabalik-balik, palakad-lakad sa silid! Oh, grabe! Direkta niyang naramdaman na may Bagay na tumama sa kanya. Dumapa siya sa ibabaw nung bata. Tumayong muli, lumayo. Yung—’yung bata nga’y parang gumalaw, uminit. Tumayo siya, nagpalakad-lakad. Hindi pa malinaw-linaw sa sandaling ’yun ang pagkakadugtong niya sa batayang ganap. “Ano po ito, Panginoon? Ano po ang sinasabi Mo na gawin?”

277 Walang pasubali, pagkabaling na pagkabaling niya, nakakita siya ng isang pangitain, na nakakatakbo na ’yung munting bata, nakakapaglaro na, nagluluksong-lubid, o kung ano na parang ganoon, naglalaro. Dumapa siya sa ibabaw nung

bata. Idinikit ang kanyang ilong sa ilong nito, ang kanyang labi sa labi nito, at binuhay ng kapangyarihan ng Diyos 'yung bata.

278 Ano 'yun? Ang batayang ganap nung babae ay ang propeta! Ang Batayang Ganap ng propeta ay ang Diyos! At magkalakip, kasama ng Salita, "Ako ang pagkabuhay na mag-uli at ang Buhay." Nakikita ko ang kapangyarihan ng Diyos. Ang Manlilikha nga'y may kakayahan na gawin ang lahat. Bumangon siyang muli, ang bata. Ganap na ganap.

279 Ang dahilan kung bakit gumagawa ang bawat tao sa sarili niyang pamamaraan, ay dahil wala silang propeta para datnan ng Salita ng Panginoon. Wala ang Salita at ang mga propeta noong panahong 'yun.

280 Oh, nakita ko ito sa pagbabagong-loob ko, itong patungkol sa araw na kinabubuhayan natin. Labis akong nagagalak na hinawakan ako ng Diyos bago ako mahawakan ng iglesya. Marahil naging isa na akong walang kinikilalang Diyos. Siyanga, po. Ako. . . Ang lahat ng kalipunang ito, na gulong-gulo, at lahat na, "Buweno, halika't umanib ka sa amin. At kung hindi, buweno, kunin mo na ang sulat mo't pumunta ka na lang at sumali sa iba." Oh! "Maaari mo bang dalhin ang sulat mo sa aming samahan?"

281 Naniniwala akong may isang sulat lang, 'yun ay kapag isinulat ni Cristo ang pangalan mo sa Aklat ng Buhay ng Cordero. Doon lamang ito nakalagay.

282 Kapag nakikita ko ang lahat ng mga denominasyon! Haya't ang pinagmulan namin ay Irlandes, na dating Katoliko. At nakita kong tiwali't bulok 'yun. Nagpunta ako sa isang denominasyong simbahan dito sa siyudad, ang sabi nila, "Oh, kami ang daan, ang Katotohanan, at ang Liwanag. Nasa aming lahat Ito." Nagpunta ako sa isa pa sa New Albany, "Oh, naku! Yung mga taong 'yun dun ay di nila alam kung ano ang pinagsasabi nila." Sasabihin naman ng mga Katoliko, "Mali kayong lahat."

Sa isip-isip ko, "Oh, naku!"

283 Nakalaro ko ang isang batang Lutheran. At sa isip-isip ko. . . Isang maliit na Alemang Lutheran. Lumapit ako, at sinabi ko, "Saan ka nagsisimba?"

"Dumadalo ako sa simbhang 'yun."

284 At pinuntahan ko, at nalaman kong sinasabi nilang sila raw ang daan. Nagpunta ako kina Kapatid na Dale, sa Emmanuel Baptist, at, o sa First Baptist. Ang sabi nila, "Ito ang daan." Nagpunta ako roon sa simbahan ng mga Irlandes, sabi dun, "Buweno, *ito* ang daan."

285 "Oh, grabe! Litong-lito ako. Hindi ko alam ang gagawin. Pero gusto kong maging tama." Hindi ko alam ang gagawin. At hindi ko alam kung paano magsisi.

286 Sumulat ako ng isang liham. Sa isip-isip ko, “Nakita ko Siya sa kakahuyan.” Sumulat ako ng isang liham sa Kanya. Ang sabi ko, “Minamahal na Ginoo, alam kong dumadaan Ka sa daang ito rito, dahil nauupo ako rito na nangangaso ng squirrel. Alam ko pong dumadaan Ka rito. Alam ko pong narito Ka. Nais ko na Iyong. . . May gusto akong sabihin sa Iyo.”

287 Sa isip-isip ko, “Ngayon sandali lang. Wala pa akong—Wala pa akong nakikitang kahit sino. Wala nga. Kaya nais kong makipag-usap Doon. Nais kong—nais kong makipag-usap sa Kanya. Gusto ko Siyang kausapin.” Sa isip-isip ko, “Buweno, ngayon, hindi ko alam kung paano ito gagawin.”

288 At lumabas ako sa kubol at lumuhod, may tubig, basa. Munting, lumang kotse ang naroon, sira-sira na. Sabi ko, “Sa palagay ko nakakita na ako ng isang larawan, sa palagay ko, ipinoposisyon nila’yung mga kamay nila nang *paganito*.” Tapos lumuhod ako. At sinabi ko, “Ngayon ano bang sasabihin ko?” Sabi ko, “May kung anong dapat na paraan para magawa ito, at hindi ko lang alam. Alam kong may paraan ng paglapit sa lahat ng bagay. At hindi ko. . .” Sinabi ko, “Ipoposisyon ko ang mga kamay ko nang *paganito*.”

289 Sabi ko, “Minamahal na Ginoo, ibig ko po sanang dumating Ka at makipag-usap sa akin, kahit pansumandali. Gusto ko pong sabihin sa Iyo kung gaano ako kasama.” *Iginanito* ko’yung kamay ko. Pinakikinggan ko.

290 Sinasabi kasi ng mga tao, “Nakipag-usap sa akin ang Diyos.” At alam kong nakapagsasalita nga Siya, dahil narinig ko Ito noong bata pa ako, na sinabi sa akin na “huwag kang iinom” at ganoong mga bagay.

291 Hindi Niya ako sinagot. Sabi ko, “Baka dapat kong iposisyon ang mga kamay ko nang *paganito*.”

292 Kaya sabi ko, “Minamahal na Ginoo, hindi ko po alam kung paano ito gawin nang eksakto, pero ako’y—ako’y umaasa na Iyong. . . Maaari Mo po ba akong tulungan?”

293 At bawat mangangaral ay nagsasabi mismo sa akin, na pumunta’t umanib daw ako sa kanila, haya’t tumatayo sila at sinasabing tinanggap daw nila si Jesus Cristo, at kanilang “pinaniniwalaang si Jesus ang Anak ng Diyos.” Ganoon din naman ang paniniwala ng mga diyablo.

Kaya naman naisip ko, “Kailangan kong—kailangan kong matamo ang isang bagay na higit kaysa roon.” Naku.

Nakaupo ako nang *paganito*.

294 Nabasa ko’yung dako kung saan dumaan sina Pedro at Juan sa pintuan na tinatawag na Maganda, at may isang lalaki doon na pilay, mula pa sa sinapupunan ng kanyang nanay. Sabi, “Wala akong pilak at ginto, datapat ang nasa akin. . .” Oh, alam kong wala ako nun.

295 Kaya sinusubukan ko na—na alamin kung paano gawin ito. Hindi ko alam kung paano manalangin. Ipinosisyon ko ang mga kamay ko, saka ako lumuhod nang *paganito*.

296 At, mangyari nga, na dumating sa eksena si Satanas pagkatapos, na ang sabi, “Nakita mo na, masyadong matagal kang naghintay. Dalawampung taong gulang ka na. Hindi mo na kailangang subukan pa ito ngayon. Oo.”

297 Pagkatapos ay nasiraan ako ng loob, at nagsimulang umiyak. At pagkatapos, noong talagang nasiraan na ako ng loob, sinabi ko, “Magsasalita ako. Kung hindi Ka makikipag-usap sa akin, kakausapin pa rin Kita, ano’t anuman.” Kaya ang sabi ko—ang sabi ko, “Walang mabuti sa akin. Ikinahihiya ko ang sarili ko. G. Diyos, alam kong diringgin Mo ako, saanman. Diringgin Mo ako. At ikinahihiya ko ang sarili ko. Nahihiya ako na kinaligtaan Kita.”

298 Noong mga oras na ’yun, tumingala ako, at may kakatwang pakiramdam na dumaloy sa akin. Heto’t dumating ang isang Liwanag, na kumikilos sa silid, at nagporma ng isang krus, nang *paganoon*. At isang Tinig, na di ko pa kailanman naririnig sa buong buhay ko, ang nagsalita. Tiningnan ko Ito. Talagang nanlamig ako, buong katawan, namanhid sa takot. Hindi ako makagalaw. Nakatayo ako, na pinagmamasdan Ito. At umalis na Ito.

299 Ang sabi ko, “Ginoo, hindi ko po—hindi ko po maunawaan ang Iyong lingguwahe.” Sabi ko, “Kung hindi Mo po kayang salitain ang lingguwahe ko, at hindi ko—at hindi ko nauunawaan ang sa Iyo, at kung naunawaan Mo po’y patawarin Mo ako. . . Alam ko na dapat sana’y ako ang magbayad sa krus na ’yun doon, sa kung saan, na ang mga kasalanan ko’y dapat mismong mailatag doon. At—at kung patatawarin Mo po ako, Ikaw nawa’y bumalik at magsalita Ka sa Iyong Sariling wika. At mauunawaan ko na sa pamamagitan nun, kung hindi Mo kayang salitain ang aking wika.” Sinabi ko, “Hayaan Mo lamang Itong bumalik, muli.”

300 Hayun nga Ito, muli. Oh, grabe! Doon ay natamo ko ang isang batayang ganap. Amen. Siyanga, po. Pakiramdam ko’y para bang may—may pasanin ako na apatnapung tonelada ang bigat na iniangat paalis mula sa mga balikat ko. Palakad-lakad ako sa mismong sahig na ’yun, na para bang di ako sumasayad sa lupa.

Sabi ni nanay, “Billy, ninenerbyos ka.”

Sabi ko, “Hindi po, nanay, hindi ko lang po alam kung anong nangyari.”

301 Mayroon pang riles ng tren noon. Nagtatakbo ako roon sa riles ng tren, patalon-talon sa ere, nang kasing taas na maaabot ko. Hindi ko alam kung papaano ilabas ang damdamin ko. Oh,

kung alam ko lang kung papaano sumigaw! Sumisigaw ako, pero sa sarili kong kaparaanan, kita n'yo.

³⁰² Ano 'yun? Iniangkla ko na ang aking kaluluwa sa kanlungan ng kapahingahan, nasapatan na 'yun doon, 'yun ang aking batayang ganap. Doon ay natagpuan ko ang isang bagay, na hindi isang gawa-gawa, na kung anong hinuha, nakausap ko mismo ang Lalaking 'yun. Nakausap ko ang Lalaking 'yun na nagsabi sa akin na huwag iinom, o maninigarilyo, o gumawa ng kahit anong bagay na makakarumi sa sarili ko sa kababaihan, at iba pa; na pagtanda ko, ay may gawain akong gagampanan. Nakaugnay ko Siya, hindi ang iglesya, Siya ang nakaugnay ko, *Siya!* Siyanga, po. Siya Yaon.

³⁰³ Gaya ng isang lalaki rito sa Kiwanis o sa...may binabanggit, di pa...pagkatapos mismo ng Unang Digmaang Pandaigdig. Si Kapatid na Funk, na nakatayo riyan, siya'y naging sundalo noon. Sinabi ng lalaking ito na siya raw ay... Medyo po, parang pabiro ito. Hindi ito lugar para sa isang biro, pero ganito ang sinabi nung lalaki. Narito siya noon sa New Albany.

³⁰⁴ At sabi niya, "Inilabas kami ng kapitan, sabi, 'Ang buong lalawigan doon ay pinamumugaran ng mga Hapon. Bukas, mga bata, lulusob tayo. Kailangan natin silang salakayin.' Sabi niya, 'Tandaan n'yo, mga bata, marami sa atin na nakatayo rito, sa araw na ito, ang wala na rito kinabukasan. Wala na sila rito kinabukasan. Lulusob tayo, kinaumagahan, nang madaling araw.' Sabi, 'Ngayon ang bawat isa'y dumako mismo sa inyo-inyong relihiyon.'" Sabi ng lalaking ito, "Kaso wala akong anumang relihiyon." At sabi, "Sabi ko..."

³⁰⁵ Sabi, "Tumayo ako roon. At 'yung lahat ng iba pa roon..." Sabi, "Heto na ang isang chaplain, gumawi *rito*; at isang Protestante ang gumawi naman *dito*; at 'yung Judio'y gumawi naman *dito*; at 'yung Katoliko'y gumawi naman *doon*; dumako sa kanilang chaplain." Sabi, "Tumayo ako roon."

³⁰⁶ Tapos sabi, "Ang sabi sa akin nung—nung komandanteng opisyal, sabi, 'Iho, mabuti sigurong sumangguni ka na sa relihiyon mo.'"

Sabi niya, "Wala po akong kahit ano."

³⁰⁷ Sabi niya, "Mabuti sigurong kumuha ka na, dahil kakailanganin mo ng isa sa lalong madaling panahon. Sigurado ako."

³⁰⁸ At sabi, noong oras na 'yun ay nakakita siya ng isang grupo na dumadaan, at 'yung Katoliko 'yun. Ang sabi'y lumapit daw siya't sinabi rito sa pari, "Maaari mo ba akong bigyan ng relihiyon?"

At sabi nito, "Halika."

309 Sabi, “Pumasok siya’t ginawa akong Katoliko.” At doon sa New Albany, naroon si John Howard at isang grupo roon na mga saradong Katoliko mismo na nakaupo roon, alam n’yo na, noong ikinukuwento ’yun ng lalaking ito.

310 At sinabi niya—sinabi niya, “Kinabukasan sa labanan . . .” Ikinukuwento niya ’yung tungkol sa, oh, kung ano ang nangyari. At ang sabi’y isa raw siyang napakalaking tao, alam n’yo. Tapos sabi, “Nauwi sa mano-manong labanan, at talagang nagsasaksakan ang mga sundalo roon gamit ang kutsilyo, at nagkakasigawan na, at nagkakaundayan, at nagkakatagaan.” Sabi, “Nagulo ang hanay nila. Napunta sila mismo, kung saan napapasok sila nung mga Hapon mismo sa dakong ’yun, nang ganoon. At rumaratatat ’yung naglalalaking mga machine gun, sa magkabilaan. Mano-mano ang labanan!”

311 Sabi, “Bigla na lang, napahinto ako, nang *paganito*.” At sabi ko, “Ang lahat, ay nagsisigawan at kung anu-ano, ni hindi mo maririnig ang sarili mo.” Sabi, “May dugo.” Sabi, “Sinilip ko, at dugo ko pala ’yun.” Sabi niya, “Tumingin ako *rito*. May butas sa tagiliran ko.” Sabi niya, “Dugo ko ’yun.” At sabi, “Ako, alam n’yo, ako—ako—ako . . .”

At may isa roong . . . isang kaibigang Katoliko, haya’t hindi ko sinasabi ito para—para magpatawa, pero ang sabi—ang sabi nga nung ng isang saradong Katoliko dun, “Umusal ka ba ng *Aba Ginoong Maria*?”

312 Sabi niya, “Hindi, po.” Sabi, “Dugo ko na ang naroon. Ayaw ko ng anumang sekretarya. Sabi ko, ‘Gusto kong makipag-usap sa mismong Boss.’ Haya’t—haya’t dugo ko na ’yun mismo.”

313 Sa tingin ko ganyan nga ito. Siyanga, po. Ganoon nga ito. Kailangan mayroon tayong posteng talian, isang batayang ganap.

“Wala akong oras para sa Kanyang sekretarya.” Sabi, “Ang gusto ko’y Siya mismo ang makausap.”

314 At ganyan nga, kapatid. Kapag lumapit ang isang tao kay Cristo, ayaw mong manangan sa salita ng kung sinong mangangaral, salita ng kung sinong sekretarya, o kung sinong iba pa. Kayong mga Protestante, huwag n’yong kunin *ito*, *iyon*, o ang *iba pa*. Dumako kayo sa batayang ganap na ’yun, hanggang sa kayo’y maiangkla roon sa pamamagitan ng bagong Kapanganakan, maipanganak muli’t mapuspos ng Espiritu Santo, at makikita n’yo ang Biblia na nahahayag sa kababaang-loob at pag-ibig sa inyong buhay. Oh, kapag ganoon, ’yun na ang inyong batayang ganap. Siyanga, po.

315 Nabasa ko sa Salita kung saan Siya ang Salita. Habang, sinasabi ng iglesyang Aleman na ganito *ito*; at ng Methodist, at ng Baptist, at ng Katoliko. Pero nabasa ko mismo sa Salita kung saan sinabi Niya, “Sa ibabaw ng batong ito ay itatayo

Ko ang Aking Iglesya, at ang mga pintuan ng impyerno ay di makapananaig laban sa Kanya.”

Pakinggan n’yo, sa pagtatapos. Ngayon sinasabi ng Protestante. . .

³¹⁶ Ngayon, sinasabi ng Katoliko, “Itinayo Niya Ito kay Pedro, ‘Ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito. . .’” Hindi, hindi Niya kailanman ginawa ’yun. Dahil kung ganoon, anupa’t bumalikwas ito agad sa pananampalataya. Itinayo nila ito sa isang tao.

³¹⁷ Anong ginawa ng Diyos? Ang sabi ng Protestante, “Itinayo ito ng Diyos sa Kanyang Sarili.” Hindi. Hindi ganoon ang ginawa Niya. Hindi ito itinayo sa Kanyang Sarili.

³¹⁸ Anong ginawa Niya? Ano? “Ano ang sinasabi ng mga tao kung sino Ako, na Anak ng tao?”

“At sabi ng ilan ay Ikaw raw si ‘Elias,’ at si ‘Moises.’”

Sabi Niya, “Ngunit ano ang sinasabi ninyo?”

Ang sabi ni Pedro, “Ikaw ang Cristo, ang Anak ng Diyos na buhay.”

³¹⁹ Masdan n’yo ang mga salita ngayon. “Mapalad ka, Simon, na anak ni Jonas. Hindi laman at dugo ang nagpahayag nito sa iyo. Hindi mo ito natutunan sa pamamagitan ng kung sinong pari. Hindi mo ito natutunan sa kung saang seminaryo. Kundi ng Aking Ama na nasa Langit ang naghayag Nito sa iyo. At sa ibaba ng batong ito,” espirituwal na kapahayagan ng Salita, “Itatayo Ko ang Aking Iglesya, at ang mga pintuan ng impyerno’y hindi makapananaig laban sa Kanya.”

Sa isip-isip ko, “Panginoon, iyon nga ito.”

³²⁰ Nabasa ko rito sa Aklat ng Apocalipsis, ika-21 kaba-. . . ika-22 kabanata, kung saan sinabi Niya, “Sinuman. . .” Ito ang kumpletong Bagay. “Sinuman ang magpapasok ng anumang bagay Rito; sinuman ang mag-aalis ng Isang bagay Rito, itatangging ganoon Ito; o sinuman ang magsusubok na medyo pagandahin Ito, pakinisin Ito para sa panahong kasalukuyan. Sinuman ang magdagdag o mag-alis, ay aalisin, ang kanyang bahagi, mula sa Aklat ng Buhay.”

³²¹ Sabi ko, “Kung ganoon, ’yun lang ang kailangan ko, Panginoon, ang sampalatayanan Ito.” At Dito, ang krus na ’yun sa ibayo, dumating ang Cristo. Sakdal, mula una hanggang dulo, ang bawat Salita na sinabi Niya. Kunin ang Aklat sa kamay na *ito*, ang kasaysayan sa kamay na *ito*, at sadyang pinagtibay nang direktso hanggang dulo, nang ganap. Tapos sabi ko, “Kung ganoon, Panginoon, tanggapin Mo po ako.” At noong ginawa ko, tinanggap ko si Cristo, ang Espiritu Santo sa puso ko, ang batayang ganap ko. Hindi na ako ito.

³²² Nagkasakit ako minsan, noong ang aking. . . noong namatay ang asawa ko. Namatay ang anak ko. Oh, namatay ang tatay ko, at namatay ang kapatid ko, at namatay ang hipag ko. At nakaratay si Billy, na nag-aagaw buhay, at—at halos bibigay na ako. Naglalakad ako sa kalsada, na umiiyak, papunta sa libingan ng asawa ko; at siya at ang aming sanggol, at nasa bisig niya ang sanggol. Papunta ako sa libingan. Naglalakad ako. Dumadalo dati rito si G. Isler at tumutugtog, alam n'yo, ang Senador ng estado ng Indiana. Dumadaan siya noon sa kalsada. Pinahinto niya ako. Tumakbo siya papunta sa akin, niyakap ako. Katatapos lang noon nung baha noong '37. Sabi niya, "Saan ang punta mo, Billy? Doon ba?"

At sabi ko, "Oo."

Sabi niya, "Anong gagawin mo roon?"

³²³ Sabi ko, "Pakikinggan ko ang isang matandang kalapati." Sabi ko, "Mauupo ako roon sa tabi ng libingan niya't ng sanggol. Bumababa kasi roon ang isang matandang kalapati, at nakikipag-usap siya sa akin."

"Oh," sabi niya, "Billy!"

³²⁴ Sabi ko, "Oo. At maririnig ko ang bulungan ng mga dahon kapag tinutugtog nila ito. Tumutugtog ito ng musika para sa akin, G. Isler."

Sabi, "Ano bang klaseng musika ang tinutugtog nito?" sabi niya.

May Lupain sa kabila ng ilog,
 Na magpakailanmang kairrog-irog,
 Mararating lang natin ang baybay na 'yun
 sa pamamagitan ng pananampalatayang
 taglay;
 Isa-isa tayong lumalapit sa lagusan,
 Na doon maninirahan kasama ang mga walang
 kamatayan,
 Kapag kanilang patutunugin yaong mga
 kampanang gintuin para sa inyo at sa akin.

³²⁵ Sabi niya, "Billy, may gusto akong itanong sa iyo." Sabi niya, "Ano na ba ang halaga ni Cristo sa'yo ngayon? Ano nang halaga ni Cristo sa'yo ngayon?"

³²⁶ Sabi ko, "Siya ang Buhay ko, ang lahat-lahat ko. Siya ang lahat na mayroon ako, G. Isler. Siya ang aking—ang Pinakasaligan ko. Siya lang ang makakapitan ko." Bakit? Mayroong nangyari, "Sa ibabaw ng batong ito!"

³²⁷ Sabi, "Nakita kitang tumatayo rito sa may kanto at nangangaral, hanggang sa para ka nang bubulagta. Nakita kita, magdamag, pabalik-balik sa lansangan, na inaasikaso ang mga tumatawag na may sakit. At matapos Niyang kunin ang sarili

mong maybahay, at ang sarili mong anak, pinaglilingkuran mo pa rin Siya?"

³²⁸ Sabi ko, "Kung patayin man Niya ako, sa kabila nun ay nagtitiwala pa rin ako sa Kanya." Bakit? Nakakapit ang angkla ko sa loob ng tabing. Mayroon akong isang Batayang Ganap. Itinali ko na ang sarili ko sa Kanyang Salita, at ang Salita Niya ay nakakapit mismo. Siya ang aking Batayang Ganap. Nalaman ko na ang lahat ng iba pang mga bagay na ito'y mabibigo, pero si Cristo nga'y di kailanman mabibigo.

³²⁹ Mayroong papa ang simbahang Katoliko bilang isang batayang ganap. Ang Protestante'y may sariling mga obispo, at sariling mga kreda, at sariling mga pangkalahatang tagapangasiwa.

³³⁰ Pero, ako, tulad ni Pablo. . . Dala n'yo ba ang lapis n'yo? Magtala po kayo. Sa . . .sabi ni Pablo, sa Mga Gawa ika-20 kabanata at ika-24 na talata, "Wala sa mga bagay na ito ang makatitinag sa akin." Oh, sa inyo na ang mga kreda, sa inyo na ang mga bagay-bagay na gusto n'yo, pero ang mga bagay na 'yan ay di makatitinag sa akin.

Akin nang iniangkla ang aking kaluluwa sa kanlungan ng kapahingahan,

Para maglayag sa ligaw na pag-aalinlangang karagatan (na di n'yo alam kung nasaang lupalop ba kayo, kung gagawi ba *rito*, gagawi *roon*) ay hindi na;

Marahil ang unos ay mananangay sa mabangis, na mabagyong kalaliman,

Ang lahat ng bagay nga ay maaaring bumalikwas.

Ngunit kay Jesus ako'y ligtas magpakailanman.

³³¹ Oo. Walang makakatinag sa akin sa mga bagay na ito, dahil nakatali na ako sa isang angkla. "Oh, magmula noong makilala ko Siya," sabi ni Pablo, "sa daan na 'yun, naitali na ako sa isang angkla. Ibinaling Niya ako. Pinagsimula Niya akong muli sa tama." Alalahanin n'yo, kasapi si Pablo sa isang organisasyon din, ang pinakamalaki sa lupain, pero naitali siya sa batayang ganap.

³³² Pakinggan n'yo. May gusto akong sabihin sa inyo. Mayroon Siyang layunin sa pagliligtas sa akin. Mayroon Siyang layunin sa pagliligtas sa inyo. At determinado ako, sa pamamagitan ng kalooban Niya, na gawin ito; hindi para magdagdag Dito, o mag-alis mula Rito. Apocalipsis 22:19, kung gusto n'yong ilista 'yun. Sige po. "Sinumang mag-alis. . ." Determinado ako. Naghahanda na akong iwan ang iglesya, at alam n'yo 'yun. At kaya naman ako'y determinado na sadyang manatili sa Ebanghelyong ito hanggang sa nabubuhay ako, sa tulong ng Diyos. Huh! Tandaan n'yo, narito ang biyaya. Milyun-milyon

ang namamatay sa kasalanan noong iniligtas Niya ako. Sino ba ako para iligtas Niya? Mayroon Siyang layunin, sa pagliligtas sa akin, at determinado akong gampanan ang layuning 'yun. Hindi ko alintana. Maaaring ito na ang katapusan ko, marahil, malapit na ngayon. Pero, ano man ito, nakaangkla pa rin ako. Hindi ito nabago kailanman.

³³³ Sinabi sa akin ni G. Isler noong araw na 'yun, habang nasa kalye, sabi niya, "Billy, sa kabila ng lahat ng problemang ito, nanatili ka ba sa relihiyon mo?"

³³⁴ Sabi ko, "Hindi po, ginoo. Ako ang pinanatili nito." Umhum. Nanatiling nakakapit ang angkla ko. Siyanga. Hindi ako ang nagpanatili rito, ako ang pinanatili nito. Hindi ko ito kayang mapanatili, walang anumang paraan para magawa ko 'yun, pero pinapanatili ako nito. Siyanga, po.

³³⁵ Mayroon Siyang layunin ng pagliligtas sa akin. Milyun-milyon ang nasa kasalanan noong lumapit ako sa Kanya, pero iniligtas Niya ako. Mayroon Siyang layunin sa paggawa nito.

³³⁶ Ang kamatayan ni Cristo ay isang batayang ganap, sa pagkatakot dito. Tinapos ng kamatayan ni Cristo ang problema, noong tinibo Siya nung bubuyog na 'yun ng kamatayan at ibinaon 'yung tibo. Alam n'yo, ang isang bubuyog, isang insekto na may tibo, kung naibaon nito ang tibo na 'yun, nang malalim-lalim, pag-alis nito, nabubunot 'yung tibo mula sa kanya. Ang kamatayan nga'y may tibo sa tuwina. Ang kamatayan ay may tibo sa tuwina.

³³⁷ At isang araw, sa pag-akyat nun doon sa Kalbaryo, at pagkaldag sa mga bato, tumitilamsik ang Dugo sa mga bato, noong kumalaykay ito roon sa alikabok sa Kalbaryo, papunta sa Golgota, 'yung hulihang dulo ng krus, ay kinakaladkad ang Duguang bakas ng paa nung munti't, mahinang katawan na papunta roon, na umuusad paakyat dun. Hinahagupit nila't niluluray Siya, habang papaakyat Siya sa burol, pero mayroon Siyang batayang ganap. Alam Niya kung saan Siya nakatayo, dahil sinabi ng Salita ng Diyos, sa pamamagitan ni David, "Hindi Ko iiwan ang Aking Isang banal na makakita ng kabulukan, ni iiwan ang Kanyang kaluluwa sa impyerno."

³³⁸ Alam Niyang nagsisimula ang kabulukan, sa loob ng pitumpu't dalawang oras. Sabi Niya, "Gibain ninyo ang templong ito, at Aking itatayo ito sa loob ng tatlong araw." Mayroon Siyang batayang ganap.

³³⁹ Hayun Siya, sa itaas ng burol, na may sangkatutak na panunuya't, dura ng mga lasing na sundalo na nagtalukbong ng basahan sa Kanyang mukha, at hinambalos Siya sa ulo, na ang sabi pa'y, "Isa kang propeta? Sabihin Mo nga sa amin kung sinong humampas sa Iyo." Hayun Siya, papaakyat ng burol, sa kahihyan at kadustaan. Para . . . Hinubaran Siya ng mga damit, hindi inalintana ang kahihyan, habang nakabitin sa krus sa

harap ng mga tao, na hubad. Namatay sa pandudusta ng Roma, sa ilalim ng parusang kamatayan, ng gobyerno, isang Lalaki na wala namang ginawa.

³⁴⁰ May munti ngang kuwento minsan, ang sabi dun, tumakbo palabas si Maria Magdalena't nagsabi, "Ano bang ginawa Niya? Pinagaling nga ang mga maysakit ninyo, binuhay ang mga patay, at nagpalaya roon, sa mga nasa pagkabihag. Ano bang ginawa Niya?"

³⁴¹ At sinampal siya sa bibig ng isang saserdote, hanggang sa tumilamsik ang dugo, at ang sabi, "Pakikinggan n'yo ba siya o ang mataas ninyong saserdote?"

³⁴² Oh, ang makadenominasyong mundo na 'yun, ito'y isang sumpa ng lahat ng ito. Yan nga ito.

³⁴³ Doon, siyanga, dinala nila Siya. Pero habang papaakyat Siya sa burol, na mabagal at nahihirapang umusad, noon pa ma'y pinagdududahan na ito ng diyablo, Siya bilang kung ano Siya. Sabi, "Kung Ikaw nga ang Anak ng Diyos, gawin Mong tinapay ang mga batong ito. Inaangkin Mong kaya Mong gumawa ng mga himala. Kung Ikaw nga ang Anak ng Diyos, utusan Mo ang mga batong ito na maging tinapay."

³⁴⁴ Nabubuhay ang parehong matandang diyablo mapasahanggang ngayon. Siyanga. "Kung isa ka ngang Makalangit na tagapagpagaling! Heto si matandang Juan *Ganito-at-ganoon* na nakaupo rito sa sulok. Alam kong pilay siya. Pagalingin mo nga siya." Hindi n'yo ba alam na ito mismo ang siya ring matandang diyablo?

Sinabi ni Jesus, "Ginagawa Ko lamang. . ."

³⁴⁵ Tingnan n'yo, nagpunta Siya noon sa tipunan ng tubig sa Betesda, kung saan libo-libo ang nakaratay roon, lumpo, bulag, pilay, at natutuyo, tapos lumapit sa isang lalaki na nakakalakad. Ang lalaki nga'y nakakalibot-libot. Marahil may problema ang lalaki sa prostate. Kung ano man 'yun, mabagal ang kanyang galaw. Mayroon na siya nun nang tatlumpu't walong taon na. Ang sabi pa nga nung lalaki, "Kapag papunta na ako sa tipunan ng tubig, may nauuna sa akin." Haya't nakakapaglakad siya.

³⁴⁶ Nilampasan ni Jesus silang lahat na mga nakaratay roon, at nagpunta sa nag-iisang 'yun at pinagaling siya. Bakit? Sinabi Niya na alam Niyang nasa ganoong kalagayan ang lalaki. Pagkatapos sinabi nila sa Kanya, tinanong Siya, noong natagpuan nila Siya. San Juan 5, sabi Niya, "Katotohanan, katotohanang, sinasabi Ko sa inyo, hindi makagagawa ng anuman ang Anak sa Kanyang Sarili, kundi ang nakikita Niyang ginagawa ng Ama." Hayun ang batayang ganap Niya. Yun pa rin ang nananatiling batayang ganap.

³⁴⁷ Nakatayo ako roon sa Finland noong araw na 'yun, at nakahandusay dun 'yung munting batang lalaki, at lumapit ako,

nakahandusay ang bata roon, patay, patay na nang kalahating oras. Nabasa n'yo na ang tungkol dun sa aklat. Papalakad na sana ako palayo, may Bagay na nagpatong ng kanilang mga kamay. Lumingon ako, sa isip-isip, "Ano 'yun?" Tumingin akong muli. Sa isip-isip ko, "Sandali lang."

³⁴⁸ Tumingin ako rito sa blangkong pahina ng Biblia. "At mangyayari, isang munting batang lalaki na mga nasa siyam na taong gulang, mapapatay siya ng isang sasakyan. May mahaba't makipot na hilera ng evergreen, may mga bato na patong-patong doon. Nakabalandra 'yung kotse sa daan, wasak. Nakasuot ang batang lalaki ng munting medyas, na parang, hanggang dito ang taas; ang gupit ng kanyang buhok ay pamangkok. Tirik na ang mga mata niya. Bali-bali ang mga buto niya sa katawan."

Tumingin ako. Sa isip-isip ko, "Oh Diyos!"

³⁴⁹ Sabi ko, "Manatili kayo sa pagkakatayo, kayong lahat." Naroon 'yung alkalde ng lungsod. Sabi ko, "Kung hindi pa nakatayo ang batang 'yan sa kanyang mga paa sa loob ng dalawang minuto mula ngayon, isa akong bulaang propeta; palayasin, itaboy n'yo ako papalabas ng Finland." Tunay nga. "Ngunit kung tatayo nga siya, kailangan n'yong ialay ang mga buhay n'yo kay Cristo." Siyanga. Hindi sila gumalaw sa pagkakatayo.

³⁵⁰ Sabi ko, "Makalangit na Ama, doon sa ibayong-dagat, dalawang taon na ang nakalilipas, sinabi Mo na noon na mahahandusay ang munting batang lalaking ito sa dako rito."

³⁵¹ Naroon sina Kapatid na Moore at Kapatid na Lindsay, nakatingin sila nang paganoon. At, sa lahat dun, naisulat nila 'yun sa Biblia. At sa libo-libong Biblia sa buong lupain ay naisulat nga ito. Ano 'yun? Isang batayang ganap. Ipinakita na ng Ama kung ano ang mangyayari. Wala akong takot, man lang, habang nakatindig doon. Walang pag-aalinlangan, tiyak, na babangon at babangon siya.

³⁵² Doon mismo sa Finland, kung saan libo-libong tao ang dumadalo gabi-gabi, at kailangan pa ngang palipatin ang iba sa labas at doon ako papagsasalitain sa kanila, pinalilipat sila sa labas at iba naman ang papapasukin. Naroon nga siya, sa harap ng lahat ng 'yun. Minahal ako ng mga tao, at saksi sila sa mga pagpapagaling, pero narito ang isang batang lalaki na nakahandusay roon, na patay na. Ano 'yung batayang ganap? Yaong pangitain. "Ginagawa Ko ang sinasabi ng Ama na gawin. Ang sumasampalataya sa Akin, ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawin din naman niya." Hayan ang inyong batayang ganap.

³⁵³ Sinabi ko, "Kamatayan, hindi mo na siya maaari pang hawakan. Nagsalita na ang Diyos. Bumalik ka. Isuko mo na siya." At tumayo 'yung munting bata, nagpalinga-linga nang *paganoon*. Ang mga tao'y naghimatayan, lahat na. Hayan ito, na

nakasulat dun mismo, at pinirmahan ng alkalde ng lungsod, o, ng isang notaryo publiko. Siyanga.

³⁵⁴ Ano ito? Isang batayang ganap, si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Kung hindi 'yun ang siya ring Diyos na nagpahinto sa babaing taga-Nain, sa paglilibing sa kanyang anak na lalaki. Kapag namamatay ang sinuman noong mga panahong 'yun, kaagad nilang dinadala ang patay sa libingan. Hindi na nila pinatatagal. Dinadala nila agad sa libingan. Hayun nga roon ang siya pa ring Jesus Cristo, kahapon, ngayon, at magpakailanman. Tama.

³⁵⁵ Tingnan n'yo roon sa Mexico, at 'yung munting sanggol. Naroon nga ang ilan sa inyo, na nakaupo rito. At 'yung sanggol, pumirma ang doktor ng isang pahayag, nalathala ito sa Christian Business Men. "Namatay 'yung sanggol na 'yun noong umagang 'yun nang alas nuwebe, at alas diyas na ng gabi noon."

³⁵⁶ Ayaw paawat nung munting babaing 'yun. Nakatayo roon si Billy, ang anak ko, habang sinusubukan siyang pabalikin. At kanya ngang, buweno, sa palagay ko'y nasa dalawang-daang usher na ang nakatayo roon, at pilit pa rin niyang nilalampasan sila. Noong gabi kasi bago 'yun, natanggap nung isang lalaking bulag ang kanyang paningin, at nabalitaan 'yun nung babae. Katoliko siya.

³⁵⁷ Tapos, ilang sandali pa, sinabi ko, "Pumunta ka, Kapatid na Moore, ipanalangin mo siya. Dahil, 'yung sanggol . . ."

³⁵⁸ Umuulan noon, bumubuhos. Nakatayo na ang mga tao roon magmula pa nung madaling araw, doon sa malaking arena. At sabi ko . . . Pababain ako roon sa mga lubid, sa likod, para makarating lang dun sa lugar. Naroon mismo ako nang tatlong gabi.

³⁵⁹ Tumayo ako roon. Sabi ko, "Tulad ng sinasabi ko . . ." nangangaral ako noon. At tumanaw ako, nakinita ko ang isang munting sanggol dito sa harapan ko, isang munting Mehikanong sanggol, walang ngipin, naroon lang na nakatawa sa akin, sa mismong harapan ko.

³⁶⁰ Sabi ko, "Sandali lang, Kapatid na Moore. Dalhin mo rito ang nanay." Oh, batayang ganap!

³⁶¹ Nagbigay ng daan ang mga usher. Heto na ang babae. Nagpatirapa siya't nagsabi, "Padre, Padre."

Sabi ko, "Tumayo ka."

³⁶² At sinabi ni Kapatid na Espinoza, "Tumayo ka," at sinabi niya 'yun sa babae sa Espanyol. Tumayo ang babae roon.

Sabi ko, "Makalangit na Ama, nakatayo po ako rito sa ulan na ito."

³⁶³ Yung magandang, munting babae na mga nasa dalawampu't tatlong taong gulang, parang ganoon, nakalugay ang buhok niya.

Nakatingala ang maliit niyang mukha nang *paganoon*, 'yung tingin sa mga mata niya, ay umaasa nga. Nasaksihan niya ang lalaking 'yun na ganap na bulag sa loob ng halos apatnapung taon, na namulat ang mga mata nito sa ibabaw ng entablado. Alam niyang kung kaya ng Diyos na imulat ang mga bulag na mata, ay kaya Niyang pagalingin ang kanyang sanggol. Naroo't nakahimlay ang sanggol dun, isang munting matigas na nilalang na naroon sa ilalim ng isang kumot nang paganoon, at basang-basa. Buong umaga siyang nakatayo roon, at noong hapon na 'yun, din. Doon, halos alas onse, alas diyos na noong gabing 'yun, parang ganoon, na karga-karga niya 'yung sanggol. Nakita n'yo na 'yung artikulo sa Christian Business Men. Naroon po, karga-karga 'yung sanggol nang paganoon.

³⁶⁴ Sabi ko, “Makalangit na Ama, hindi ko po alam kung anong ibig sabihin nito. Lingkod Mo lamang ako. Pero nakita ko po ang sanggol na 'yun na naroon. Buhay ito. Ipinapatong ko ang mga kamay ko sa sanggol na ito, sa Pangalan ng Panginoong Jesus.”

Sabi, “Whah!” at nag-umpisang umuha.

³⁶⁵ Dali-daling kinuha nung nanay ang sanggol at nagsimulang magsisigaw. Nagsimulang magsigawan ang mga tao roon, at naghimatayan ang kababaihan at kung anu-ano pa. Sabi ko, “Huwag kayong magsasabi ng anuman tungkol dito. Magpadala kayo ng mauutusan kasama ang sanggol na 'yun, kasama ng nanay na 'yun, at magpunta kayo roon sa doktor, at papirmahin n'yo siya ng isang dokumentong pahayag, na, ‘Namatay ang sanggol na 'yun. Namatay kasi ito sa pulmonya, noong umaga bago 'yun, at, o noong umagang 'yun nang alas nuwebe.’”

³⁶⁶ At natanggap namin 'yung pinirmahang pahayag ng doktor, “Dineklara nang ‘patay’ ang sanggol,” sa tanggapan ng doktor noong umagang 'yun, at karga-karga 'yun ng nanay maghapon.

³⁶⁷ Ano ito? Isang batayang ganap. Ano ito? Nanampalataya siya, na kung kayang imulat ng Diyos ang nabulag na mga mata, (ano?) ay may kakayahan din ang Diyos na buhayin ang patay, dahil Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

³⁶⁸ Hindi ako sigurado noon. Wala akong kaalam-alam hanggang sa makita ko mismo. At noong makinita ko 'yung sanggol, isa nga 'yung batayang ganap, na ganap na tama. Hayun nga. Kinailangang isuko ng kamatayan ang biktima nito.

³⁶⁹ Noong naparito ang Anak ng Dios. Yung bubuyog ng kamatayan ay nagpasimulang humugong sa palibot Niya. “Ah, papaanong Siya'y isang propeta? Papaano Niya naatim na tumayo roon at hayaang duraan ang Kanyang mukha? Papaano Niya naatim na tumayo roon, naatim na hayaan silang libakin Siya, at hindi gumawa ng anumang bagay tungkol dun? Hindi ganoon ang Emmanuel. Isa lamang pangkaraniwang tao ito. Tingnan n'yo ang mga dura ng lasing mula sa mga langong

sundalo. Tingnan n'yo ang Kanyang mukha na duguang-duguan.”

³⁷⁰ Sabi ng diyablo, “Madadale ko Siya. Madadale ko Siya.” Heto na siya na dumarating, na parang isang bubuyog, ang tibo ng kamatayan, humuhugong sa palibot Niya. Pero, kapatid, noong itinusok na nung bubuyog ang tibo nito sa Emmanuel na 'yun, paglayo niya, naiwala niya 'yung kanyang tibo, maging kamatayan mismo.

³⁷¹ Kaya naman pala si Pablo, kalaunan, ay nakayanang tumingin sa mukha nito, sabihin, “Oh kamatayan, saan naroon ang iyong tibo? Libingan saan naroon ang iyong pagtatagumpay? Salamat sa Diyos, na Siyang nagbibigay sa atin ng tagumpay!” Ang kamatayan ni Cristo ay ang batayang ganap para sa bawat tao na natatakot dito.

³⁷² Sinasabi ng puso ko ang “amen” sa bawat Salita sa Kanyang Aklat. Magtatapos na po ako, totoo na ngayon. Talagang kailangan ko nang putulin ito. Kita n'yo?

³⁷³ Kaya alam kong ang Espiritu Santo ang aking kompas na gumagabay sa akin. Siya Yaong nagpapabatid sa akin na totoo ang Salitang ito. Siya ang aking Batayang Ganap, Siya ang aking Sinag ng Araw, Siya ang aking Buhay, Siya ang aking Angkla. Kapag may mga problema, Siya ang aking Hilagang Bituwin. Kapag ako'y naliligaw, ang Espiritu Santo ang aking Kompas na pumapatnubay sa akin pabalik sa lugar.

³⁷⁴ Ang mga denominasyon ay tulad ng iba pang mga bituwin, nagpapalipat-lipat sila kasama ng mundo. Nagpapalipat-lipat ng lugar ang iba pang mga bituwin habang lumilipat ng lugar ang mundo, pero hindi ang hilagang bituwin. Maaaring magpalipat-lipat ang mundo kung saan nito gusto, pero pumipirmi ito. Oh, kapatid, ang hilagang Bituwin ay nakaangkla. Ang iba'y nagpapalipat-lipat ng puwesto, makikita mo sila *rito* at *doon*, at sa lahat ng iba pang dako. Ganoon sa mga makadenominasyong simbahan.

³⁷⁵ Pero si Cristo ang Batayang Ganap, Siya Yaong mapaglilagakan mo ng tiwala. Kapag dinadala ka ng mga denominasyon sa ganap na pagkabaluktot, tumingin ka lamang sa Hilagang Bituwin, ang Espiritu Santo ang iyong Kompas, nananatili Siyang tapat sa Kanyang Salita.

³⁷⁶ Noong sabihin nila sa akin na ang mga bagay na ito'y hindi maaaring mangyari sa isang modernong panahon na tulad nito, alam ko . . . Kung—kung walang—kung walang Diyos, kung ganoon ay mamuhay kayo, kumain, uminom, at magpakasaya; kung may isang Diyos, paglingkuran natin Siya. At mamumuhay ako para makita ang araw na Kanyang ipinamamalas na ang lahat, maging sa pagbuhay sa mga patay, noong narito Siya sa lupa. At alam natin 'yan sa pamamagitan ng dokumentadong pahayag, na 'yun mismo ang katotohanan. Siyanga, po.

377 Siya ang Batayang Ganap ko. Ngayon gawin n'yo Siya na inyong Batayang Ganap. Ipagpahalimbawa n'yo ang . . . Sa oras ng suliranin ko, Siya sa tuwina ang Batayang Ganap. Ngayon masdan n'yo, sa biyaya ng Diyos . . .

378 Ngayon marahil magsasara na ako, tumatanghali na. Buweno, tingnan n'yo rito, ang akala ko'y alas onse pa lang, haya't alas dose y media na pala.

379 Mga kaibigan, maghapon, magdamag, buong taon, sa buong Walang Hanggan, ay hindi kailanman maisasaysay Ito. Huwag n'yong subukan na unawain Ito. Hindi n'yo kaya. Walang paraan para unawain Ito. Sasabihin n'yo, "Kapatid na Branham, kung-kung iyong . . ."

380 Hindi ko alam. Sinasampalatayanan ko lamang. Tumigil na ako sa pagtatangka, na gumawa ng anuman tungkol Dito. Akin lamang Itong sinasampalatayanan, ganoon lang. Kita n'yo? "Hindi sa tumatakbo, o sa may ibig; kundi sa Diyos na naaawa." Kita n'yo? Hindi sa pamamagitan ng mga gawa. Ito'y sa pamamagitan ng biyaya. Kita n'yo? Sinasampalatayanan ko lamang Ito. Ang Diyos, Siya ang bahala na gumawa sa natitira pa. Sampalatayanan mo lamang Ito, gumawa ng hakbang ukol Dito.

381 Itong kilalang awitin na ito, narinig ko sila na tinutugtog o inaawit ito rito o kung saang lugar:

Oh, pag-ibig ng Maykapal, dalisay at maringal!

Di kayang huluin ni kaya mang gibain!

Magpakailan-kailanpaman Ito'y mananatili,

Sa tuwina'y aawitin ng mga Banal at Anghel.

382 Kapag may dalubhasa sa matematika, na susubukan itong himay-himayin, o susubukan itong ipakita sa pamamagitan ng kanyang edukasyon, haya't mabubunsod niya kayo na mabaliw. Hindi n'yo magagawa. Huwag n'yong subukang gawin ito. Huwag n'yo Itong subukang unawain. Ang Diyos ay di malirip ng pang-unawa. Hindi mo mauunawaan ang Diyos. Sinasampalatayanan mo lamang ang Diyos. Yun ang sik- . . . Yun ang sikreto. Huwag mo Itong unawain. Sampalatayanan mo lamang Ito. Hindi ko masasabi sa inyo kung anong ibig sabihin Nito. Hindi ko masasabi sa inyo kung sa anong paraan gawin ito. Ang alam ko lang ay sinasampalatayanan ko lamang Ito. Ganoon lang.

383 Tulad ng nangako ka sa isang bata, paniniwalaan niya ito. Dapat mong tuparin ang iyong salita. Kayo'y anak ng Diyos. Tinutupad Niya ang Kanyang Salita. Sampalatayanan n'yo lamang Ito. Huwag patitinag. Manatili lang kayo riyang. Ginawa na ito minsan ng Diyos, marapat lamang na Kanyang gawin ito muli. Kung hindi Niya gawin, sasabihin Niya sa inyo

kung bakit hindi Niya ito magagawa. At ganoon nga ito. Ngayon, basta't manatili lamang Dito.

³⁸⁴ Alam n'yo, 'yung isang talata roon... Naniniwala akong ang ating minamahal na kapatid diyana, ay nabautismuhan kagabi, kanyang inaawit 'yung awiting 'yun, "Oh, pag-ibig ng Maykapal." Naikuwento nila sa akin na ang talatang 'yan daw, 'yang bahaging 'yan, ay natagpuang nakasulat sa isang dingding sa institusyon ng mga baliw. Hayan nga na sinasabi nito:

Kung ang lahat ng mga dagat ay pupunuin ng
tintang panulat,
O ang kalangitan naman ay yaong papel na
paglalamnan;
Bawat tangkay sa sangkalupaan ay gawin
mang panulat ng kapahayagan,
At ang bawat tao'y atasan man na pagsulat
lamang ang pagtuunan;
Ang isulat yaring pagmamahal ng wala nang
hihigit pang Maykapal
Ay makapagpapatuyong mainam nitong buong
sangkatubigan;
Ni hindi kayang doon isulat sa balumbon ang
lahat-lahat,
Kahit pa banatin iunat ang buong sansinukob
sa hustong sukat.

³⁸⁵ Bulayin n'yo 'yun. Gayong, halos tatlong-kapat ng mundo ay tubig. At tingnan n'yo ang hydrogen at oxygen sa hangin, ang halumigmig at mga bagay-bagay. Kita n'yo? Kung ang bawat halumigmig ay tinta. At isipin n'yo 'yung bilyun-bilyon, at trilyun-trilyon na dayami, na gagawing mga panulat. At isipin n'yo ang bilyun-bilyong tao na nabuhay rito sa lupa, at ang bawat isa sa kanila'y gagawing manunulat ang hanapbuhay. Ang isawsaw ang mga panulat na 'yun sa karagatan, at subukang unawain ang pag-ibig ng Diyos, hayan nga't matutuyo ang karagatan; ni hindi nga rin mailalaman ang lahat-lahat sa balumbon, kahit na unatin mo pa ito nang Walang Hanggan sa Walang Hanggan.

³⁸⁶ Huwag n'yo Itong unawain, hindi n'yo magagawa. Mababaliw lang kayo, sa pagpupumilit na unawain Ito. Sampalatayanan n'yo lamang Ito. Gawin n'yo Siyang Batayang Ganap n'yo, manatili roon, ang matamis na kapayapaan at ang karanasan na di n'yo kailanman maiwawaglit sa isipan. Umangkla kayo Roon, at kakapit ang inyong angkla sa loob ng tabing.

Sige't iyuko na natin ang ating ulo.

"Napakadakila Mo! Napakadakila Mo!"

³⁸⁷ Ilan ang narito, habang nakayuko ang inyong mga ulo ngayong umaga... Papalapit na ngayon ang Bagong Taon.

At naging napaka relihiyoso n'yo, at mainam naman 'yan. Ikinatutuwa ko 'yan, sa bawat isa sa inyo. Tiyak kong ang Diyos din naman. Pero hindi pa kayo talaga nagkaroon ng karanasan ng batayang ganap?

³⁸⁸ Yaong isang Bagay na 'yun na hindi n'yo pakunwaring pinaniwalaan lang, hindi n'yo lang kinakatha sa isipan, kundi Isa na nakakapangusap sa inyo pabalik, at pagkatapos ay makikita n'yo ang buhay n'yo na nababago mula sa oras na 'yun. Kita n'yo, ang bawat Salita ng Diyos, bawat pangako, ay may diing inaayunan ng “amen,” kung ganoon ay nakahawak kayo sa batayang ganap. Dahil, alalahanin n'yo, sinabi Niya, “Ang kalangitan at lupa ay lilipas, ngunit ang Aking Salita ay hindi mabibigo.”

³⁸⁹ Kung hindi ka pa nakarating sa punto na 'yun, kung saan kaya mong magsabi ng “amen” sa bawat Salita, kahit Ito'y salungat sa inyong kredo, kahit Ito'y salungat sa inyong denominasyon, pero nagnanais kang makarating sa dakong 'yun, gaya ni Moises, gaya ng iba pa sa kanila? Hindi nila magagawa 'yun hanggang sa matamo nila ang batayang ganap na 'yun. At nais n'yo ito sa inyong buhay ngayong umaga, sige't maaari n'yo bang ipaalam na ganoon nga mismo sa pamamagitan ng pagtataas lamang ng inyong mga kamay sa Diyos? Pagpalain kayo ng Diyos. Sige po, ginoo. Sa buong gusali.

³⁹⁰ Mapagbiyayang Ama, alam ko pong minsan ay kailangan naming maghiwa-hiwalay. Darating at darating ang isang panahon na kailangan na naming lisanin ang mundong ito. Hindi namin alam kung anong oras 'yun, at hindi na 'yun mahalaga. Kung tapos na po ang aming oras, kung ganoon ay gusto na naming yumao. Ang layunin naman po ng pananatili namin dito ay ang mapaglingkuran Ka.

³⁹¹ At mula noong nasa landas siya para pumaslang, isang araw, habang nasa daan papuntang Damasco si Pablo, para maghasik ng kapinsalaan sa Iglesya, binulag siya ng isang Liwanag. At, Oh Diyos, sinundan siya ng Liwanag na 'yun, dahil Iyon ay si Cristo. At umangkla siya roon sa batayang ganap, na, maging kamatayan mismo, ay nagawa niyang tumawa sa harap nito, at magsabi, “Salamat sa Diyos Na nagbibigay sa amin ng tagumpay sa pamamagitan ni Jesus Cristo.”

³⁹² Ikaw ay naging isang kumpletong batayang ganap sa apostol na 'yun. Siya ang...Ikaw ang Amen sa kanya, sa bawat pangungusap. Ikaw ang Bituwin ng kanyang buhay, ang posteng gabay. Ikaw ang kompas na pumatnubay sa kanya sa bagyo. Ikaw ang kapahayagan. Ikaw ang pangitain. Ikaw ang kanyang pag-asa, ang kanyang kaligtasan. Maging sa oras ng kamatayan, noong alam na niyang payao na siya rito, Ikaw pa rin ang kanyang batayang ganap.

³⁹³ Ikaw ang batayang ganap ni Daniel. Ikaw ang batayang ganap ng lahat ng mga propeta. Sa gitna ng mga makadenominasyong pagkakaiba-iba, at mga suliranin sa kanilang panahon, at ang mga Fariseo at mga Saduceo, mayroon pa ring mga tao na tinanggap Ka bilang kanilang batayang ganap.

³⁹⁴ At ngayon, Panginoon, heto ang mga kalalakihan at mga kababaihan na may habag, may pag-ibig, at—at mga pusong nagdurugo, Panginoon, para sa isang tunay na karanasan ng pagkaalam sa Diyos, at para magkaroon ng isang—isang—isang katiyakan ukol sa batayang ganap. Marahil ang tanging alam ng mga tao, dati, Panginoon, ay umanib sa iglesya. At napagtanto namin, gaya nga ng pagsisikap ko, nang taos-puso, hindi para maging iba lang; talos Mo po ang puso ko; kundi sabihin sa kanila na, “Hindi kayo maaaring sumapi sa Iglesya. Nakikisapi kayo sa samahan, sa Methodist, at Baptist, at Katoliko, at mga samahang Pentecostal. Pero ipinapanganak kayo sa Iglesya, sa mistikal na Katawan ni Cristo, at nagiging mga miyembro ng Kanyang Katawan, na may mga kaloob ng Espiritu, para kumilos ang Kanyang dakilang Katawan sa paggawa at kapangyarihan.”

³⁹⁵ Diyos, hayan po ang ibig ipahiwatig ng mga kamay na ito sa umagang ito, sa kanilang pagtaas. “Ilagay Mo po ako, Oh Panginoon. Kunin Mo ako, hubugin Mo ako, gawin Mo ako. Gawin mo lamang ang posisyon ko sa buhay na maging isang batayang ganap, na nakatali kay Cristo, na wala na akong ibang iisipin pa kundi ang batayang ganap na 'yun.” Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon. Pagpalain Mo sila. Pagalingin ang mga maysakit at ang mga nagdadalamhati. Iyong iligtas ang mga naliligaw.

³⁹⁶ Ngayon, Panginoon, alam naming nakagawian nang magtawag ng mga tao para dumulog sa altar, pero 'yun po'y nagiging tradisyon na sa amin. At ngayong umaga, puno ang mga altar, at may—may maliliit pa na mga bata at—at lahat na, pero, Panginoon, sa kung anong kaparaanan ay nakipag-usap Ka sa kanila. Itinaas nila ang kanilang mga kamay. Pinagpasyahan nila—pinagpasyahan nila, hayan nga, ang isang desisyon. Nagnanais sila. Ang kanilang—kanilang—kanilang nais ay isang bagay na totoo. At inihahandog ko ang aking panalangin para sa kanila. Ipagkaloob Mo po sa bawat isa, Panginoon. Samahan Mo po kami ngayon, na pinatatawad ang aming mga pagkakasala, pinagagaling ang aming mga karamdaman, at ipinagkakaloob sa amin ang pagpapalaya na kailangan namin.

³⁹⁷ At, Panginoon, higit sa lahat ng bagay, nawa'y hindi namin makalimutan kailanman, sa araw na ito, na nakatali na kami sa batayang ganap, ang aming hilagang Bituwin, patungo sa Kalbaryo, patungo kay Cristo. At kinukuha ng Espiritu Santo ang mga Salita ng Diyos at inihahayag ang mga Ito nang literal

sa amin, sa pamamagitan ng pagpapagaling sa mga maysakit, pagpapakita sa amin ng mga pangitain, pagbuhay sa mga patay, at paggawa mismo nang eksakto kung ano ang ipinangako Niyang gagawin.

³⁹⁸ At ang iglesya nawang ito, ang mga taong ito, o ang bahagi ng Katawan ni Cristo na nagtipon dito ngayong umaga, ay mamuhay nang tulad sa sinabi ni Jesus na mabuhay. “Kayo ang asin ng lupa.” At sila nawa’y maging maalat hanggang sa mauhaw ang kanilang komunidad. Nakakapagpauhaw ang asin. At maaari lamang magligtas ang asin habang ito ay nakadikit. At dalangin ko, Diyos, na Iyo pong ipagkaloob ito sa mga tao, na, sila’y maging mga mang-aakay ng kaluluwa, rin.

³⁹⁹ Pagpalain Mo po ang aming pastor, si Kapatid na Neville, ang mapagpakumbabang lingkod na ito, Panginoon. Na tumatayo sa nakaatang niyang tungkulin, nang kasing pitagan, bilang isang miyembro ng Katawan ni Cristo, na sinisikap ang abot ng kanyang makakaya na tumalima sa lahat ng sasabihin Mo sa kanya na gawin.

⁴⁰⁰ Pagpalain Mo po ang mga katiwala, silang kalalakihan na tumindig kasama ko rito sa matinding, madilim na panahon, na pinagdaanan ko.

⁴⁰¹ Ikaw po’y tumayo kasama ang Iglesya na nanalangin kasama ko at tumindig sa tabi ko sa panahon ng suliranin. Panginoon, iniibig ko sila. At inaalay ko ang aking panalangin, na sila’y magsituon sa Iyo, Panginoon. Nawa’y alisin nila ang kanilang tuon mula sa mortal na luwad ng isang lingkod. Nawa’y tumuon sila sa Kanya na Siyang Pinaka Makapangyarihan sa lahat, na Siyang. . . At batid namin, Panginoon, na kami’y may hangganan. Kahit na sino pa kami, kami’y mortal pa rin. Anupa’t, hindi ang mensahero, kundi ang Mensahe. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Doon kami tumuturo, kay Jesus Cristo na Anak ng Diyos. Iyo pong ipagkaloob na Siya’y magiging tunay na tunay sa bawat isa rito sa araw na ito, maging sa maliliit na bata, na Siya ang maging batayang ganap ng buong kongregasyon. Amin pong hinihiling ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

I love Him, I love Him
Because He first loved me
And purchased my salvation
On Calvary’s tree.

⁴⁰² Ngayon, habang inaawit natin ito muli, makipagkamay kayo sa mga nasa harapan n’yo, sa likuran n’yo, sa tagiliran n’yo, sige’t makipagkamay po ang lahat ngayon. Manatili kayo sa inyong upuan. Bumaling lang kayo sa palibot at makipagkamay, kung magagawa n’yo. Kita n’yo?

I . . . (. . . ? . . .)
. . . purchased my . . . ? . . .

Kakaanunso lang nila, “Komunyon daw, sa Lunes ng gabi, nang hatinggabi.”

⁴⁰³ Itaas natin ang ating mga kamay ngayon at umawit sa Kanya. Ilan po, ilan po ang nakakaramdam, kayo, na Siya ang inyong Batayang Ganap? Ang Salita, Siya ang Salita. Sinasampalatayanan n’yo ba ’yun? Siya ang Salita. At pinasibol ng Espiritu Santo ang Salita na ’yun, para ibunsod ang Liwanag na ’yun ng Salita, na mabuhay sa inyo, ang pagpapatotoo ng Salita. Ilagay n’yo ang Salita sa inyong puso. Hayaan n’yo ang Espiritu Santo na pumasok, at matyagan n’yo ang pagkilos ng Salita. Manampalataya. Maging mapagpakumbaba. Huwag n’yong hangarin na maging isang dakilang kung sino. Maging hamak lang, nang sa gayon ay maibunsod kayo ng Diyos na maging espesyal. Kita n’yo? Buweno. Gawin n’yo ’yan ngayon.

⁴⁰⁴ Iniibig ba Siya ng lahat? Sabihin n’yo, “Amen.” [Sinasiabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Alam n’yo ba ang ibig sabihin ng salitang *amen*? “Siya nawa.” Amen. Tama.

⁴⁰⁵ Sabihin natin, “Hallelujah!” [Sinasiabi ng kongregasyon, “Hallelujah!”—Pat.] Alam n’yo ba ang ibig sabihin nun? “Purihin ang ating Diyos.”

⁴⁰⁶ Noong nasa Alemanya ako di pa katagalan, humarap ako, sa halos, tatlumpu o apatnapung libong tao sa dako roon noong araw na ’yun, ang sabi ko, “Kakatwang bagay nga na kayo na mga Aleman ay di nakakaintindi.” Sabi ko, “Habang papunta ako rito ngayon, may aso na kumamol sa akin sa Ingles. Siyanga.” Sabi ko, “Wala nga siyang kahirap-hirap. At doon nga’y may nakadapong ibon, at umawit siya sa akin sa Ingles. Nasa kalsada ako, at may nanay na may kargang munting sanggol sa kanyang braso, noong papunta ako roon sa likod, tapos,” sabi ko, “ang sanggol nga’y umiiyak sa Ingles. Ano ba ang nangyayari sa inyo?” Siyanga. Oh, kung titingin lamang kayo sa paligid, Siya’y nasa lahat ng dako, hindi nga ba Siya? Tunay, Siya nga.


⁴⁰⁷ Ngayon sige’t itaas lamang natin ang ating mga kamay at ipikit ang ating mga mata, at umawit, habang hinihiling natin sa pastor na pumarito para isara ang gawain.

Sige’t tumayo tayo, muna. Ang lahat po sa sarili n’yong paa, ang lahat po.

⁴⁰⁸ Iniibig n’yo ba Siya? Muli ngayon sabihin n’yo, “Amen.” [Sinasiabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

⁴⁰⁹ At alam n’yo ba, na ang salitang *hallelujah* ay pare-pareho sa bawat diyalekto. Pumunta kayo sa kagubatan ng Hottentot sa Aprika, ang *hallelujah* ay parehong salita. *Hallelujah*, ’yun nga dapat kung maaari ang pagbating Cristiano. Hindi po ba? *Hallelujah*, ang ibig sabihin nung salita ay “purihin ang ating Diyos.” At Siya’y karapat-dapat nito, hindi ba’t Siya? Siya’y ganap mismo na aking Tagapagligtas. Siya’y ganap na si Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos, sa akin. Siya’y ganap na “siya pa rin

kahapon, ngayon, at magpakailanman,” sa akin. Ganoon din ba Siya sa inyo?

I love Him, I love Him
Because He first loved me
And purchased . . . (God bless you, Brother.) 

62-1230M Batayang Ganap
Branham Tabernacle
Jeffersonville, Indiana U.S.A.

TAGALOG

©2024 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org